



# TATLONG COUNTY 2022 HANDBOOK NG MIYEMBRO

Marso 10, 2022  
1-877-600-5472  
TTY 711

[TrilliumOHP.com](https://TrilliumOHP.com)



## MGA COUNTY NG CLACKAMAS-MULTNOMAH-WASHINGTON

**Kailangan Ba Ninyo ng Tulong Upang Alamin ang Tungkol sa Inyong Mga Benepisyo? Tumawag sa amin. Gusto namin kayong tulungan na makakuha ng pinakamahusay na pangangalaga.**

### **Trillium Community Health Plan OHP**

(kasama ang Trillium Behavioral Health)

13221 SW 68th Parkway, Ste. 500, Tigard, OR 97223

Maa-access ng wheelchair ang aming opisina.

Mga Oras\*: Lunes - Biyernes, 8 a.m. - 5 p.m.

Lokal: **541-485-2155** Toll-Free: **1-877-600-5472**

(TTY: 711)

Fax: **844-805-3991**

<http://www.trilliumohp.com>

Kung kailangan ninyo ng pagsakay papunta sa o mula sa inyong mga appointment sa pangangalaga ng kalusugan, mangyaring tumawag sa:

### **MTM (Pamamahala ng Medikal na Transportasyon)**

Toll-free: 877-583-1552 (TTY: 711)

Maaari kayong humingi ng tulong sa pagbabayad ng inyong mga pagsakay.

\*Kung kailangan ninyo ng tulong na wala sa mga oras na ito, mangyaring mag-iwan ng mensahe o tumawag sa Provider ng Pangunahing Pangangalaga (PCP). May isang tao ang inyong PCP para sumagot ng telepono sa lahat ng oras, 24 na oras kada araw, 7 araw kada linggo. Para sa mga serbisyo sa krisis sa kalusugan ng isip, mangyaring tingnan ang seksyon na "Mga Serbisyon Pang-emergency at Krisis sa Kalusugan ng Isip". Kung mayroon kayong emergency, tumawag sa 911.

### **Mga Organisasyon sa Pangangalaga ng Ngipin**

#### **Advantage Dental Services**

Mga Serbisyo sa Customer Toll-free sa

1-866-268-9631 TTY: 711

#### **Capitol Dental Care**

1-503-585-5205 o toll-free sa 1-800-525-6800

TTY: 1-800-735-2900

#### **Oregon Dental Service**

1-503-243-2987 o toll-free sa 1-800-342-0526

TTY: 1-503-243-3958 o 1-800-466-6313

### **ISKEDYUL NG BAKASYON SA 2022: SARADO ANG MGA OPISINA NG TRILLIUM**

|                                           |                              |
|-------------------------------------------|------------------------------|
| <b>Araw ng Bagong Taon</b>                | Lunes, Enero 3, 2022         |
| <b>Kaarawan ni Martin Luther King Jr.</b> | Lunes, Enero 17, 2022        |
| <b>Araw ng Pag-alaala</b>                 | Lunes, Mayo 30, 2022         |
| <b>Araw ng Kalayaan (sinusunod)</b>       | Lunes, Hulyo 4, 2022         |
| <b>Araw ng Paggawa</b>                    | Lunes, Setyembre 5, 2022     |
| <b>Araw ng Pasasalamat</b>                | Huwebes, Nobyembre 24, 2022  |
| <b>Araw Pagkatapos ng Pasasalamat</b>     | Biyernes, Nobyembre 25, 2022 |
| <b>Bisperas ng Pasko</b>                  | Biyernes, Disyembre 23, 2022 |
| <b>Araw ng Pasko (sinusunod)</b>          | Biyernes, Disyembre 26, 2022 |
| <b>Bisperas ng Bagong Taon</b>            | Biyernes, Disyembre 30, 2022 |

## Tulong sa Wika at Pagsasalin

May karapatan ang lahat ng miyembro na malaman ang tungkol sa at paggamit ng aming mga programa at serbisyo. Ibinibigay namin ang mga ganitong uri ng libreng tulong:

- Sign language;
- Mga interpreter ng sign language;
- Mga babasahin sa iba pang wika; at
- Braille, malalaking letra, audio, at anumang paraan na gumagana nang mas mabuti para sa inyo.

Kung kailangan ninyo ng tulong o may mga tanong, mangyaring tumawag sa mga Serbisyo sa Miyembro sa 1-877-600-5472 (TTY 711).

Maaari kayong magkaroon ng interpreter ng boses o sign language sa inyong mga appointment kung gusto ninyo ng isa. Kapag tumawag kayo para sa isang appointment, sabihin sa opisina ng inyong provider na kailangan ninyo ng isang interpreter at kung sa anong wika.

### **Kung kailangan ninyo ng interpreter ng wika o sign language para sa mga pagbisita sa pangangalaga ng kalusugan, maaari kayong:**

1. Tumawag sa Trillium.
2. Tumawag sa opisina ng inyong doktor at hilingin sa kanila na ihanda ang isang interpreter para sa inyong pagbisita.

Makikita ang impormasyon sa mga Interpreter ng Pangangalaga ng Kalusugan sa [www.Oregon.gov/oha/oei](http://www.Oregon.gov/oha/oei).

### **Si usted necesita esta información en otro idioma, en letra grande, Braille o audio, llame a Trillium en uno de los números mencionados anteriormente.**

Makatatanggap ang lahat ng bagong miyembro ng welcome packet na may kasamang kopya ng Handbook ng Miyembro. Maaari kayong makakuha ng naka-print na kopya ng Handbook ng Miyembro, o kopya sa mga alternatibong wika, nang libre. Tumawag sa mga Serbisyo sa Miyembro sa 1-877-600-5472; TTY: 711. Magpapadala kami sa inyo sa koreo ng isang handbook sa loob ng 5 araw ng negosyo. Makikita ninyo ang isang digital na bersyon sa aming website sa: [www.trilliumohp.com/memberhandbook](http://www.trilliumohp.com/memberhandbook)

Kung humiling kayo na ipadala namin sa email sa inyo ang handbook, itatala namin ito sa inyong file. Dapat ninyong aprubahan na ipadala namin ito sa inyo sa email.



**Ingles:** ATTENTION: If you do not speak English, language assistance services, free of charge, are available to you, including written translations, oral interpretations, certified and qualified spoken and sign language interpreters, alternative formats, and auxiliary aids and services, including written. Call 1-877-600-5472; TTY: 1-877-600-5473.

**Español** (Spanish): ATENCIÓN: si no habla inglés, tiene a su disposición servicios de asistencia lingüística sin cargo, que incluye traducciones, interpretaciones, intérpretes certificados y calificados de lenguaje hablado y de señas, formatos alternativos y servicios y asistencia auxiliares, incluidos formatos escritos. Llame al 1-877-600-5472; TTY: 1-877-600-5473.

**Tiếng Việt** (Vietnamese): CHÚ Ý: Nếu quý vị không nói tiếng Anh, chúng tôi có thể cung cấp dịch vụ hỗ trợ miễn phí cho quý vị, bao gồm dịch vụ biên dịch tài liệu, thông dịch trực tiếp, thông dịch viên ngôn ngữ ký hiệu và ngôn ngữ nói có trình độ, định dạng khác, dịch vụ và công cụ hỗ trợ, bao gồm cả tài liệu dạng văn bản. Vui lòng gọi số 1-877-600-5472; TTY: 1-877-600-5473.

**简体中文** (Chinese): 注意：如果您不會說英語，您可以免費獲得語言協助服務，包括書面翻譯、口譯、經過認證和合格的口語和手語翻譯、其他格式的文件以及包括書面交流在內的輔助工具和服務。請致電 1-877-600-5472；TTY：1-877-600-5473。

**Русский язык** (Russian): ВНИМАНИЕ: Если вы не говорите на английском языке, то вам доступны бесплатные услуги перевода, в том числе письменный и устный перевод, услуги присяжных и квалифицированных устных переводчиков и переводчиков жестового языка, альтернативные форматы и вспомогательные средства и услуги, в том числе письменные. Звоните по номеру 1-877-600-5472; TTY: 1-877-600-5473.

**한국어** (Korean): 주의: 영어를 구사하지 않으시면, 번역, 통역, 인증되고 자격을 갖춘 통역사 및 수화 통역사, 대체 형식, 보조 지원 및 서비스, 서면 형식 등으로 언어 지원 서비스를 무료로 제공해드립니다. 1-877-600-5472번, TTY: 1-877-600-5473번으로 전화해 주십시오.

**Українська (Ukrainian):** УВАГА! Якщо ви не розмовляєте англійською, вам доступні безкоштовно послуги письмового та усного перекладу, зокрема професійний усний переклад та сурдопереклад, альтернативні формати та інша допомога, зокрема письмова. Звертайся за телефоном: 1-877-600-5472; Телетайп: 1-877-600-5473.

**日本語 (Japanese):** 注意事項: 英語以外での対応をご希望の方は、無料の言語支援サービスをご利用ください。文書での翻訳、口頭での通訳、認定や資格を取得している手話通訳士による口語と手話の通訳、その他の方法、筆談等の補助的支援やサービスをご利用いただけます。電話 1-877-600-5472、TTYサービス: 1-877-600-5473。

**العربية: (Arabic)** تنبيه: إذا كنت لا تتحدث اللغة الإنجليزية، فستتوفر لك خدمات المساعدة اللغوية مجاناً، بما في ذلك الترجمات الكتابية والترجمات الشفوية ومترجمي لغة الإشارة والمترجمين المرخصين والمؤهلين، والتنسيقات البديلة، والمساعدات والخدمات المساعدة بما في ذلك الكتابية. اتصل بالرقم 1-877-600-5472: الهاتف النصي: 1-877-600-5473.

**Română (Romanian)** ATENȚIE: Dacă nu vorbiți limba engleză, vă sunt disponibile servicii de asistență lingvistică gratuite, inclusiv traduceri scrise, interpretări orale, interpreți autorizați și calificați pentru limbajul semnelor și limbajul vorbit, formate alternative, precum și dispozitive și servicii auxiliare, inclusiv servicii în scris. Apelați numărul de telefon 1-877-600-5472; TTY: 1-877-600-5473.

**ខ្មែរ (Cambodian)** ប្រយ័ត្ន: ប្រសិនបើអ្នកនិយាយភាសាអង់គ្លេស មិនបានទេនោះ សេវាជំនួយខាងភាសា ដោយមិនគិតថ្លៃ មានសម្រាប់ អ្នក រួមបញ្ចូលទាំងការបកប្រែសំណេរ ការបកប្រែផ្ទាល់មាត់ អ្នកបកប្រែ ភាសាសញ្ញានិងភាសានិយាយ ដែលមានលក្ខណៈសម្បត្តិគ្រប់គ្រាន់ និង មានវិញ្ញាបនបត្របញ្ជាក់ ទម្រង់ផ្សេងជំនួស និងជំនួយនិងសេវានានា រួម ទាំងសំណេរ។ ទូរសព្ទមកលេខ 1-877-600-5472; TTY: 1-877-600-5473

**XIYYEEFFANNAA** (Cushite): HUBADHAA: Afaan Ingilizii kan hin dubbanne yoo taatan, tajaajilootni gargaarsa afaanii, kaffaltii irraa bilisa ta'an, isiniif qophaa'aniiru: hiikkaa barreeffamaa, hiikkaa faanii/sagalee, hiiktota afaan dubbatamuu fi afaan mallattoo waraqaa ragaa qabanii fi ga'umsa qaban, flannoo foormaatii biroo, fi deggersa meeshaalee fi tajaajiloota, kan barreeffamaa dabalatee of-keessatti kan hammatu. 1-877-600-5472; TTY: 1-877-600-5473 irratti bilbilaa.

**Deutsch** (German) ACHTUNG: Wenn Sie kein Englisch sprechen, stehen Ihnen kostenlos sprachliche Hilfsdienstleistungen zur Verfügung, darunter schriftliche Übersetzungen, mündliche Dolmetscher, zertifizierte und qualifizierte Dolmetscher für Laut- und Gebärdensprache, alternative Formate sowie Hilfsmittel und Dienstleistungen, auch schriftlich. Rufnummer: 1-877-600-5472; TTY: 1-877-600-5473.

**فارسی کتبی**، (Farsi): توجه: چنانچه انگلیسی نمی دانید، خدمات کمک زبان رایگان، از جمله ترجمه ترجمه شفاهی، مترجمان زبان گفتاری و اشاره دارای گواهی و واجد شرایط، فرمت های جایگزین، و وسایل و خدمات کمکی، از جمله موارد کتبی، در دسترس شماست. با شماره تماس بگیرید 1-877-600-5473؛ TTY: 1-877-600-5472.

**Français** (French) ATTENTION: Si vous ne vous exprimez pas en anglais, des services d'assistance linguistique gratuits sont à votre disposition. Il s'agit notamment de la traduction des documents écrits, de l'interprétation des discours, de l'interprétation certifiée et adéquate en langue parlée et en langue des signes, d'autres formats, ainsi que des aides et services auxiliaires, y compris écrits. Composez le numéro 1-877-600-5472 ; ATS: 1-877-600-5473.

**ภาษาไทย** (Thai) โปรดทราบ: หากคุณไม่ได้พูดภาษาอังกฤษ เรามีบริการผู้ช่วยแปลภาษาให้บริการฟรี ซึ่งรวมถึงการแปลเป็นลายลักษณ์อักษร การแปลปากเปล่า ล่ามแปลภาษาและล่ามภาษามือที่ได้รับการรับรองและมีคุณสมบัติรูปแบบการแปลอื่นๆ รวมถึงความช่วยเหลือและบริการเสริมอื่นๆ ซึ่งรวมการเขียนเป็นลายลักษณ์อักษรด้วย โทร 1-877-600-5472 หรือส่งข้อความทางโทรศัพท์: 1-877-600-5473

**Gusto ng Trillium Community Health Plan (Trillium) na maibigay ang pinakamahusay na pangangalaga at mga serbisyo sa aming mga miyembro. Sa palagay ba ninyo ay hindi patas ang pagtrato sa inyo ng Trillium Community Health Plan (Trillium)?**

Dapat sumunod ang Trillium sa mga batas sa karapatang sibil ng estado at pederal. Hindi nito magagawang tratuhin ang mga tao nang hindi patas sa anumang programa o aktibidad nito dahil sa:

- Edad
- Kulay
- Bansang Pinagmulan
- Pagkakakilanlan ng kasarian
- Katayuan ng kasal
- Kasarian
- Lahi
- Relihiyon
- Seksuwal na oryentasyon
- Kapansanan

May karapatan kayong pumasok, lumabas, at gumamit ng mga gusali at serbisyo. May karapatan kayong makakuha ng impormasyon sa paraan na naiintindihan ninyo. Gagawa ang Trillium ng mga makatwirang pagbabago sa mga patakaran, kasanayan, at pamamaraan sa pamamagitan ng pakikipag-usap sa inyo tungkol sa inyong mga pangangailangan.

**Upang magsumbong ng mga alalahanin o para makakuha ng higit pang impormasyon, mangyaring makipag-ugnayan sa:**

Trillium Community Health Plan

555 International Way, Building B, Springfield, OR 97477

Toll-free sa 877-600-5472 (TTY 711)

<https://www.trilliumohp.com/members/oregon-health-plan/for-members/member-satisfaction.html>

Mangyaring tumawag sa Mga Serbisyo sa Miyembro sa 541-485-2155; Toll Free sa: 1-877-600-5472; TTY: 1-877-600-5473, Lunes hanggang Biyernes, 8:00 a.m. hanggang 5:00 p.m. Maaari kayong mag-iwan ng mensahe sa ibang oras, kasama ang Sabado at Linggo o mga bakasyon ng pederal. Tatawagan namin kayo sa susunod na araw ng negosyo. May karapatan kayong gamitin ang inyong mga karapatan bilang miyembro nang walang anumang masamang aksyon o diskriminasyon. Kung nararamdamam ninyo na hindi iginalang ang inyong mga karapatan, maaari kayong magsampa ng karaingan. Maaari din kayong tumawag sa Ombudsperson sa pamamagitan ng Awtoridad ng Kalusugan ng Oregon sa 1-877-642-0450 o TTY: 711. Libre ang tawag.

**Maaari din kayong makipag-ugnayan sa Coordinator ng Walang Diskriminasyon ng Trillium:**

Geno Allen, Coordinator ng Walang Diskriminasyon

Mag-email sa: [gilbert.e.allen@trilliumchp.com](mailto:gilbert.e.allen@trilliumchp.com)

Magpadala ng sulat sa: 555 International Way, Building B, Springfield, OR 97477

Telepono: 541-650-3618, Toll-free sa 877-600-5472 o TTY 711

May karapatan kayong magsampa ng reklamo sa karapatang sibil sa mga organisasyong ito:

**U.S. Department of Health and Human Services Office for Civil Rights (OCR)**

Web: <https://ocrportal.hhs.gov/ocr/smartscreen/main.jsf>

Mag-email sa: [OCRComplaint@hhs.gov](mailto:OCRComplaint@hhs.gov)

Telepono: 800-368-1019, 800-537-7697 (TDD)

Magpadala ng sulat sa: **Office for Civil Rights**

200 Independence Ave. SW, Room 509F, HHH Bldg., Washington, D.C. 20201

**Oregon Health Authority (OHA) Civil Rights**

Web: [www.oregon.gov/OHA/OEI](http://www.oregon.gov/OHA/OEI)

Mag-email sa: [OHA.PublicCivilRights@state.or.us](mailto:OHA.PublicCivilRights@state.or.us)

Telepono: 844-882-7889 (TTY 711)

Magpadala ng sulat sa: **Office of Equity and Inclusion Division**

421 SW Oak St., Suite 750, Portland, OR 97204

**Bureau of Labor at Industries Civil Rights Division**

Mag-email sa: [crdemail@boli.state.or.us](mailto:crdemail@boli.state.or.us)

Telepono: 971-673-0764

Magpadala ng sulat sa: **Bureau of Labor at Industries Civil Rights Division**

800 NE Oregon St., Suite 1045, Portland, OR 97232

# TALAAN NG MGA NILALAMAN

|                                                                                          |           |
|------------------------------------------------------------------------------------------|-----------|
| Tulong sa Wika at Pagsasalin .....                                                       | 2         |
| <b>WELCOME SA TRILLIUM COMMUNITY HEALTH PLAN .....</b>                                   | <b>12</b> |
| <b>ANO ANG OREGON HEALTH PLAN (OHP)? .....</b>                                           | <b>12</b> |
| Listahan ng prayoridad na mga serbisyong pangkalusugan .....                             | 12        |
| Ano ang pagkakaiba sa pagitan ng aking plano at OHP? .....                               | 13        |
| Ano ang isang Organisasyon ng Nakakoordinang Pangangalaga (CCO)? .....                   | 13        |
| Ano ang pinamamahalaang pangangalaga at fee-for-service? .....                           | 13        |
| Paano kung ayaw ko ang Trillium na maging CCO ko? .....                                  | 14        |
| Paano ako lilipat sa ibang CCO? .....                                                    | 14        |
| Paano gumagana ang Trillium? .....                                                       | 15        |
| Ano ang isang Bahay ng Pangunahing Pangangalaga na Nakasentro sa Pasyente (PCPCH)? ..... | 15        |
| <b>IMPORMASYON NG PLANO .....</b>                                                        | <b>16</b> |
| Sino ang tatawagan ko kung may mga tanong ako? .....                                     | 16        |
| Paano kung kailangan ko kaagad ng pangangalaga? .....                                    | 16        |
| Ano ang Screening ng Panganib sa Kalusugan? .....                                        | 18        |
| Ano ang mga Serbisyo ng Masinsinang Koordinasyon ng Pangangalaga (ICC)? .....            | 18        |
| Ano ang mga Kinatawan ng Koneksyon sa Miyembro (mga MCR)? .....                          | 21        |
| Ano ang Koordinasyon ng Pangangalaga at Pamamahala ng Kaso? .....                        | 22        |
| Edukasyong pangkalusugan na sensitibo sa kultura.....                                    | 22        |
| Konseho ng Pagpapayo sa Komunidad .....                                                  | 22        |
| Sulat ng pagsaklaw ng OHP .....                                                          | 23        |
| Mga card ng pagkakakilanlan (ID)                                                         |           |
| ID card ng Oregon Health .....                                                           | 23        |
| Trillium ID card .....                                                                   | 23        |
| Paano kung mayroon akong Medicare at OHP? .....                                          | 23        |
| Paano ako kukuha ng interpreter? .....                                                   | 23        |
| <b>ANO ANG AKING MGA KARAPATAN AT RESPONSABILIDAD BILANG MIYEMBRO? .....</b>             | <b>24</b> |
| Mga Karapatan ng Miyembro .....                                                          | 24        |
| Mga Responsibilidad ng Miyembro .....                                                    | 26        |



|                                                                                                                             |           |
|-----------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------|-----------|
| Mga Karapatan ng Pasahero .....                                                                                             | 26        |
| Mga Responsibilidad ng Pasahero .....                                                                                       | 27        |
| <b>PAANO KUMUHA NG MEDIKAL NA PANGANGALAGA KAPAG KAILANGAN NINYO ITO.....</b>                                               | <b>29</b> |
| Paano ako hahanap ng doktor o provider?.....                                                                                | 29        |
| Ano ang Pangunahing Pangangalaga?.....                                                                                      | 29        |
| Paano ako pipili ng Provider ng Pangunahing Pangangalaga? .....                                                             | 29        |
| Paano ako gagawa ng appointment sa aking PCP? .....                                                                         | 30        |
| Paano ko papalitan ang aking PCP?.....                                                                                      | 30        |
| Narito ang ilang tip upang makatulong sa inyo na magkaroon ng magandang relasyon sa inyong PCP:...                          | 30        |
| Sinasaklaw namin ang mga pangalawang opinyon.....                                                                           | 31        |
| Paano kung hindi ako makakapunta sa aking appointment? .....                                                                | 31        |
| Paano kung kailangan ko kaagad ng pangangalaga? .....                                                                       | 31        |
| Paano kung kailangan ko ng pangangalaga pagkatapos ng oras ng trabaho<br>(tuwing gabi, Sabado at Linggo, at bakason)? ..... | 32        |
| Paano kung kailangan kong magpatingin sa isang espesyalista o ibang provider?.....                                          | 32        |
| Paano kung mayroon akong mga Pangangailangang Espesyal na Pangangalaga ng Kalusugan? .....                                  | 32        |
| Paano kung tumatanggap ako ng mga Pangmatagalang Serbisyo at Suporta?.....                                                  | 32        |
| Nasa ibaba ang isang listahan ng mga serbisyong maaari ninyong matanggap nang walang referral mula sa<br>inyong PCP.....    | 32        |
| Paano kung ang provider ay wala sa network? .....                                                                           | 33        |
| Paano ako kukuha ng pag-apruba para sa mga serbisyo? .....                                                                  | 33        |
| Iba Pang Benepisyo na Saklaw ng OHP.....                                                                                    | 33        |
| Saklaw ba ang bagong teknolohiya?.....                                                                                      | 36        |
| Mga insentibo ng doktor .....                                                                                               | 36        |
| Makakukuha ba ako ng pagsakay papunta sa aking appointment?.....                                                            | 37        |
| Paano ako makakakuha ng isang interpreter sa mga appointment? .....                                                         | 37        |
| <b>MGA SAKLAW NA BENEPISYO AT SERBISYO .....</b>                                                                            | <b>37</b> |
| Ano ang sinasaklaw ng OHP? .....                                                                                            | 37        |
| Mga Serbisyo ng Telehealth .....                                                                                            | 37        |
| Mga Saklaw na Serbisyo ng Telehealth .....                                                                                  | 38        |
| Mga Serbisyo ng Teladoc Telehealth .....                                                                                    | 38        |
| Pagpili at Akomodasyon ng Pasyente .....                                                                                    | 38        |
| Mga Kasanayan sa Pagkapribado ng Telehealth .....                                                                           | 38        |

|                                                                                                                  |           |
|------------------------------------------------------------------------------------------------------------------|-----------|
| Paano kung may pagbabago na nakakaapekto sa inyong kakayahan na ma-access ang pangangalaga o mga serbisyo? ..... | 38        |
| Mga Patnubay sa Pagsasanay .....                                                                                 | 39        |
| Mga Serbisyo Upang Makaiwas sa Sakit .....                                                                       | 39        |
| Paano ako hihingi ng tulong para ihinto ang paggamit ng tabako? .....                                            | 39        |
| Ano ang EPSDT? .....                                                                                             | 39        |
| Ano ang Kasama sa EPSDT? .....                                                                                   | 39        |
| Paano ko maa-access ang EPSDT? .....                                                                             | 40        |
| Checklist ng Buod ng mga Benepisyo .....                                                                         | 41        |
| Mga serbisyo sa pagpapalano ng pamilya at pagkontrol ng pagbubuntis.....                                         | 48        |
| Paano kung buntis ako? .....                                                                                     | 48        |
| Pagsisilang sa Labas ng Ospital: .....                                                                           | 48        |
| Paano ko kukuhanin ang aking mga inireresetang gamot?.....                                                       | 49        |
| Ano-anong gamot ang hindi saklaw? .....                                                                          | 50        |
| Saan ako makakukuha ng aking gamot? .....                                                                        | 50        |
| Iba Pang Paghihigpit sa Saklaw sa Gamot .....                                                                    | 50        |
| Paano kung mayroon akong Medicare? .....                                                                         | 51        |
| Tulong sa Inireresetang Gamot-Programang Inireresetang Gamot ng Oregon .....                                     | 51        |
| Programang Tulong sa Pasyente (PAP) .....                                                                        | 51        |
| Isang Benepisyo ang mga Covid-19 Test Kit Sa Pamamagitan ng Inyong Lokal na Parmasya.....                        | 51        |
| <b>MGA SERBISYO NA MEDIKAL NA EMERGENCY AT AGARANG PANGANGALAGA .....</b>                                        | <b>52</b> |
| Ano ang medikal na emergency? .....                                                                              | 52        |
| Mga serbisyo ng ambulansya.....                                                                                  | 52        |
| Paano ako kukuha ng pangangalaga pagkatapos ng isang emergency?.....                                             | 52        |
| Paano ako kukuha ng agarang pangangalaga? .....                                                                  | 53        |
| Mga Lokasyon ng Agarang Pangangalaga.....                                                                        | 53        |
| Paano kung nasa labas ako ng bayan o estado at kailangan ng paggamot? .....                                      | 53        |
| Ano ang dapat kong gawin kung makatanggap ako ng bayarin? .....                                                  | 54        |
| <b>ANG INYONG MGA BENEPISYO AT SERBISYO SA NGIPIN .....</b>                                                      | <b>54</b> |
| Ano ang mga serbisyo sa ngipin? .....                                                                            | 54        |
| Aling plano ng pangangalaga sa ngipin ang mayroon ako? .....                                                     | 54        |
| Paano ako pipili ng plano sa ngipin? .....                                                                       | 55        |

|                                                                                                                          |           |
|--------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------|-----------|
| Paano ko gagamitin ang aking mga benepisyo sa ngipin?.....                                                               | 55        |
| Paano ako pipili ng Dentista ng Pangunahing Pangangalaga? .....                                                          | 55        |
| Paano ako gagawa ng appointment sa aking Dentista ng Pangunahing Pangangalaga? .....                                     | 55        |
| Upang ikoordina ang inyong pangangalaga sa ngipin,<br>ang inyong Dentista ng Pangunahing Pangangalaga ay: .....          | 56        |
| Makakukuha ba ako ng pagsakay papunta sa aking appointment?.....                                                         | 56        |
| Paano ko papalitan ang aking Dentista ng Pangunahing Pangangalaga?.....                                                  | 56        |
| Paano kung sa palagay ko ay kailangan kong magpatingin sa isang espesyalista o ibang provider?.....                      | 56        |
| <b>ANO-ANONG BENEPISYO SA NGIPIN ANG MAYROON AKO? .....</b>                                                              | <b>57</b> |
| Buod ng mga Benepisyo at Serbisyo .....                                                                                  | 57        |
| <b>MGA EMERGENCY SA NGIPIN AT MGA SERBISYO SA AGARANG PANGANGALAGA SA NGIPIN... 58</b>                                   |           |
| Ano ang emergency sa ngipin? .....                                                                                       | 58        |
| Ano ang serbisyo sa agarang pangangalaga ng ngipin?.....                                                                 | 58        |
| Paano kung nasa ibang bayan ako at nagkaroon ng isang emergency o kailangan ang agarang<br>pangangalaga ng ngipin? ..... | 58        |
| Paano ako kukuha ng pangangalaga pagkatapos ng isang emergency?.....                                                     | 58        |
| <b>MGA BENEPISYO SA KALUSUGAN NG ISIP AT PAGDEPENDE SA KEMIKAL..... 59</b>                                               |           |
| Ano ang mga serbisyo sa kalusugan ng isip? .....                                                                         | 59        |
| Mga serbisyo sa kalusugan ng isip ng adulto.....                                                                         | 59        |
| Mga serbisyo sa kalusugan ng isip ng mga bata .....                                                                      | 59        |
| <b>PAANO KO GAGAMITIN ANG AKING MGA BENEPISYO SA KALUSUGAN NG ISIP AT PAGDEPENDE<br/>SA KEMIKAL? .....</b>               | <b>60</b> |
| Paano ako maghahanap ng paggamot sa pagdepende sa kemikal (alak o droga)? .....                                          | 60        |
| Paano ako maghahanap ng provider sa kalusugan ng isip? .....                                                             | 60        |
| Paano kung kailangan ko ng tulong sa pagpili ng provider ng kalusugan ng isip? .....                                     | 60        |
| Paano ako gagawa ng appointment sa aking provider ng kalusugan ng isip? .....                                            | 60        |
| Mga Hindi Saklaw na Serbisyo sa Kalusugan ng Pag-uugali .....                                                            | 61        |
| Paano ko kukuhin ang aking mga inireresetang gamot?.....                                                                 | 61        |
| <b>MGA SERBISYONG PANG-EMERGENCY AT KRISIS SA KALUSUGAN NG ISIP..... 61</b>                                              |           |
| Ano ang emergency sa kalusugan ng isip? .....                                                                            | 61        |
| Paano kung nasa ibang bayan ako at nagkaroon ng isang emergency?.....                                                    | 62        |
| Paano ako kukuha ng pangangalaga pagkatapos ng isang emergency?.....                                                     | 62        |
| Makakukuha ba ako ng pagsakay papunta sa aking appointment?.....                                                         | 62        |
| <b>MGA REKLAMO (MGA KARAINGAN) AT MGA APELA..... 63</b>                                                                  |           |

|                                                                                                                       |           |
|-----------------------------------------------------------------------------------------------------------------------|-----------|
| Paano ako magrereklamo o magsasampa ng karaingan? .....                                                               | 63        |
| Kung tinanggihan ang isang serbisyo – paano ako mag-aapela? .....                                                     | 63        |
| Maaari bang humingi ang aking provider ng apela para sa akin? .....                                                   | 63        |
| Paano lapela ang isang Desisyon .....                                                                                 | 63        |
| Paano kung kailangan ko ng mabilis (pinabilis) na apela? .....                                                        | 64        |
| Kung tinanggihan ang aking apela, paano ako kukuha ng isang administratibong pagdinig? .....                          | 64        |
| Paano kung kailangan ko ng mabilis (pinabilis) na pagdinig? .....                                                     | 65        |
| Ihinto ba ang mga serbisyo sa akin? .....                                                                             | 65        |
| Ano ang dapat kong gawin kung makatanggap ako ng bayarin? .....                                                       | 65        |
| Responsibilidad para sa mga pagsingil .....                                                                           | 66        |
| Kailan ko dapat bayaran ang mga serbisyo sa pangangalaga ng kalusugan na nasa OHP? .....                              | 66        |
| <b>PAANO KO IBABAHAGI ANG AKING MGA DESISYON SA PAGTATAPOS NG BUHAY? .....</b>                                        | <b>67</b> |
| Mga desisyon sa pagtatapos ng buhay at mga Paunang Direktiba (mga Living Will) .....                                  | 67        |
| Pagpapahayag para sa paggamot ng kalusugan ng isip .....                                                              | 68        |
| <b>PRIBADO BA ANG AKING PERSONAL NA IMPORMASYON? .....</b>                                                            | <b>68</b> |
| Pribado ang inyong mga rekord .....                                                                                   | 68        |
| Paano ko susuriin, itatama, o lilimitahan ang pagbabahagi ng aking Protektadong Impormasyon ng Kalusugan (PHI)? ..... | 69        |
| Paano ako magsasampa ng reklamo tungkol sa pagkapribado o magsusumbong ng problema sa pagkapribado? .....             | 69        |
| <b>ABISO NG MGA KASANAYAN SA PAGKAPRIBADO .....</b>                                                                   | <b>70</b> |
| <b>PAANO KO ISUSUMBONG ANG PINAGHIHINALANG PANDARAYA, PAGSASAYANG, O PANG-AABUSO? .....</b>                           | <b>72</b> |
| <b>PAGKONEKTA SA INYONG PANGANGALAGA NG KALUSUGAN .....</b>                                                           | <b>72</b> |
| Maaari din ninyong isumbong ang pinaniniwalaan ninyong pandaraya, pagsasayang, at pang-aabuso sa: .....               | 73        |
| Saan Magsusumbong ng isang Kaso ng Pandaraya o Pang-aabuso ng isang Provider .....                                    | 73        |
| Saan Magsusumbong ng isang Kaso ng Pandaraya o Pang-aabuso ng isang Miyembro .....                                    | 73        |
| Ombudsperson .....                                                                                                    | 73        |
| <b>MGA SALITANG DAPAT MALAMAN .....</b>                                                                               | <b>75</b> |
| <b>MGA TALA .....</b>                                                                                                 | <b>78</b> |



# WELCOME SA TRILLIUM COMMUNITY HEALTH PLAN

---

Tumutulong na kami sa mga taong nasa Oregon Health Plan (OHP) simula pa noong 1977. Nagagalak kaming paglingkuran kayo. Ipinadala namin sa inyo ang handbook na ito dahil tumatanggap kayo ng mga benepisyo sa pangangalaga ng kalusugan mula sa OHP. Mangyaring maglaan ng oras upang basahin ang handbook na ito. Makikita ninyo ang mga sagot sa marami ninyong tanong tungkol sa mga serbisyo, benepisyo, at kung paano humingi ng tulong kung kailangan ninyo ito. Maaari kayong humiling ng kopya ng handbook na ito anumang oras.

Ang Trillium ay isang Organisasyon ng Nakakoordinang Pangangalaga (CCO). Kami ay isang kompanya na nakikipagtulungan sa mga provider ng pangangalaga ng kalusugan at mga kasosyo ng komunidad para sa mga taong nasa OHP.

Kasama sa mga provider sa aming CCO ang: Kalusugan ng Katawan, Kalusugan ng Pag-uugali, Kalusugan ng Ngipin, at MTM (Pamamahala ng Medikal na Transportasyon).

Nagbibigay ang Trillium ng mga libreng pagsakay papunta sa mga appointment kasama ang mga serbisyo sa kalusugan ng katawan, isip, at ngipin.

Ikinokoordina ng Trillium ang pangangalaga sa pamamagitan ng pakikipagtulungan sa bawat miyembro at kanilang mga provider ng pangangalaga ng kalusugan upang mahanap ang pinakamahusay na paraan upang matugunan ang mga medikal at hindi medikal na pangangailangan. Makatutulong din ang Patient Centered Primary Care Homes (mga PCPCH) na ikoordina ang mga medikal at hindi medikal na pangangailangan ng mga miyembro.

## ANO ANG OREGON HEALTH PLAN (OHP)?

---

Ang Oregon Health Plan (OHP) ay isang programa na nagbabayad ng mga pangangalaga ng kalusugan para sa mga taga-Oregon na may mababang kita. Binabayaran ito ng Estado ng Oregon at ng programang Medicaid ng Pamahalaan ng U.S.

### **BINABAYARAN NG OHP ANG:**

- Mga pagbisita sa doktor
- Mga inireresetang gamot
- Mga pamamalagi sa ospital
- Pangangalaga sa ngipin
- Mga serbisyo sa kalusugan ng isip
- Tulong sa paghinto sa paninigarilyo, alak, at droga
- Mga libreng sakay sa mga saklaw na serbisyo na pangangalaga ng kalusugan.

Makapagbibigay ang OHP ng mga hearing aid, medikal na kagamitan, at pangangalaga ng kalusugan sa bahay kung kuwalipikado ka.

Hindi sinasaklaw ng OHP ang lahat. Ang listahan ng mga sakit at kondisyon na saklaw, ay tinatawag na Listahan ng Prayoridad (iniutos) na mga Serbisyong Pangkalusugan,

ay online sa: <http://www.oregon.gov/oha/hsd/ohp/pages/prioritized-list.aspx>

Karaniwang hindi saklaw ng OHP ang iba pang sakit at kondisyon. Maaaring saklawin ang mga kondisyong iyon kung makatutulong ang paggamot sa mga ito sa saklaw na kondisyon ng isang pasyente. Halimbawa, maaaring may isang kondisyon ng kalusugan ang isang pasyente na saklaw at isa pang kondisyon ng kalusugan na hindi saklaw. Maaaring saklawin ang hindi saklaw na kondisyon kung makatutulong ito na mas mapagaling ang unang kondisyon. Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa Listahan ng Prayoridad (iniutos) na mga Serbisyong Pangkalusugan, maaari kayong tumawag sa Trillium sa 1-877-600-5472.

### **Listahan ng prayoridad na mga serbisyong pangkalusugan**

Nakabatay ang mga benepisyo ng miyembro ng Oregon Health Plan sa kung saan naroon ang kanyang mga kondisyon sa kalusugan at mga paggamot sa Listahan ng Prayoridad (iniutos) na mga Serbisyong Pangkalusugan. Binuo ng Komisyon ng Pagsusuri ng Ebidensya sa Kalusugan (HERC) ng Oregon ang listahang ito at regular

na nagpupulong para i-update ito. Ang HERC ay binubuo ng mga doktor, nars, at iba pang tao na nagmamalasakit sa mga problema sa pangangalaga ng kalusugan.

Hindi sinasaklaw ng Oregon Health Plan ang lahat. Hindi pinopondohan ng Oregon Health Plan ang diagnosis at paggamot para sa mga serbisyo na matatagpuan sa ibaba ng linya na nasa Listahan ng Prayoridad (iniutos). Dapat gamitin ng lahat ng plano ng pinamamahalaang pangangalaga at mga provider ng pangangalaga ng kalusugan ang Listahan ng Prayoridad (iniutos) upang malaman kung makapagbibigay sila ng serbisyo sa ilalim ng OHP. Hindi saklaw ang lahat ng kondisyon at paggamot na nabanggit sa itaas ng linya ng Listahan ng Prayoridad (iniutos) dahil may ibang pamantayan na dapat matugunan.

Sinasaklaw ng OHP ang mga makatwirang serbisyo upang malaman kung ano ang mali kapag hindi maganda ang pakiramdam ng isang miyembro. Kasama rito ang pag-diagnose sa isang kondisyon na hindi saklaw. Kung magpasya ang isang provider ng pangangalaga ng kalusugan sa isang diagnosis o paggamot na hindi saklaw, hindi babayaran ng OHP ang anumang serbisyo para sa kondisyong iyon.

Binabayaran ng Trillium ang lahat ng saklaw na serbisyo alinsunod sa Listahan ng Prayoridad na mga Serbisyo sa Kalusugan at kapag ibinigay ayon sa tinukoy sa anumang nauugnay na Mga Pahayag ng Layunin at mga Tala sa Alituntunin ng Prayoridad na Listahan, hangga't ang mga serbisyo ay medikal o berbal na naaangkop.

## **Ano ang pagkakaiba sa pagitan ng aking plano at OHP?**

Ang OHP ay ang Planong Pangkalusugan ng Estado ng Oregon. Nakikipagkontrata ang estado sa maraming Organisasyon ng Nakakoordinang Pangangalaga (CCO) upang pamahalaan ang serbisyo sa pangangalaga ng kalusugan para sa mga taong mayroong OHP. Isa ang Trillium sa mga CCO na ito.

Tinutukoy ng Estado ng Oregon ang mga benepisyong natatanggap mo. Gumagamit ang OHP ng maraming iba't ibang CCO upang paglingkuran ang mga miyembro nito. Isa ang Trillium sa mga CCO na iyon.

## **Ano ang isang Organisasyon ng Nakakoordinang Pangangalaga (CCO)?**

Ang Trillium Community Health Plan ay isang Organisasyon ng Nakakoordinang Pangangalaga (CCO). Kami ay isang grupo ng lahat ng uri ng mga provider sa pangangalaga ng kalusugan na nagtutulungan para sa mga tao na nasa OHP sa aming komunidad. Kasama sa mga provider sa aming CCO ang Trillium, Trillium Behavioral Health, Advantage Dental Services, Capitol Dental Care, Oregon Dental Service at MTM. Nagbibigay ang Trillium CCO ng mga libreng sakay, na tinatawag ding hindi pang-emergency na transportasyon (NEMT), at mga serbisyo para sa kalusugan ng katawan, isip, at ngipin sa lahat ng tao sa mga County ng Washington, Clackamas at Multnomah.

## **Ano ang pinamamahalaang pangangalaga at fee-for-service?**

Ang mga CCO (Organisasyon ng Nakakoordinang Pangangalaga) ay isang uri ng pinamamahalaang pangangalaga. Gusto ng Awtoridad ng Kalusugan ng Oregon (OHA) na ang mga taong nasa OHP na ihanda ang kanilang pangangalaga ng kalusugan na pinamamahalaan ng mga pribadong kompanya na gawin lang iyon. Binabayaran ng OHA ang mga kompanya ng pinamamahalaang pangangalaga ng nakatakdang halaga bawat buwan upang magbigay sa kanilang mga miyembro ng kinakailangan nilang mga serbisyo sa pangangalaga ng kalusugan.

### **PAANO KUNG GUSTO KO ANG OPEN-CARD OHP SA HALIP NA TRILLIUM?**

Direktang binabayaran ng OHA ang mga serbisyong pangkalusugan para sa mga miyembro ng OHP na wala sa pinamamahalaang pangangalaga. Tinatawag itong fee-for-service (FFS) dahil binabayaran ng OHA ang mga provider ng bayad para sa mga serbisyong ibinibigay nila. Tinatawag din itong open card. Maaaring nasa CCO ang mga Katutubong Amerikano/ mga katutubo ng Alaska, ngunit maaaring humiling na magpalit sa Open Card OHP anumang oras. Maaari din kayong humiling na maging nasa Open Card OHP kung nasa Medicare din kayo bilang karagdagan sa OHP. Maaaring nasa CCO ang mga taong nasa Medicare at OHP, ngunit maaaring humiling na palitan ang kanilang benepisyo sa kalusugan ng katawan sa isang Open Card OHP anumang

oras. Sinumang miyembro ng CCO na may medikal na dahilan para magkaroon ng FFS ay maaaring humiling na umalis sa pinamamahalaang pangangalaga. Makatutulong sa inyo ang mga Serbisyo sa Kliyente ng OHP sa 1-800-273-0557 na maunawaan at pumili ng pinakamahusay na paraan upang matanggap ang inyong pangangalaga ng kalusugan

## Paano kung ayaw ko ang Trillium na maging CCO ko?

Kapag may problema kayo sa pagkuha ng tamang pangangalaga, mangyaring hayaan kami na subukang tumulong sa inyo bago kayo magpalit ng mga CCO. Tumawag lamang sa aming mga Serbisyo sa Miyembro sa 1-877-600-5472, TTY 711 at humiling ng isang Coordinator ng Pangangalaga. Kung gusto pa rin ninyong umalis o palitan ang inyong CCO, tumawag sa Serbisyo sa Customer ng OHP. Ang kanilang mga numero ay 503-378-2666 at 1-800-699-9075.

### MAAARING HINGIN NG CCO SA AWTORIDAD NG KALUSUGAN NG OREGON NA ALISIN KAYO MULA RITO KUNG KAYO AY:

- Umabuso sa tauhan ng CCO o sa inyong mga provider.
- Gumawa ng pandaraya, tulad ng pagpapagamit sa ibang tao ng inyong mga benepisyo sa pangangalaga ng kalusugan.
- Gumawa ng isang gawain, o gumawa ng totoong banta ng, pisikal na karahasan na nakadirekta sa isang provider ng pangangalaga ng kalusugan, tauhan ng provider, iba pang pasyente, o tauhan ng Trillium, nang sa gayon ay seryoso itong makapinsala sa kakayahan ng Trillium na magbigay ng mga serbisyo sa inyo o sa iba pang miyembro.

Kung nakabatay ang mapang-abusong pag-uugali sa inyong medikal na kondisyon, hindi ito dahilan para sa pagtanggali.

### MAAARING HINDI HILINGIN NG CCO SA AWTORIDAD NG KALUSUGAN NG OREGON NA TANGGALIN KAYO MULA RITO KUNG KAYO AY:

- May negatibong pagbabago sa kalagayan ng inyong kalusugan;
- Gumagamit ng maraming serbisyong pangkalusugan;
- Kumikilos nang hindi nakikipagtulungan o nakakagambala dahil sa inyong mga espesyal na pangangailangan;

- Isang miyembro ng protektadong klase na nagpapakita na maaaring kailangan ninyo ng maraming medikal na serbisyo;
- May medikal na kondisyon o kasaysayan na nagpapakita na maaaring kailangan ninyo ng maraming medikal na serbisyo; o
- May kapansanan sa katawan, intelektuwal, pag-unlad o isip.

Upang makakuha ng higit pang impormasyon, tumawag sa mga Serbisyo sa Miyembro ng Trillium sa 1-877-600-5472. Maaari rin kayong tumawag sa mga Serbisyo sa Kliyente ng OHP sa 1-800-273-0557 o 800-699-9075. Maaari ninyong itanong ang tungkol sa kung kailan mahihiling ng CCO na tapusin ang inyong pagiging miyembro (pag-aalis sa talaan), pansamantalang hindi kasama sa talaan o mga hindi kasama sa talaan.

Makatatanggap ang mga miyembro ng isang nakasulat na abiso ng mga karapatan sa pag-aalisa sa talaan nang hindi bababa sa 60 araw bago ang simula ng bawat panahon ng pagpapatala.

## Paano ako lilipat sa ibang CCO?

Kung gusto ninyong lumipat sa ibang CCO, kayo o ang inyong kinatawan ay maaaring gawin ito nang berbal o sa pagsulat. Maaari kayong tumawag sa mga Serbisyo sa Miyembro ng OHP sa 503-378-2666 o sa 1-800-699-9075. Magkakabisa ang pagbabago sa unang araw ng buwan kasunod ng pag-apruba ng OHA. Maraming pagkakataon para magpalit kayo hangga't bukas pa ang pagpapatala sa ibang CCO.

- Kung hindi ninyo gusto ang CCO na itinalaga sa inyo, maaari kayong magpalit sa panahon ng unang 90 araw pagkatapos ng ninyong magpatala.
- Kung dati na kayong nasa OHP, sa panahon ng unang 30 araw pagkatapos ninyong magpatala sa isang CCO.
- Kung nakatala na kayo sa loob ng 6 na buwan sa inyong CCO, maaari kayong humiling na magpalit ng CCO.
- Kapag nagre-renew kayo ng inyong saklaw sa Oregon Health Plan (karaniwang isang beses kada taon) Maaari kayong magpalit ng mga CCO isang beses kada taon para sa anumang ibang dahilan.

## **MAAARI KAYONG HUMILING NA MAGPALIT NG MGA CCO ANUMANG ORAS KUNG:**

- Kung umalis ang isang miyembro sa lugar na pinagseserbisuhan ng CCO, dapat silang makipag-ugnayan alinman sa Virtual Eligibility Center ng OHP sa 800-699-9075 o Yunit ng mga Serbisyo sa Kliyente sa 800-273-0557 sa lalong madaling panahon.
- Dahil sa moral o relihiyosong mga pagtutol, hindi sinasaklaw ng Trillium ang serbisyong hinahanap ninyo
- Kapag kailangan ninyo ang mga kaugnay na serbisyo na isasagawa nang magkasabay, ngunit hindi lahat ng magkakaugnay na serbisyo ay available sa loob ng network, at natukoy ng inyong provider ng pangunahing pangangalaga o ibang provider na ang pagtanggap ng mga serbisyo nang magkahiwalay ay magsasailalim sa inyo sa hindi kinakailangang panganib (Halimbawa, ang isang Caesarean section at tubal litigation).

Kung aprubahan ng OHA ang pag-aalis sa talaan, makatatanggap kayo ng abiso sa pagbabagong iyon. Maaari kayong magsampa ng karaingan kung hindi sila nasisiyahan sa proseso o humiling ng pagdinig kung hindi kayo sumasang-ayon sa desisyon na pag-aalis sa talaan.

## **Paano gumagana ang Trillium?**

Ikinokoordina ng Trillium ang pangangalaga na natatanggap ninyo sa pamamagitan ng pakikipagtulungan sa bawat miyembro at sa kanilang mga provider ng pangangalaga ng kalusugan upang mahanap ang pinakamahusay na paraan upang matugunan ang mga medikal at hindi medikal na pangangailangan. Para sa mga hindi medikal na pangangailangan, tutulong ang mga Bahay ng Pangunahing Pangangalaga na Nakasentro sa Pasyente (mga PCPCH) sa mga miyembro na may pagkabalisa, depresyon, at pagkagumon sa tabako, droga, at alak. Sinusubaybayan ng Trillium ang network nito sa lahat ng uri ng provider upang matiyak ang isang sapat na network.

Kung minsan, nagbibigay kami ng mga serbisyo na hindi sinasaklaw ng Fee-For-Service ng OHP. May karapatan kayo na humiling at makatanggap ng karagdagang impormasyon tungkol sa istraktura at mga operasyon ng Trillium. Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa istraktura at mga operasyon ng Trillium, tumawag sa Trillium sa 1-877-600-5472, o sa TTY 711.

## **Ano ang isang Bahay ng Pangunahing Pangangalaga na Nakasentro sa Pasyente (PCPCH)?**

Gusto naming makuha ninyo ang pinakamahusay na pangangalaga. Ang isang paraan na sinusubukan naming gawin ay ang paghiling sa aming mga provider na ipagpalagay ng Awtoridad ng Kalusugan ng Oregon (OHA) bilang isang Bahay ng Pangunahing Pangangalaga na Nakasentro sa Pasyente (PCPCH). Nangangahulugan iyon na maaari silang makatanggap ng mga karagdagang pondo upang masubaybayan nang mabuti ang kanilang mga pasyente upang matiyak na natutugunan ang lahat ng kanilang pangangailangang medikal, dental, at kalusugan ng pag-uugali.

Maaari ninyong itanong sa inyong klinika o opisina ng provider kung ito ay isang PCPCH. Mahalaga sa amin ang pangangalaga ng kalusugan na natatanggap ninyo! Inaasikaso namin ang inyong mga benepisyo at mga tanong nang lokal. Kung kailangan ninyo kaagad ng pangangalaga, tumawag sa amin at tutulungan namin kayo na makuha ang pangangalaga na kailangan ninyo. Salamat sa pagpapahintulot sa amin na paglingkuran kayo.

# IMPORMASYON NG PLANO

## Sino ang tatawagan ko kung may mga tanong ako?

### TUMAWAG SA TRILLIUM KUNG:

- Bago kayo sa Trillium at kailangan ng agarang pangangalaga.
- Gusto ninyong magpalit o kailangan ng tulong sa paghanap ng isang Provider ng Pangunahing Pangangalaga (PCP).
- Gusto ninyong magpalit o kailangan ng tulong sa paghanap ng isang Dentista.
- Kailangan ninyo ng tulong sa pagkuha ng mga serbisyo sa pangangalaga ng kalusugan.
- May mga tanong kayo tungkol sa isang claim o sa inyong mga benepisyo.
- Kailangan ninyo ng isang bagong card ng Pagkakakilanlan ng Trillium OHP.
- May reklamo kayo tungkol sa inyong saklaw sa pangangalaga ng kalusugan.
- Nasangkot kayo sa isang aksidente o nagkaroon ng isang pinsala at ang mga gastos ay maaaring saklawin ng ibang tao.

### TUMAWAG SA MGA SERBISYO SA MIYEMBRO NG OHP KUNG:

- Lumipat kayo sa labas ng lugar na pinagseserbisyuhan ng Trillium.
- Nabuntis kayo o natapos ang pagbubuntis.
- Nagsilang kayo ng sanggol.
- May mga tanong kayo tungkol sa inyong kuwalipikasyon.
- Nakakuha kayo o nawala ang ibang insurance sa kalusugan.
- Gusto ninyong palitan ang inyong planong pangkalusugan.
- Kailangan ninyo ng bagong Oregon Health ID card.
- Kung mali ang impormasyon na nasa inyong Oregon Health ID o sulat ng pagsaklaw ng OHP.
- Kung may mga tanong kayo tungkol sa sulat ng pagsaklaw ng OHP na natanggap ninyo mula sa Awtoridad ng Kalusugan ng Oregon.

## Paano kung kailangan ko kaagad ng pangangalaga?

Kung bago kayo sa Trillium at kailangan kaagad ng medikal na pangangalaga o mga inireresetang gamot, mangyaring tumawag sa amin. At, gumawa ng appointment sa inyong PCP sa lalong madaling panahon na magagawa ninyo upang matiyak na matatanggap ninyo ang anumang kinakailangang nagpapatuloy na pangangalaga. Kung kailangan ninyo kaagad ng mga serbisyo sa kalusugan ng pag-uugali, maaari kayong tumawag sa sinumang provider na nakalista sa Direktorya ng Provider ng Trillium, o tumawag sa mga Serbisyo sa Miyembro ng Trillium sa 1-877-600-5472, TTY 711.

### ACCESS SA PANGANGALAGA

Nagbibigay ang Trillium ng access sa pangangalaga kasama ang, ngunit hindi limitado sa:

- Mga serbisyo, suporta, at alinman sa aming mga dokumento na nasa wika at/o kultura na mas gusto ninyo.
- Mga serbisyo na mas malapit hangga't maaari sa kung saan naninirahan o naghahanap ng mga serbisyo ang mga miyembro;
  - Sa loob ng 30 milya, o 30 minuto ng kung saan kayo nakatira kung nakatira kayo sa isang lungsod
  - Sa loob ng 60 milya, o 60 minuto ng kung saan kayo nakatira kung nakatira kayo sa isang rural na lugar
- Pagpili ng mga provider;
- Napapanahong pag-access sa pangangalaga at mga saklaw na serbisyo 24 na oras kada araw/7 araw kada linggo kapag medikal na naaangkop. Isinasaayos namin ang napapanahong pag-access sa pangangalaga para sa mga prayoridad na populasyon.
  - Pang-emergency na pangangalaga ng kalusugan ng katawan o pag-uugali: Agaran, o isinasangguni sa isang departamento ng emergency.
  - Emergency sa pangangalaga sa bibig: Natingnan o ginamot sa loob ng 24 na oras



- Agarang pangangalaga ng katawan: Sa loob ng 72 oras o kung kinakailangan, nakabatay sa unang screening
- Agarang pangangalaga sa bibig: Sa loob ng dalawang linggo o kung kinakailangan, nakabatay sa unang screening
- Agarang pangangalaga sa kalusugan ng pag-uugali para sa lahat ng populasyon: Sa loob ng 24 na oras
- Pangangalaga sa malusog na katawan: Sa loob ng apat na linggo
- Regular na pangangalaga sa bibig: Sa loob ng walong linggo, maliban kung mayroong espesyal na dahilan sa kalusugan na ang paghihintay nang mas matagal sa walong linggo ay ayos lang.
- Regular na pangangalaga sa bibig: pagtatasa sa loob ng pitong araw ng kahilingan, na may pangalawang pagbisita sa lalong madaling panahon kung kinakailangan
- Pangangalaga ng espesyalista sa kalusugan ng pag-uugali at mga serbisyong paggamot sa paggamit ng substansya: kaagad.
- Kung hindi makakamit ang takdang panahon dahil sa kakulangan ng kapasidad, dapat kayong ilagay sa listahan ng naghihintay. Makakakuha kayo ng mga panandaliang serbisyo sa loob ng 72 oras na pagkakalagay sa listahan ng naghihintay. Ang mga panandaliang serbisyo ay dapat katulad ng mga serbisyong una ninyong hiniling.
- Pangangalaga ng espesyalista sa kalusugan ng pag-uugali at mga serbisyong paggamot sa paggamit ng substansya: kaagad. Kung hindi makakamit ang takdang panahon dahil sa kakulangan ng kapasidad, dapat kayong ilagay sa listahan ng naghihintay. Makakakuha kayo ng mga panandaliang serbisyo sa loob ng 72 oras na pagkakalagay sa listahan ng naghihintay. Ang mga panandaliang serbisyo ay dapat katulad ng mga serbisyong una ninyong hiniling. Kasama sa mga prayoridad na populasyon para sa Espesyalidad na kalusugan ng Pag-uugali ang:
  - Mga kababaihang buntis,
  - Mga beterano at ang kanilang mga pamilya,
  - Mga kababaihang may mga anak,
  - Mga tagapag-alaga na hindi binabayaran,
  - Mga pamilya,
  - Mga batang may edad mula pagsilang hanggang limang taon,
  - Mga taong may HIV/Aids
  - Mga taong may tuberkulosis,
  - Mga taong nasa panganib ng unang episode ng psychosis, o
  - Mga taong may kapansanan sa Intelektuwal/ pag-unlad
- Mga serbisyo sa paggamot sa paggamit ng substansya
  - Mga miyembro na gumagamit ng gamot na IV, kasama ang heroin, ay magkakaroon ng agarang pagtatasa at makatatanggap ng paggamot sa loob ng 14 na araw o 120 araw ng pagkakalagay sa isang listahan ng naghihintay.
  - Ang mga miyembro na nakararanas ng karamdaman sa paggamit ng opioid ay magkaron ng pagtatasa at paggamot sa loob ng 72 oras.
  - Ang mga miyembro na nangangailangan ng mga serbisyo ng Paggamot na Tinutulungan ng Gamot (MAT) ay tatasahin sa loob ng 72 oras. Makikipagtulungan ang Trillium sa mga nakakontratang provider upang matiyak na naibibigay ang mga panandaliang serbisyo. Hindi ninyo kakailanganing sundin ang pag-detox bago makatatanggap ng paggamot. Maaari ninyong ma-access ang hindi bababa sa 2 follow up na appointment, na ang isang appointment ay isang linggo pagkatapos ng pagtatasa. Kasama sa pagtatasa ang:
    - o Isang buong pisikal at iba pang pagtatasa na sinusuri ang inyong biyolohikal, psycho-social, at espirituwal na mga pangangailangan.
    - o Susuriin ng provider ang mga natapos na pagtatasa upang malaman ang pinakamahusay na gamot na gagamitin upang maiwasan ang panganib o pinsala na maaaring mangyari nang hindi nalalaman ang marami pa tungkol sa inyo.

Para sa higit pang impormasyon tungkol sa kung paano ma-access ang mga serbisyong ito, bumisita sa aming website sa: <https://www.trilliumohp.com/members/oregon-health-plan/Benefits-and-Services.html>

- Isang paggamot, plano ng pangangalaga o pagpapalit ng plano ng pangangalaga na kasama ang kalusugan ng katawan, pag-uugali at bibig

- Isang nagpapatuloy na pinagmumulan ng pangunahing pangangalaga, isang tao na inaasikaso ang pagkokoordina ng saklaw na serbisyo sa pangangalaga ng kalusugan
- Para sa buntis na kababaihan: May emergency sa ngipin titingnan o gagamutin sa loob ng 24 na oras, 1 linggo para sa agarang pangangalaga ng ngipin, average na apat na linggo para sa regular na pangangalaga sa ngipin, at apat na linggong paunang screening o eksaminasyon ng ngipin.

## Ano ang Screening ng Panganib sa Kalusugan?

Ang Screening ng Panganib sa Kalusugan ay isang mabilis na survey sa telepono na ginagamit namin upang magkaroon ng mas mahusay na pag-unawa sa mga larangan ng inyong buhay na maaaring makinabang mula sa mga karagdagang suporta. Itinatanong sa screening ang tungkol sa inyong kalusugan at mga bagay na makakaapekto sa inyong kalusugan. Halimbawa, itatanong namin kung ano ang inyong nararamdaman. Itatanong namin kung nagkaroon kayo ng anumang kamakailang pagbisita sa departamento ng emergency. Itatanong din namin ang tungkol sa inyong kalagayan ng pamumuhay at kung kailangan ninyo ng tulong sa inyong mga gawain sa pang-araw-araw na pamumuhay. Maaari din kayong ikonekta ng team sa mga suportang panlipunan at koordinasyon ng pangangalaga.

### PAANO SUMUSUPOORTA SA INYO ANG IMPORMASYON?

Kapag natapos na ang Screening ng Panganib sa Kalusugan, maaaring tawagan kayo ng aming mga support team upang kumonekta sa inyo. Aalamin namin kung paano namin kayo masusuportahan sa inyong karanasan sa pangangalaga ng kalusugan. Maaring makipag-usap sa inyo ng aming Team ng Pamamahala ng Pangangalaga tungkol sa:

- pag-access sa pangangalaga
- mga pangmatagalang kondisyon
- pag-iwas at kaligtasan sa pagkahulog
- inyong mga layunin sa kalusugan ng katawan, pag-uugali o ngipin

Kapag nakikipag-usap kayo sa aming team, maaari kaming magsagawa ng mas maraming pagtatasa. Makatutulong ito sa amin na matukoy ang inyong mga layunin sa plano ng pangangalaga.

## GAANO KADALAS DAPAT NINYONG KUMPLETUHIN ANG ISANG SCREENING NG PANGANIB SA KALUSUGAN?

Makikipag-ugnayan kami sa lalong madaling panahon pagkatapos ninyong maging miyembro ng Trillium para i-welcome kayo sa plano at mag-alok ng Screening ng Panganib sa Kalusugan. Tutulong ang Screening ng Panganib sa Kalusugan na ikonekta kayo sa mga benepisyo ng kalusugan na inaalok namin para tiyakin ang maayos na paglipat sa aming plano. Nag-aalok din kami ng mga screening bawat 12 buwan o mas maaga habang nagbabago ang inyong pangangailangan sa kalusugan. Magpapatuloy ito hangga't miyembro kayo ng Trillium CCO.

### SINO ANG MAY ACCESS SA AKING IMPORMASYON NG SCREENING NG PANGANIB SA KALUSUGAN?

Ang impormasyon mula sa Screening ng Panganib sa Kalusugan ay bahagi ng inyong rekord ng kalusugan. Ibabahagi namin ang mga resulta ng inyong screening kapag makatutulong ito na magbigay ng maayos na pagpalit ng pangangalaga. Ibabahagi din namin ang mga resulta kapag makatutulong ito sa inyong (mga) provider na suportahan ang inyong pangangalaga. Hihingi kami ng inyong pahintulot kapag hinihingi ng mga regulasyon ng estado o pederal. Maaari din kaming makipag-ugnayan sa inyo sa koreo kung hindi namin kayo matawagan sa telepono. Kung kailangan ninyo ang isang bagay bago kami makipag-ugnayan sa inyo, mangyaring tumawag sa mga Serbisyo sa Miyembro sa 1-877-600-5472.

## Ano ang mga Serbisyo ng Masinsinang Koordinasyon ng Pangangalaga (ICC)?

Nagbibigay ang mga Serbisyo ng ICC ng tulong at mga mapagkukunan para sa mga miyembrong may espesyal na mga pangangailangan sa pangangalaga ng kalusugan. Maaaring kasama sa prayoridad na populasyon para sa ICC ang mga miyembro na:

1. Mas nakatatandang mga adulto, mga indibidwal na nahihirapang makarinig, bingi, bulag, o may iba pang kapansanan;
2. May mga kumplikado o maraming mga pangangailangan sa pangangalaga ng kalusugan, o marami o talamak na kondisyon,
3. May Malubha at Paulit-ulit na Sakit sa Isip, o
4. Tumatanggap ng pangmatagalang mga serbisyo at suport sa pangangalaga (LTSS) na pinopondohan ng Medicaid;

5. Mga batang may edad na 0-5:
  - a) Nagpapakita ng maagang mga palatandaan ng mga problema na panlipunan/pang-emosyon o pag-uugali o;
  - b) May diagnosis ng Malubhang Sakit sa Emosyon (SED);
6. Nasa paggamot na tinutulungan ng gamot para sa Karamdaman sa Paggamit ng Substansya (SUD);
7. Kababaihan na na-diagnose na may mataas na panganib sa pagbubuntis;
8. Mga batang may neonatal abstinence syndrome;
9. Mga Bata sa Kapakanan ng mga Bata;
10. Gumagamit ng IV na gamot;
11. May SUD na nangangailangan ng pamamahala sa paghinto;
12. May HIV/AIDS o may tuberkulosis;
13. Mga beterano at kanilang mga pamilya; at
14. Nanganganib sa unang episode ng psychosis, at
15. mga indibidwal na nasa loob ng mga populasyon na may kapansanang Intelektwal at pag-unlad (IDD).

Upang ma-access ang mga Serbisyo ng ICC o humiling ng screening ng panganib sa kalusugan para sa mga serbisyo ng ICC, maaari ninyong isangguni ang inyong sarili. At, maaaring gumawa ng isang referral ang isang tao na nasa inyong team ng kalusugan para sa inyo. Upang gumawa ng referral o humiling ng screening sa panganib sa kalusugan, maaari kayong tumawag sa mga Serbisyo sa Miyembro sa 1-877-600-5472 at humiling ng mga Serbisyo ng ICC. Makatatanggap kayo ng sagot sa loob ng isang araw ng negosyo.

Maaaring may mga oras na direkta kaming makikipag-ugnayan sa inyo upang mag-alok ng mga serbisyo ng ICC. Nangyayari ito kapag nakakuha kami ng impormasyon na ang inyong mga pangangailangan sa pangangalaga ay maaaring tumataas. Nangyayari din ito kapag may bago kayong diagnosis na bahagi ng prayoridad na populasyon.

Kung humiling man kayo ng referral o nakipag-ugnayan kami upang mag-alok ng mga Serbisyo ng ICC, hihingin namin sa inyo na tapusin ang screening ng panganib ng ICC. Tinitingnan ng screening ang maraming larangan upang malaman kung ano ang maaaring kailangan ninyo mula sa aspekto ng kalusugan na panlipunan, pisikal at pag-uugali.

Kung kuwalipikado kayo, aalukin kayo ng mga serbisyo ng ICC.

Kung pinili ninyong magkaroon ng mga Serbisyo ng ICC, itatalaga kayo sa isang Coordinator ng Pangangalaga ng ICC.

Ang Coordinator ng Pangangalaga ng ICC ang magiging isang punto ng pakikipag-ugnayan para sa inyong mga pangangailangan sa pangangalaga. Makatatanggap kayo ng kanilang pangalan at numero ng telepono. Available sila sa panahon ng normal na oras ng negosyo, Lunes hanggang Biyernes.

Kung hindi kayo kuwalipikado o hindi interesado sa mga Serbisyo ng ICC, maaari kayong alukin ng ibang panloob na Koordinasyon ng Pangangalaga o mga programa sa Pamamahala ng Pangangalaga na nakabatay sa mga napag-alaman sa inyong screening.

Makikipagtulungan sa inyo ang isang Coordinator ng Pangangalaga ng ICC, sa inyong kinatawan (kung mayroon kayo nito) at sa inyong team ng medikal upang ikoordina ang inyong pangangalaga.

Bubuuin ang Plano ng ICC sa loob ng 10 araw ng inyong pagpili na sumali sa mga Serbisyo ng ICC. Isasama nito ang inyong mga natukoy na pangangailangan, hadlang, aktibidad, at mapagkukunan upang suportahan ang pagkamit at pagpapanatili ng inyong mga personal na layunin, kalusugan at kaligtasan. Ito ang inyong plano at mahalaga na ito ay mabuo nang holistic kasama kayo at ang inyong team.

Depende sa inyong mga pangangailangan at mga hadlang, maaaring magkaroon ang plano ng maraming miyembro ng team na responsable sa kanilang mga larangan ng kadalubhasaan. Maaaring kasama sa mga larangang ito ang ngunit hindi limitado sa pisikal, bibig, pag-uugali, panlipunan, pag-unlad, edukasyon, espirituwal, kultura, at pinansyal. Ang plano ng ICC ay ina-update sa inyo at sa input ng inyong team nang hindi bababa sa bawat 90 araw, o mas maaga, kung kinakailangan.

## **NARITO KAMI UPANG TULUNGAN KAYO SA PANAHON NG PAGLIPAT NG PANGANGALAGA**

Alam ng Trillium na maaaring maging mahirap ang pagsali sa bagong planong pangkalusugan. Kung pupunta kayo sa Trillium Community Health Plan mula sa isa pang CCO o mula sa OHP open card, maaari kaming makipag-ugnayan sa inyo upang tumulong sa isang maayos na paglipat sa inyong mga bagong benepisyo. Sa panahon ng mga paglipat sa pagitan ng mga plano, magpapatuloy ang inyong saklaw ayon sa sumusunod:

Sasaklawin ang pangangalaga ng miyembro ng Full Benefit Dual Eligible (FBDE) para sa;

- Provider ng Pangunahing Pangangalaga hanggang siyamnapung (90) araw

- Provider ng Kalusugan ng Bibig hanggang siyamnapung (90) araw
- Provider ng Kalusugan ng Pag-uugali hanggang siyamnapung (90) araw

Ang pangangalaga ng lahat ng iba pang miyembro ay sasaklawin para sa:

- Provider ng Pangunahing Pangangalaga hanggang tatlung (30) araw
- Provider ng Kalusugan ng Bibig hanggang tatlung (30) araw
- Provider ng Kalusugan ng Pag-uugali hanggang animnapung (60) araw

*Tandaan: Maaaring i-adjust ang mga takdang panahon upang makamit ang aktibong plano ng paggamot o iniresetang kurso ng paggamot.*

### **MGA BAGONG MIYEMBRO NA NANGANGAILANGAN KAAGAD NG MGA SERBISYO**

Kung bagong miyembro kayo ng Trillium o bago sa Medicare at nagpatala sa Trillium, maaaring kailangan ninyo ng medikal na pangangalaga, mga supply ng iniresetang (gamot), o iba pang kinakailangang item o serbisyo. Kung kailangan ninyo ang alinman sa mga ito sa panahon ng inyong unang buwan ng pagkakatala at hindi makapunta sa isang PCP, Dentista ng Pangunahing Pangangalaga (PDP) o ibang provider, maaari kaming tumulong. Tumawag sa mga Serbisyo sa Miyembro ng Toll-Free sa: 1-877-600-5472 (TTY 711).

Tutulungan namin kayo na makuha kaagad ang anumang mahahalagang (kailangan) mga serbisyo na may kaugnayan sa kalusugan. Kung bago kayo sa Trillium o Medicare, tutulungan namin kayo at bibigyan kayo ng impormasyon.

Mahalaga sa amin na magkaroon kayo ng maayos na paglipat. Makaka-access ang lahat ng miyembro ng sa komprehensibong paglipat sa pangangalaga ng kalusugan kabilang ang naaangkop na paglipat ng pangangalaga para sa follow-up na pangangalaga kapag pumapasok o umaalis sa isang pasilidad ng pangangalaga sa malubhang sakit o kapaligiran ng pangmatagalang pangangalaga.

Para sa mga miyembro na may nagpapatuloy o talamak na mga kondisyon, o nangangailangan ng Pangmatagalang Pangangalaga at Pangmatagalang mga Serbisyo at Suporta, makikipagtulungan ang Trillium sa inyong mga provider, kasama ang mga Provider ng Medicare, upang tiyakin na mayroong paglipat ng plano ng pangangalaga para sa mga miyembrong may:

- Espesyal na mga Pangangailangan sa Pangangalaga ng Kalusugan,

- Tumatanggap ng mga Pangmatagalang Serbisyo at Suporta,
- Mga lilipat mula sa isang Ospital o Pangangalaga sa Pasilidad ng may Kasanayang Pagkalinga,
- Lilipat mula sa institusyunal o mga pasilidad ng in-patient na Pangangalaga ng Kalusugan ng Pag-uugali,
- Na tumatanggap ng mga Serbisyonang Nakabase sa Bahay at Komunidad para sa mga kondisyon ng Kalusugan ng Pag-uugali, at
- Mga Miyembro ng FBDE na nakatala sa Kaanib na MA ng Kontratista o Dual Special Needs DSN Plans.

Babawasan nito ang pagdoble ng pagtatasa at mga aktibidad sa pagpapalano ng pangangalaga para sa pinahusay na koordinasyon.

### **TINITIYAK NAMIN NA NAGPAPATULOY ANG PAG-ACCESS SA PANGANGALAGA PARA SA:**

- Mga batang Medikal na Mahina
- Mga taong nasa programa ng paggamot sa kanser sa suso at cervix
- Mga taong gumagamit ng tulong ng CareAssist dahil sa HIV/AIDS
- Mga taong nasa mga programa ng paggamot para sa:
  - Huling yugto ng sakit sa bato (pagpalya ng bato)
  - Pangangalaga bago magsilang o pagkatapos magsilang (bago o pagkatapos ng pagbubuntis)
  - Mga serbisyo ng pag-transplant
  - Mga serbisyonang radiation o chemotherapy (paggamot sa kanser)
- Sinumang tao na makararanas ng malalaking panganib sa kalusugan kung hindi niya ipagpatuloy ang paggamot

Sa panahon ng paglipat na ito, maaari ninyong ipagpatuloy ang pagpapatingin sa inyong dating provider kahit wala siya sa network.

Ang mga item na kasalukuyan ninyong tinatanggap, gaya ng mga iniresetang gamot o mga medikal na supply, ay patuloy na magiging available sa inyo sa panahon ng paglipat at/o hanggang makita ninyo ang isang bagong PCP, Dentista, at/o Provider ng Pangangalaga ng Pag-uugali para makakuha ng mga bagong order o i-update ang inyong plano ng paggamot. Tiyakin lamang na ipakita ninyo ang inyong bagong insurance card sa inyong provider o sabihin sa kanila na mayroon kayong bagong insurance.

Kung susubukan ninyong kumuha ng isang gamot o i-access ang mga dating serbisyo at sinabihan kayo na wala kayong



saklaw, mangyaring ipaalam kaagad sa amin, upang makatulong kami!

Para sa ilang miyembro, makatatanggap ang Trillium ng impormasyon mula sa dati ninyong CCO upang tumulong sa inyong nagpapatuloy na pag-access sa mahalagang pangangalaga na medikal, kalusugan ng bibig, at/o pag-uugali.

Kuwalipikado ang ilang miyembro para sa parehong Medicare at Medicaid (OHP). Kung bago kayong Nagpatala sa Medicare, depende kung sino ang inyong planong pangkalusugan sa Medicare at antas ng saklaw, makatutulong kami na pagsamahin o makipag-ugnayan upang tulongan kayo sa paghahanda ng inyong pangangalaga sa ilalim ng inyong bagong plano. Kung magpapatuloy kayo na gawin ang Trillium bilang pangalawang insurance, lagi kaming available upang suportahan ang inyong mga pangangailangan para sa mga bagay na hindi saklaw ng inyong saklaw sa Medicare.

Magagamit ang tulong upang tiyakin na makatatanggap kayo ng nagpapatuloy na pangangalaga at sundin ang mga plano ng paggamot na inihanda ng inyong provider nang walang anumang pagkaantala. Kung nararamdaman ninyong kailangan ninyo ng tulong dito, mangyaring tumawag sa isang Coordinator ng Pangangalaga o Tagapamahala ng Kaso ng Trillium sa 1-877-600-5472. Maaari din ninyong basahin dito ang aming patakarán: [https://www.trilliumohp.com/content/dam/centene/trillium/medicaid/pdfs/CCO Transitions of Care Policy 10.29.2019 FINAL.pdf](https://www.trilliumohp.com/content/dam/centene/trillium/medicaid/pdfs/CCO%20Transitions%20of%20Care%20Policy%2010.29.2019%20FINAL.pdf)

## **ANO ANG MGA SERBISYO NA MAY KAUGNAYAN SA KALUSUGAN?**

Ibinibigay ang mga serbisyo na may kaugnayan sa kalusugan bilang suplemento sa saklaw na mga serbisyo sa pangangalaga ng kalusugan. May dalawang uri ng mga serbisyo na may kaugnayan sa kalusugan:

- Flexible services, na matitipid na serbisyo na iniaalok sa isang indibidwal na miyembro upang dagdagan ang mga saklaw na benepisyo, at
- Mga inisyatiba sa benepisyo ng komunidad, na mga pamamagitan sa antas ng komunidad na nakapokus sa pagpapabuti ng kalusugan ng populasyon at kalidad ng pangangalaga ng kalusugan. Kasama sa mga inisyatibang ito ang mga miyembro, ngunit hindi kinakailangang limitado sa mga miyembro.

Ang mga Flexible Services ay ang mga item o serbisyo na hindi pinroseso sa pamamagitan ng karaniwang medikal na pagsingil. Maaari kayong suportahan ng mga item o serbisyong ito sa mas mahuhusay na resulta ng kalusugan, bagama't hindi medikal ang katangian. Kasama sa mga halimbawa ang ngunit hindi limitado sa:

- pansamantalang kanlungan para magpagaling ang isang tao o magpagaling pagkatapos manatili sa isang ospital kapag wala siyang sariling pabahay.
- elektronikong kahon ng gamot upang suportahan ang pag-inom ng gamot sa tamang oras.
- access sa therapeutic pool para sa mahusay na paggalaw ng kasu-kasuan
- mga air conditioner para sa mga miyembro na nakararanas ng kahirapan sa kanilang paghinga sa panahon ng matinding init

Upang ma-access sa Flexible Services, maaari kayong makipag-ugnayan sa inyong doktor o sa sinumang miyembro ng inyong team ng pangangalaga. Maaari din kayong tumawag sa Trillium sa 1-877-600-5472 at hilingin na makausap ang isang Tagapamahala ng Kaso. Sasagutan ng isang miyembro ng inyong team ng pangangalaga o isang Tagapamahala ng Kaso ng Trillium ang isang form. Mahalaga na makatiyak na ang item o serbisyo ay susuporta sa inyo sa isang malusog na positibong paraan. Mahalaga din na tiyakin na ang item o serbisyo ay hindi bahagi ng isa pang benepisyo na magagamit ninyo. Maaaring abutin ng 10 araw upang iproseso ang kahilingan. Kapag naproseso na ang kahilingan, iuutos namin ang serbisyo o item. Sa ilang kaso, maaari itong abutin ng karagdagang panahon upang maihatid ang item. Kung tinanggihan ang kahilingan na serbisyo na may kaugnayan sa kalusugan, aabisuhan kayo ng Trillium. May karapatan kayong magsampa ng karaingan.

## **Ano ang mga Kinatawan ng Koneksyon sa Miyembro (mga MCR)?**

Ang mga MCR ay ang mga Health Worker sa Komunidad, sertipikado sa Estado ng Oregon at nagtatrabaho sa Trillium. Nagtatrabaho ang mga MCR upang ikonekta ang mga miyembro sa mga kinakailangang serbisyo. Makakatulong sa inyo ang mga MCR na ma-access ang inyong mga benepisyo at gumawa ng mga medikal na appointment. Maaari din nilang ikoordina ang mga pangangailangang panlipunan tulad ng pabahay at pagkain. Maaari nila kayong ikonekta sa mga mapagkukunan sa komunidad. Lubos na makikipagtulungan ang mga MCR sa inyong medikal na tahanan ng pangunahing pangangalaga at internal na team ng Trillium. Maaari silang makipag-ugnayan sa inyo sa pamamagitan ng telepono, video o sa inyong bahay. Makatutulong sila sa mga bagay tulad ng kung paano alalahanin na uminom ng inyong gamot sa tamang oras. Makatutulong din sila sa mga aplikasyon para sa pabahay



o tulong sa pagpapainit o paghanap ng mga kinakailangang item sa pamamagitan ng mga sistemang panlipunan. Maaaring mag-alok ang mga MCR ng pagtuturo sa kalusugan para sa diabetes at hika. Labis na mapamaraan ang mga MCR at kilala ang kanilang komunidad. Kung gusto ninyong makipagtulungan sa isang MCR, mangyaring tumawag sa 1-877-600-5472 at humiling na makausap ang isang Kinatawan ng mga Koneksyon sa Miyembro.

## Ano ang Koordinasyon ng Pangangalaga at Pamamahala ng Kaso?

Narito ang Trillium upang tumulong na matugunan ang inyong mga layunin sa pangangalaga ng kalusugan. Sa pamamagitan ng paraan na pagtutulongan, nagtatrabaho kami upang ikoordina ang pangangalaga batay sa inyong natatanging mga pangangailangan. Nakikipagtulungan kami sa inyo, sa inyong mga provider at sinumang itinalaga ninyo, upang gumawa ng isang komprehensibong landas sa kagalingan at pag-iwas. Gumagamit kami ng isang nakakoordinang paraan sa mga mapagkukunan ng komunidad at sa aming team ng pangangalaga upang matiyak na natutugunan ang inyong mga pangangailangan. Tumutulong ang paraang ito sa inyo na i-navigate ang sistema ng pangangalaga ng kalusugan upang makamit ang kagalingan ng buong pagkatao, kasama ang kalusugan ng katawan, paggamot sa kalusugan ng pag-uugali at kalusugan sa bibig/ngipin, pati na rin ang pagtulong sa pag-aalis ng mga hadlang.

Kapag kayo ay nasa isang Koordinasyon ng Pangangalaga, Pamamahala ng Kaso, o Programa ng mga Serbisyo sa Koordinasyon ng Masinsinang Pangangalaga, magkakaroon kayo ng itinalagang tagapamahala ng pangangalaga. Makikipagtulungan sa inyo ang inyong tagapamahala ng pangangalaga upang bumuo ng plano ng pangangalaga. Magkakaroon ng mga aktibidad ang planong ito upang tumulong na matugunan ang inyong mga pangangailangan. Sasali kayo at ang inyong team ng pangangalaga sa paggawa ng mga layunin upang mapabuti ang inyong kalusugan at kapakanan. Binubuo itong team ng pangangalaga ng inyong doktor, therapist, pamilya, o sinumang mahalaga sa inyong mga resulta ng kalusugan. Ia-update ang mga plano ng pangangalaga nang hindi bababa sa bawat taon, ngunit mas maagang ia-update, kung kinakailangan, kapag nakamit ninyo ang inyong mga layunin o nagbago ang inyong mga pangangailangan. Maaari kayong humiling ng isang coordinator ng pangangalaga anumang oras. Tumawag sa mga Serbisyo sa Miyembro sa 1-877-600-5472 (TTY: 711).

Hilingin na makausap ang coordinator ng pangangalaga. Maaari din kaming makipag-ugnayan sa inyo kung ang inyong provider o isa pang mapagkukunan sa komunidad ay humiling sa amin na tumulong.

## Edukasyong pangkalusugan na sensitibo sa kultura

Iginagalang namin ang dignidad at ang pagkakaiba-iba ng aming mga miyembro at ang mga komunidad kung saan sila nakatira. Gusto naming pagsilbihan ang mga pangangailangan ng mga tao sa lahat ng kultura, wika, lahi, etnikong pinagmulan, kakayahan, relihiyon, kasarian, oryentasyong sekswal, pagkakakilanlan ng kasarian, at iba pang espesyal na pangangailangan ng aming mga miyembro. Gusto naming makaramdam ang lahat na malugod na tinatanggap at pinaglilingkuran nang mabuti sa aming plano. Marami kaming mga programa sa malusog na pamumuhay at mga aktibidad para magamit ninyo. Kasama sa aming mga programang pagtuturo ng kalusugan ang pangangalaga sa sarili, pag-iwas, at pangangasiwa ng sarili kapag maysakit. Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa mga serbisyonang ito, mangyaring tumawag sa mga Serbisyo sa Miyembro sa 1-877-600-5472, TTY 711.

## Konseho ng Pagpapayo sa Komunidad

Ang Trillium ay may dalawang Konseho ng Pagpapayo sa Komunidad (mga CAC). Kinakatawan ng isang CAC ang county ng Lane sa Timog. Kinakatawan ng isang CAC ang mga county ng Clackamas, Multnomah, at Washington sa Hilaga. Mahigit sa kalahati ng mga miyembro ng CAC ay mga miyembro ng Trillium OHP o mga magulang/lolo at lola ng mga miyembro ng Trillium OHP. Nagmula ang iba pang miyembro sa mga ahensya at organisasyon na nakikipagtulungan sa mga miyembro ng Trillium. Ibinabahagi ng CAC ang kanilang mga karanasan at nagbibigay ng feedback upang tumulong na mapabuti ang mga programa at serbiyo ng Trillium. Nagpapayo rin sila sa Trillium sa mga inisyatiba na batay sa komunidad. Ang CAC ay pangunahing kasosyo sa Pagtatasa sa mga Pangangailangan sa Kalusugan ng Komunidad at Plano ng Pagpapahusay ng Kalusugan ng Komunidad. Kung gusto ninyong sumali sa CAC, matuto nang higit pa, o magbahagi ng ideya, mangyaring tumawag sa amin o bumisita sa <https://www.trilliumohp.com/about-us/public-notices/community-advisory-council-public-notices.html>

## Sulat ng pagsaklaw ng OHP

Magpapadala sa inyo ang Awtoridad ng Kalusugan ng Oregon ng isang sulat ng pagsaklaw na inilista ang numero ng telepono ng mga Serbisyo sa Miyembro ng OHP, ang inyong pakete ng benepisyo, at pinamahalaang plano ng pangangalaga. Nakalista sa sulat na ito ang impormasyon para sa lahat sa inyong bahay na mayroong Oregon Health ID.

## Mga card ng pagkakakilanlan (ID) ID card ng Oregon Health

Magpapadala sa inyo ang DHS ng isang Oregon Health ID na may pangalan ninyo, numero ng kliyente, at ang petsa ng pag-isyu. Makatatanggap ang bawat taong may OHPng sarili nilang Oregon Health ID card. Mangyaring dalhin ang card na ito sa bawat appointment ninyo.

### Trillium ID card

Magpapadala rin ang Trillium sa inyo ng isang ID card na nagsasabing miyembro kayo ng Trillium OHP. May pangalan ninyo ito, pangalan ng inyong PCP, inyong Organisasyon ng Pangangalaga ng Ngipin, at mga numero ng telepono para sa mga Serbisyo sa Miyembro, paunang pag-apruba, mga emergency, transportasyon (mga pagsakay), at mga tanong sa pharmacy. Mangyaring dalhin ang card na ito kasama ang inyong Oregon Health ID card sa bawat appointment ninyo.

## Paano kung mayroon akong Medicare at OHP?

Kung mayroon kayong OHP at kuwalipikado para sa Medicare, ikokoordina ng Trillium ang inyong mga serbisyo. Hindi ninyo kailangang bayaran ang co-insurance at mga ibinabawas maliban kung kayo ay:

- Nakatanggap ng mga serbisyo mula sa mga provider na hindi kasali sa Trillium at ang mga serbisyong iyon ay hindi para sa isang emergency.
- Nakatanggap ng mga serbisyo na hindi saklaw sa ilalim ng inyong mga benepisyo sa Medicare at OHP sa oras na natanggap ninyo ang mga serbisyo.

Depende kung ano ang inyong planong pangkalusugan sa Medicare at antas ng saklaw, makatutulong kami na pagsamahin o makipag-ugnayan upang tulungan kayo na ikoordina ang pangangalaga sa pagitan ng inyong iba't ibang kompanya ng insurance. Kapag may Medicare kayo, nauuna

ito para sa saklaw. Makikipagtulungan sa inyo ang Trillium, sa inyong provider at sa inyong kompanya ng insurance sa Medicare upang tiyakin na nakukuha ninyo ang lahat ng pangangalagang kailangan at gusto ninyo.

Kung kayo ay Miyembro na may Dalawang Espesyal na Pangangailang na may saklaw sa Trillium Medicare at Trillium Medicaid, palagi kayong magkakaroon ng nakatalagang tagapamahala ng kaso na tutulong sa inyo upang suportahan ang pangangailan ng inyong buong pagkatao. Magagamit ang tulong upang matiyak na makatatanggap kayo ng mahusay na pangangalaga at sumusunod sa mga plano ng paggamot na itinakda ng inyong provider nang walang pagkaantala. Kung nararamdaman ninyong kailangan ninyo ng tulong dito, mangyaring tumawag sa isang Coordinator ng Pangangalaga o Tagapamahala ng Kaso ng Trillium sa 1-877-600-5472.

## Paano ako kukuha ng interpreter?

Maaari kayong magkaroon ng interpreter ng boses o sign language sa inyong mga appointment kung gusto ninyo ng isa. Kapag tumawag kayo para sa isang appointment, sabihin sa opisina ng inyong provider na kailangan ninyo ng isang interpreter at kung sa anong wika. Libre ang serbisyong ito. Kung kailangan ninyo ng interpreter ng wika o sign language para sa mga pagbisita sa pangangalaga ng kalusugan, maaari kayong:

1. Tumawag sa Trillium.
2. Tumawag sa opisina ng inyong doktor at hilingin sa kanila na ihanda ang isang interpreter para sa inyong pagbisita. Ang impormasyon tungkol sa mga Interpreter sa Pangangalaga ng Kalusugan ay nasa [www.Oregon.gov/oha/oei](http://www.Oregon.gov/oha/oei).

# ANO ANG AKING MGA KARAPATAN AT RESPONSABILIDAD BILANG MIYEMBRO?

Ipinapaliwanag ng pahayag na ito ang inyong mga karapatan at responsibilidad bilang miyembro ng Trillium Community Health Plan (Trillium). Bilang miyembro ng Trillium Community Health Plan, kayo ay may mga partikular na karapatan. Mayroon ding mga partikular na bagay na kayo ay responsable. Kung mayroon kayong anumang tanong tungkol sa mga karapatan at responsibilidad na nakalista rito, tumawag sa mga Serbisyo sa Miyembro sa 1-877-600-5472. Humiling na makausap ang Pangasiwaan ng Pangangalaga.

May karapatan kayong gamitin ang inyong mga karapatan bilang miyembro nang walang anumang masamang aksyon o diskriminasyon. Kung nararamdamam ninyo na hindi iginalang ang inyong mga karapatan, maaari kayong magsampa ng karaingan. Maaari din kayong tumawag sa isang Ombudsperson sa pamamagitan ng Awtoridad ng Kalusugan ng Oregon sa 1-877-642-0450 o TTY 711.

Maaari din kayong makipag-ugnayan sa Coordinator ng Walang Diskriminasyon ng Trillium:  
Geno Allen, Coordinator ng Walang Diskriminasyon,  
[gilbert.e.allen@trilliumchp.com](mailto:gilbert.e.allen@trilliumchp.com),  
555 International Way, Building B,  
Springfield, OR 97477  
Telepono: 541-650-3618, Toll-free 877-600-5472  
o TTY 711.

May mga pagkakataon na ang mga taong wala pang 18 taong gulang (mga menor de edad) ay nagnanais o kailangang kumuha ng mga serbisyo sa pangangalaga ng kalusugan nang mag-isa. Upang malaman ang higit pa, basahin ang “Mga Karapatan ng mga Medor de Edad: Pag-access at Pahintulot sa Pangangalaga ng Kalusugan.” Sinasabi sa inyo ng booklet na ito ang mga uri ng serbisyo na maaaring kuhanin nang mag-isa ng mga menor de edad. Sinasabi rin sa inyo kung paano maaaring ibahagi ang impormasyon sa pangangalaga ng kalusugan ng mga menor de edad. Maaari ninyong basahin ang booklet na ito online sa <https://www.oregon.gov/oha/PH/HEALTHYPEOPLEFAMILIES/YOUTH/Documents/minor-rights.pdf>

## Mga Karapatan ng Miyembro

### BILANG MIYEMBRO NG TRILLIUM MAYROON KAYONG KARAPATAN NA:

- Tratuhan nang may dignidad, paggalang, at konsiderasyon sa inyong pagkapribado.
- Maaari ninyong malaman kung tumatanggap ang isang provider ng mga bgaong miyembro sa pagtingin sa direktoryo ng provider.
- Tratuhan ng mga provider sa parehong paraan tulad ng iba pang taong naghahangad ng pangangalaga ng kalusugan.
- Pumili ng inyong mga provider at palitan ang mga pagpipiliang iyon.
- Direktang i-refer ang inyong sarili sa mga serbisyo sa kalusugan ng pag-uugali o pagpapalano ng pamilya nang hindi kumukuha ng referral mula sa inyong PCP o isa pang provider.
- Isama ang isang kaibigan, miyembro ng pamilya, o katulong sa inyong mga appointment.
- Lumahok sa paggawa ng inyong plano ng paggamot.
- Kumuha ng impormasyon tungkol sa inyong kondisyon, kung ano ang saklaw, at kung ano ang hindi saklaw, upang makagawa kayo ng magandang desisyon tungkol sa inyong paggamot. Kuhanin ang impormasyong ito sa inyong wika at sa format na gumagana para sa inyo.
- Tanggapin o tanggihan ang mga paggamot at masabihan kung ano ang maaaring mangyari batay sa inyong desisyon. Hindi maaaring tanggihan ang isang serbisyong iniutos ng hukuman.
- Kumuha ng mga nakasulat na babasahin na nagsasabi sa inyo ng inyong mga karapatan, responsibilidad, benepisyo, paano kumuha ng mga serbisyo, at kung ano ang gagawin sa isang emergency.
- Kumuha ng mga babasahin na ipinaliwanag sa paraan na maiintindihan ninyo at sa inyong wika.
- Alamin ang tungkol sa mga CCO at ang sistema ng pangangalaga ng kalusugan.

- Kumuha ng mga serbisyo na isinasaalang-alang ang inyong mga pangangailangang pangkultura at wika at malapit sa inyong tirahan. Kung magagamit, maaari kayong kumuha ng mga serbisyo sa kapaligiran na hindi tradisyonal.
- Kumuha ng koordinasyon ng pangangalaga, pangangalaga na nakabatay sa komunidad, at tulong sa mga pagpapalit ng pangangalaga sa paraang gumagana sa inyong wika at kultura upang mabawasan ang pangangailangan para sa mga pagbisita sa ospital o pasilidad ng pangangalaga.
- Kumuha ng mga serbisyo na kinakailangan upang ma-diagnose ang kondisyon ng inyong kalusugan.
- Kumuha ng pangangalaga at mga serbisyo na nakasentro sa tao na ibinibigay ang inyong pinili, kalayaan, at dignidad. Ibabatay ang pangangailangan ito sa inyong mga pangangailangan sa kalusugan at natutugunan ang mga pamantayan ng pagsasanay na karaniwang tinatanggap.
- Magkaroon ng matatag na relasyon sa isang team ng pangangalaga na responsable sa pamamahala ng inyong pangkalahatang pangangalaga.
- Kumuha ng tulong upang magamit ang sistema ng pangangalaga ng kalusugan at makakuha ng mga mapagkukunan na kailangan ninyo. Kasama sa mga ito ang:
  1. Mga sertipikado o kuwalipikadong interpreter sa pangangalaga ng kalusugan
  2. Mga sertipikadong tradisyonal na health worker
  3. Mga health worker sa komunidad
  4. Mga espesyalista ng kagalingan ng kauri
  5. Mga espesyalista ng suporta ng kauri
  6. Mga doula
  7. Navigator ng Personal na Kalusugan
- Makakuha ng mga saklaw na serbisyo sa pag-iwas sa sakit.
- Makakuha ng agaran o pang-emergency na mga serbisyo 24 na oras kada araw, pitong araw kada linggo nang walang paunang pahintulot.
- Makakuha ng referral sa mga provider na espesyalista para sa mga saklaw na serbisyong nakakoordina na kinakailangan batay sa inyong kalusugan.
- Ingatan ang klinikal na rekord na sumusubaybay sa inyong mga kondisyon, mga serbisyong nakukuha ninyo, at mga referral.
- Magkaroon ng access sa inyong mga klinikal na rekord. Maaaring may mga oras na paghihigpitan ng batas ang inyong pag-access.
- Ilipat ang inyong klinikal na rekord sa isa pang provider.
- Itama ang inyong klinikal na rekord o baguhin para mas maging tumpak.
- Gumawa ng pahayag ng inyong mga kagustahan sa paggamot. Maaaring ito ay mayroon ng inyong mga kagustuhan na tanggapin o tanggihan ang paggamot na medikal, operasyon, o kalusugan sa isip. Magbibigay din ito ng mga tagubilin at kapangyarihan ng abogado para sa inyong pangangalaga.
- Tumanggap ng nakasulat na abiso ng pagtanggig o pagbabago sa isang benepisyo bago ito mangyari. Maaaring hindi kayo makatanggap ng abiso kung hindi iniuutos ng mga regulasyon ng pederal o estado.
- Magsampa ng isang karaingan o apela.
- Humiling ng pagdinig kung hindi kayo sumasang-ayon sa isang desisyong ginawa ng Trillium Community Health Plan o ng OHP.
- Kumuha ng sertipikado o kuwalipikadong mga serbisyo na interpreter sa pangangalaga ng kalusugan, kasama ang pagsasalin ng sign language.
- Makatanggap ng abiso ng kanselasyon ng appointment sa tamang oras.
- Hindi mapigil o ilayo mula sa mga tao upang maipagawa ninyo ang isang bagay na hindi ninyo gustong gawin, ginagamit bilang isang paraan upang parusahan kayo, o gawing mas madali ang pag-aalaga sa inyo.
- Tratuhan nang patas at magsampa ng reklamo ng diskriminasyon kung nararamdaman ninyo na hindi patas ang pagtrato sa inyo dahil sa inyong:
  1. Edad
  2. Kulay
  3. Kapansanan
  4. Pagkakakilanlan ng Kasarian
  5. Katayuan ng kasal
  6. Lahi
  7. Relihiyon
  8. Kasarian
  9. Oryentasyong Sekswal

- Ibahagi ang impormasyon sa Trillium Community Health Plan sa paraang elektroniko. Maaari ninyong piliin na gawin ito o hindi.

## Mga Responsibilidad ng Miyembro

### BILANG MIYEMBRO NG TRILLIUM MAYROON KAYONG KARAPATAN NA:

- Pumili o tumulong sa pagpili ng isang provider ng pangunahing pangangalaga at dentista ng pangunahing pangangalaga.
- Tratuhan ang tauhan ng Trillium Community Health Plan, mga provider, at tauhan ng klinika nang may paggalang.
- Dumating sa tamang oras para sa mga appointment.
- Tumawag nang maaga kung inaasahan ninyong kayo ay mahuhuli o ikansela ang inyong appointment kung hindi kayo makakarating.
- Kumuha ng inyong taunang mga checkup, mga pagbisita para sa kagalingan, at pangangalaga upang makaiwas sa sakit upang mapanatili kayong malusog.
- Gumamit ng inyong PCP para sa inyong mga pangangailangan sa pangangalaga ng kalusugan maliban kung emergency ito.
- Gumamit ng agaran at pang-emergency na pangangalaga nang naaangkop.
- Ipaalam sa inyong PCP sa loob ng 72 oras kung gumamit kayo ng mga serbisyo na pang-emergency.
- Kumuha ng referral mula sa inyong PCP upang magpatingin sa isang espesyalista kung kailangan ninyo ito. May ilang kaso kung saan hindi ninyo kailangan ang referral.
- Maging tapat sa inyong mga provider upang makapagbigay sila sa inyo ng pinakamahusay na pangangalaga.
- Tulungan ang inyong provider na kuhanin ang inyong rekord ng kalusugan. Maaaring kailangan ninyong pumirma sa isang pahintulot upang ibigay ang inyong mga rekord.
- Magtanong kung hindi malinaw ang anumang bagay.
- Gamitin ang impormasyon mula sa Trillium Community Health Plan, sa inyong mga provider, o team ng pangangalaga upang makagawa ng pinakamahusay na pagpili para sa inyo tungkol sa inyong kalusugan.

- Tulungan ang inyong provider na gumawa ng inyong plano ng paggamot.
- Sundin ang mga tagubilin ng inyong mga provider o humiling ng ibang pagpipilian.
- Ipaalam sa inyong provider na mayroon kayong OHP at dalhin ang inyong mga ID card ng medikal sa mga appointment.
- Sabihin sa Oregon Health Plan (OHP):
  1. Kung pinalitan ninyo ng inyong numero ng telepono.
  2. Kung pinalitan ninyo ang inyong address.
  3. Kung nabuntis kayo at kailan kayo magsisilang.
  4. Kung lumipat o umalis ang sinumang miyembro ng pamilya sa inyong bahay.
  5. Kung mayroon kayong anumang ibang insurance na magagamit.
- Bayaran ang mga serbisyo na hindi saklaw.
- Tulungan ang Trillium Community Health Plan na maibalik ang pera mula sa anumang pera na natanggap ninyo dahil sa isang pinsala. Ang halagang ito ay hanggang sa kung ano ang binayaran namin sa mga benepisyo na kaugnay ng pinsalang iyon.
- Dalhin ang mga problema, reklamo, o karaingan sa atensyon ng Trillium Community Health Plan.

Kung nakatanggap kayo ng mga serbisyong hindi emergency na transportasyon (mga pagsakay) na papunta sa inyong mga appointment, mayroon din kayong mga sumusunod na karapatan at responsibilidad ng pasahero:

## Mga Karapatan ng Pasahero

### BILANG MIYEMBRO NG OHP MAY KARAPATAN KAYO NA:

Maka-access sa ligtas, napapanahon, at naaangkop na mga pagsakay 24 na oras kada araw, 365 araw kada taon.

- Sumakay sa pinakanaaangkop na sasakyan batay sa inyong mga pangangailangan, lokasyon ng inyong appointment, at gastos;
- Hindi singilin para sa mga serbisyong NEMT ng Trillium;
- Hindi singilin para sa mga serbisyong NEMT ng mga subcontracted na provider ng transportasyon;
- Ma-access ang mga patakaran at pamaaraan sa NEMT ng Trillium;



- Tumanggap ng mga nakasulat na abiso ng pagtanggì sa inyong kahilingan na pagsakay sa loob ng 72 oras ng desisyon. Susuriin ng dalawang tauhan ang kahilingan bago ito tanggihan upang matiyak na naaangkop ito;
- Isang kopya ng pagtanggì ang mapupunta sa provider na nakaiskedyul na puntahan ninyo. Mangyayari ito kung bahagi ng network ng Trillium ang provider at humihiling siya ng pagsakay para sa inyo.
- Makatanggap ng abiso kapag nakaiskedyul ang inyong pagsakay;
- Hindi ibaba nang mahigit sa 15 minuto bago ang inyong appointment o bago magbukas ang gusali maliban kung hiniling ninyo o, kung naaangkop, ng inyong tagapag-alaga, magulang, o kinatawan; at
- Hindi sunduin nang higit sa 15 minuto pagkatapos magsara ang gusali ng inyong appointment o mahigit sa isang oras pagkatapos kayong humiling ng pagsundo maliban kung hiniling ninyo ito o matatapos ang inyong appointment pagkatapos nitong magsara o ayon sa hiniling ng miyembro, o kung naaangkop, ng tagapag-alaga, magulang, o kinatawan ng Miyembro;
- Pagsakay sa isang sasakyan:
  - Na malinis at walang basura na nakakaapekto sa inyong kakayahang sumakay nang maginhawa;
  - May naaangkop na mga safety belt, kung legal na kailangan ang sasakyan na magkaroon ng mga safety belt.
  - May first aid kit, fire extinguisher, roadside reflective o mga warning device, flashlight, mga tire traction device sa masamang panahon, at mga disposable na guwantes;
  - Mayroon ng lahat ng kagamitang kailangan para i-secure ang wheelchair o stretcher kung naaangkop;
  - Nasa mabuting kondisyon sa pagtakbo, kasama ang mga side at rearview mirror, busina, at gumaganang turn signal, headlight, taillight, at windshield wiper;
- Maipagmaneho ng isang tsuper na nakatutugon sa lahat ng kinakailangan ng Estado upang maging isang tsuper ng NEMT:
  - Maayroong valid na pagpaparehistro at lisensya sa pagmamaneho ng estado
  - Aprubadong pagsusuri ng background kasama ang kasaysayan ng krimen, kasaysayan ng tsuper, katayuan ng nagkasala sa sekso, at pagsusuri sa paggamit ng droga
  - Mayroong nakadokumentong pagsasanay para sa pagmamaneho at pagtulong sa mga miyembrong may mga kapansanan at mga espesyal na pangangailangan.
- Humiling ng makatwirang pagbabago ng inyong pagsakay o biyahe kapag naaangkop alinsunod sa mga batas ng estado at pederal. Kasama rito ang kapag:
  - Nagbabanta ang isang tsuper na saktan kayo o iba pang nasa sasakyan,
  - Nagmamaneho o gumagawa ng gawi na naglalagay sa inyo o sa iba pang nasa sasakyan sa panganib na mapahamak, o
  - Nagpapakita ng direktang pagbabanta sa inyo o sa iba pang nasa sasakyan.
- Humiling ng mga pagbabago sa inyong pagsakay o biyahe upang matugunan ang Batas ng mga Amerikanong May Kapansanan at ibang umiiral na batas at patakaran;
- Makagawa ng isang reklamo o apela sa pagtanggì sa inyong kahilingan sa pagsakay sa Trillium at makatanggap ng pagtugon.
- Makagawa ng mga rekomendasyon tungkol sa mga patakaran sa karapatan at responsibilidad ng pasahero ng Trillium;
- Magsampa ng karaingan at humiling ng apela o muling pagsasaalang-alang.
- Tumanggap ng mga kabayaran para sa mga saklaw na serbisyo.

## Mga Responsibilidad ng Pasahero

### BILANG ISANG MIYEMBRO NG OHP, SUMASANG-AYON KAYO NA:

- Tapusin ang isang pagtatasa sa inyong mga pangangailangan sa transportasyon (mga pagsakay) kapag humihiling ng pagsakay;
- Abisuhan ang MTM kapag nagbago ang mga kondisyon ng inyong kalusugan na maaaring makaapekto sa kung anong sasakyan ang nakaiskedyul para sa inyong pagsakay;

- Mag-iskedyul ng mga pagsakay nang mas maaga na magagawa ninyo. Kayo o ng inyong kinatawan ay maaaring mag-iskedyul ng:
  - Isang beses na appointment – hanggang 90 araw na maaga;
  - Mga paulit-ulit na appointment – isaayos ang lahat ng pagsakay na kinakailangan nang isang beses, hanggang 90 araw na maaga;
  - Mga appointment sa parehong araw – tumawag sa lalong madaling panahon na magagawa ninyo.
- Hindi manigarilyo, gumamit ng mga aerosol, o mag-vape sa sasakyan anumang oras.
- Dalhin ang lahat ng item na dala ninyo kapag bumababa sa sasakyan;
- Sundin ang lahat ng batas na pangtransportasyon (mga pagsakay) ng lokal, estado, at pederal tungkol sa mga pamantayan sa kaligtasan ng pasahero;
- Magbiyahe papunta at mula sa isang appointment kasama ang isang attendant kung kayo ay 12 taong gulang o mas bata o kung kailangan ninyo ng tulong sa biyahe.
  - Ang isang attendant ay maaaring isang magulang, tagapag-alaga, step-parent, lolo o lola, o ang inyong kinatawan. Kung hindi siya isa sa mga taong ito, dapat magbigay ang inyong magulang o tagapag-alaga ng nakasulat na pahintulot para sa sinumang adulto na 18 taong gulang o mas matanda na maging inyong attendant. Ang mga attendant ay hindi maaaring wala pang 18 taong gulang;
- Magbigay at mag-install ng anumang mga upuang pangkaligtasan na iniuutos ng batas ng Oregon para sa ligtas na transportasyon (mga pagsakay);
- Magbigay ng anumang iba pang kagamitang medikal na kinakailangan para sa inyong pagbiyahe, tulad ng oxygen, wheelchair, o mga tungkod;
- Makipagtulungan sa Trillium at MTM tungkol sa anumang makatwirang pagbabago ng inyong pagsakay o biyahe kung:
  - Nagbabanta kayo na saktan ang tsuper o iba pang tao na nasa sasakyan,
  - Nagpakita ng direktang banta sa tsuper o sa iba pang nasa sasakyan,
  - Sumali sa gawain o pangyayari na naglalagay sa tsuper o sa iba pang nasa sasakyan sa panganib na mapinsala,
  - Sumali sa gawain na sa paghatol ni Trillium ay nagiging sanhi upang tanggihan ng mga lokal na doktor o pasilidad na magbigay ng karagdagang mga serbisyo nang walang pagbabago,
  - Madalas na hindi nagpapakita sa mga nakaiskedyul na pagsakay, o
  - Madalas na kinakansela ang pagsakay sa araw ng biyahe;
- Ibinibigay ang lahat ng hiniling na impormasyon para sa mga kahilingan sa pagbabalik ng bayad;
- Binabayaran ang anumang labis na pagbabayad ng mga reimbursement na ginawa sa inyo ayon sa iniuutos ng mga regulasyon ng estado;
- Dinadala ang mga problema, reklamo, o karaingan sa atensyon ng Trillium.

# PAANO KUMUHA NG MEDIKAL NA PANGANGALAGA KAPAG KAILANGAN NINYO ITO

## Paano ako hahanap ng doktor o provider?

Hindi kasama sa handbook na ito ang Direktoryo ng Provider ng Trillium. Ipinadala sa inyo sa koreo ang isang kopya kasama ng handbook na ito sa una ninyong pagpapatala. Kung kailangan ninyo ng isa pang kopya, tumawag sa amin. Kung may internet kayo maaari kayong maghanap ng isang provider o i-print ang direktoryo ng provider sa:

<https://findaprovider.trilliumhealthplan.com/location>

Hindi tumatanggap ng mga bagong pasyente ang ilang provider sa Trillium. Kung kailangan ninyo ng tulong sa paghahanap ng isang provider na tumatanggap ng mga bagong pasyente o isang provider na nagsasalita ng wika bukod sa Ingles, tumawag sa Trillium. Para sa regular na pangangalaga sa ospital, dapat ninyong piliin ang isang ospital na nakalista sa Direktoryo ng Provider ng Trillium:

### Legacy Meridian Park Hospital

19300 SW 65th Ave., Tualatin, OR 97062 503-692-1212

Tumawag ang mga gumagamit ng TTY sa 711

<https://www.legacyhealth.org/locations/hospitals/legacy-meridian-park-medical-center.aspx>

### Legacy Mt Hood Medical Center

24800 SE Stark St., Gresham, OR 97030 503-674-1122

Tumawag ang mga gumagamit ng TTY sa 711

<https://www.legacyhealth.org/locations/hospitals/legacy-mount-hood-medical-center.aspx>

### Legacy Emanuel Medical Center

2801 North Gantenbein Ave., Portland, OR 97227

503-413-2200 Tumawag ang mga gumagamit ng TTY sa 711

<https://www.legacyhealth.org/doctors-and-locations/hospitals/legacy-emanuel-medical-center>

### Legacy Good Samaritan Hospital and Medical Center

1015 NW 22nd Ave., Portland, OR 97210 (503) 413-7711

Tumawag ang mga Gumagamit ng TTY sa 711

<https://www.legacyhealth.org/doctors-and-locations/hospitals/legacy-good-samaritan-medical-center>

### Oregon Health & Science University

3181 SW Sam Jackson Park Rd., Portland, OR 97239

503-494-8311 Tumawag ang mga gumagamit ng TTY sa 711

<https://www.ohsu.edu/visit/ohsu-hospital-portland>

### Adventist Health Portland

10123 SE Market St., Portland, OR 97216 503-257-2500

Tumawag ang mga gumagamit ng TTY sa 711

[www.adventisthealth.org/portland/](http://www.adventisthealth.org/portland/)

## Ano ang Pangunahing Pangangalaga?

Ang Pangunahing Pangangalaga ay pangkalahatang medikal na pangangalaga at paggamot na ibinibigay ng isang Provider ng Pangunahing Pangangalaga (PCP). Kasama rito ang:

- Mga serbisyo sa pangangalaga ng kalusugan upang makaiwas sa sakit na maagang nahaharap ang problema sa kalusugan o napipigilan itong mangyari. Halimbawa, mga mammogram (mga x-ray ng suso), Pap smear, o mga pagbabakuna (iniksyon);
- Pangangalaga para sa nagpapatuloy na mga talamak na kondisyon, halimbawa: diabetes o hika;
- Mga inireresetang gamot;
- Mga referral para sa pangangalaga ng espesyalista; at
- Pagpasok sa ospital kung kinakailangan.

## Paano ako pipili ng Provider ng Pangunahing Pangangalaga?

Mahalagang kilalanin ang inyong PCP. Dapat mayroong PCP ang mga miyembro ng Trillium. Maaari kayong pumili ng isang PCP na kaanib sa Trillium, o maaari kaming magtalaga ng isa para sa inyo. Upang pumili ng PCP, tumawag sa amin at sabihin sa amin ang PCP na gusto ninyong makita. Kung hindi kayo tumawag sa amin sa loob ng 30 araw upang sabihin sa amin ang PCP na gusto ninyong makita, magtatalaga kami ng isa para sa inyo. Kakailanganin ninyong gamitin ang PCP na itinalaga namin hanggang makapili kayo ng sarili ninyo. Kapag nakatawag na kayo sa Trillium upang palitan ang inyong PCP, magkakabisa ang pagbabago sa unang araw ng susunod na buwan. Maaari din kayong tumawag sa Trillium upang malaman kung sa anong PCP kayo nakatalaga. Kung gusto ninyong pumili ng ibang PCP, makipag-ugnayan sa Trillium.

Nakalista ang mga klinika ng PCP ng Trillium sa aming Direktoryo ng Provider. Maaaring hindi tumatanggap ng mga bagong pasyente ang ilang nakalistang provider. Mangyaring makipag-ugnayan sa Trillium para sa kasalukuyang listahan ng mga provider na tumatanggap ng mga bagong pasyente at mga wikang sinasalita ng provider.

Magpapadala ang Trillium sa inyo ng bagong ID card upang ipaalam sa inyo na napalitan na ang inyong PCP. Kung kailangan ninyo ng tulong sa pagpili ng inyong PCP, tumawag sa mga Serbisyo sa Miyembro ng Trillium sa: 1-877-600-5472, TTY: 711 Lunes hanggang Biyernes, 8:00 a.m. hanggang 5:00 p.m.

Makakatanggap ang mga American Indian at Katutubo ng Alaska ng kanilang pangangalaga mula sa parehong klinika ng mga Serbisyon Pangkalusugan sa Indian (IHS) o sa Samahang Panrehabilitasyon ng Katutubong Amerikano ng Hilagang Kanluran (NARA). Totoo ito kung kayo man ay nasa isang CCO o may fee-for-service (FFS) ng OHP. Dapat singilin ng klinika ang katulad gaya ng mga provider na nasa network. Kung tumatanggap ng mga serbisyo ang isang miyembro ng tribo na nakatala sa CCO sa isang I/T/U, maaaring i-refer ng I/T/U ang miyembro ng tribo sa NARA, kung kinakailangan. Tinutukoy ng acronym na I/T/U ang tatlong uri ng mga Serbisyon Pangkalusugan sa Katutubong Amerikano:

- Mga Serbisyon Pangkalusugan sa Indian (IHS)
- Mga Provider sa Kalusugan na Pang-tribo
- Mga Provider sa Kalusugan ng Urban na Indian

## Paano ako gagawa ng appointment sa aking PCP?

Kapag nakapili na kayo ng inyong PCP o may itinalaga na para sa inyo, gumawa ng appointment sa lalong madaling panahon na magagawa ninyo. Makatutulong ito sa inyo at sa inyong PCP na makilala ang isa't isa bago magkaroon ng medikal na problema. Mangyaring tumawag nang maaga sa inyong PCP para sa rutina at hindi pang-emergency na mga appointment. Tumawag nang maraming linggo nang maaga para sa mga taunang eksaminasyon. Tumawag sa inyong PCP kapag kailangan ninyo ng isang check-up o kapag hindi maganda ang inyong pakiramdam.

### ANG INYONG PCP AY:

- Alam ang inyong medikal na kasaysayan at iniuutos ang lahat ng inyong medikal na pangangalaga.
- Iniingatan ang inyong mga medikal na rekord sa isang lugar upang bigyan kayo ng mas mahusay na serbisyo.

- Tinitiyak na mayroon kayong medikal na pangangalaga sa anumang oras ng araw o gabi, 7 araw kada linggo.
- Isinasabay ang inyong pangangalaga ng espesyalista o ospital.

### SA MGA APPOINTMENT SA INYONG PCP:

- Magdala ng listahan ng anumang tanong o mga medikal na alalahanin na kailangan ninyong talakayin sa inyong PCP.
- Magdala ng listahan ng mga inireresetang gamot at mga bitamina na inyong iniinom at ibigay ito sa inyong PCP.

## Paano ko papalitan ang aking PCP?

Kung gusto ninyong palitam ang inyong PCP, tumawag sa mga Serbisyo sa Miyembro ng Trillium. Maaari ninyong palitan ang inyong PCP kung may ibang provider sa aming network na tumatanggap ng mga bagong pasyente. Maaari ninyong palitan ang inyong PCP hanggang dalawang beses bawat taon.

## Narito ang ilang tip upang makatulong sa inyo na magkaroon ng magandang relasyon sa inyong PCP:

1. Mag-iskedyul at sundin ang inyong mga appointment sa inyong nakatalagang PCP. Responsable ang inyong PCP sa lahat ng paggamot na matatanggap ninyo, kasama ang mga referral sa mga espesyalista.
2. Kung bago kayong pasyente sa Trillium, tumawag sa lalong madaling panahon at mag-iskedyul ng isang check-up sa inyong PCP. Sa paraang iyon, makikilala kayo ng inyong PCP at matutulungan na matugunan ang inyong mga partikular na pangangailangan sa pangangalaga ng kalusugan. Tandaan – rutinang pangangalaga ang mga check-up at mga eksaminasyon sa pagpapanatili ng kalusugan, at maaaring abutin ng maraming linggo upang makakuha ng isang appointment. Kung kailangan ninyo ng agarang pangangalaga, mangyaring sabihin sa inyong klinika.
3. Kinakailangan ng ilang klinika na makipag-ugnayan kayo sa inyong dating medikal na opisina bago ang inyong unang pagbisita at hilingin sa kanila na ilipat ang inyong mga medikal na rekord sa bago

ninyong PCP. Tumutulong ang mga rekord na ito para magbigay ng kumpletong larawan ng inyong kasaysayan ng kalusugan at tumutulong sa bago ninyong PCP na ipagpatuloy ang inyong medikal na pangangalaga.

## **ANO ANG MGA TRADISYONAL NA HEALTH WORKER?**

Ang tradisyonal na health worker (THW) ay isang tao na nakikipagtulungan sa mga miyembro sa koordinasyon ng pangangalaga, pag-navigate at mga pinagkukunan sa komunidad o mga kapaligiran ng klinika. Pinangangasiwaan sila ng mga lisensyadong provider ng kalusugan at sertipikado sa pamamagitan ng estado ng Oregon. Sinasaklaw ng Trillium ang marami sa mga serbisyo ng mga tradisyonal na health worker. Matutulungan kayo ng Trillium sa pag-access sa kanilang mga serbisyo.

May limang iba't ibang uri ng mga tradisyonal na health worker. Ang bawat uri ng THW ay may kanya-kanyang partikular na larangan ng kadalubhasaan.

1. Nagbibigay ang (Pagsilang) Doula ng personal at hindi medikal na suporta sa kababaihan at mga pamilya sa panahon ng pagbubuntis ng kababaihan, pagsilang ng sanggol, at pagkatapos magsilang.
2. Nagbibigay ang Espesyalista ng Suporta sa Kasama (PSS) ng suporta sa isang kasalukuyan o dating gumagamit ng paggamot sa kalusugan ng pag-uugali o pagkagumon.
3. May naranasan sa buhay ang Espesyalista sa Kagalingan ng Kasam (PWS) sa saykayatriko (kalusugan ng isip) na (mga) kondisyon at masusing pagsasanay. Nagtatrabaho ang PWS bilang bahagi ng isang team na nagbibigay ng tagumpay sa tao at kalusugan sa bahay. Ginagamit nila ang kalusugan sa pag-uugali at pangunahing pangangalaga upang makatulong at magtaguyod para sa mga tao sa pagkakamit ng kagalingan.
4. Nagbibigay ang Navigator ng Personal na Kalusugan (PHN) ng impormasyon, tulong, mga kagamitan, at suporta upang payagan ang pasyente na makagawa ng mga pinakamahasag na desisyon sa pangangalaga ng kalusugan.
5. Ang Health Worker sa Komunidad (CHW) ay isang frontline na pampublikong health worker na pinagkakatiwalaang miyembro at/o may mahusay na kaalaman sa komunidad na pinaglilingkuran.

Ang Trillium ay may THW Liaison (point person) na makatutulong sa inyo na kumonekta sa wastong uri ng mga serbisyo ng THW.

Makatutulong din sila na sagutin ang mga tanong tungkol sa mga serbisyo ng THW. Upang makipag-ugnayan sa THW Liaison, mangyaring tumawag sa 1-877-600-5472. Maaari din kayong magpadala ng kahilingan sa pamamagitan ng email sa: [THW@TrilliumCHP.com](mailto:THW@TrilliumCHP.com). Makikita ninyo ang impormasyong ito at anumang update sa impormasyon sa pakikipag-ugnayan ng THW sa aming website sa: <https://www.trilliumohp.com/members/oregon-health-plan/wellness/traditional-health-workers.html>

## **Sinasaklaw namin ang mga pangalawang opinyon**

Wala kayong gagastusin dito. Kung gusto ninyo ng pangalawang opinyon tungkol sa inyong mga pagpipilian sa paggamot, humiling sa inyong PCP na i-refer kayo para sa isa pang opinyon, o maaari naming isaayos ang isa para sa inyo. Kung gusto ninyong magpatingin sa isang provider na wala sa aming network, isasaayos ito ng Trillium para sa inyo.

## **Paano kung hindi ako makakapunta sa aking appointment?**

Isa sa inyong mga responsibilidad bilang miyembro ng Trillium ang pagpapanatili sa inyong mga appointment na medikal, kalusugan ng pag-uugali, at ngipin. Kung dapat ninyong kanselahin ang isang appointment, mangyaring tumawag sa inyong provider sa lalong madaling panahon na magagawa ninyo, nang hindi bababa sa 1 araw bago ang nakaikedyul na appointment. Kung nakaligtaan ninyo ang mga appointment at hindi tumawag sa opisina ng inyong PCP, maaari nilang hingin sa inyo na pumili ng bagong PCP. Hindi kayo masingil ng mga provider para sa mga nakaligtaang appointment.

## **Paano kung kailangan ko kaagad ng pangangalaga?**

Kung bago kayo sa Trillium at kailangan ninyo kaagad ng medikal na pangangalaga o mga inireresetang gamot, mangyaring tumawag sa amin at hilinging makausap ang isang Coordinator ng Pangangalaga. Matutulungan namin kayo sa pag-access sa kinakailangang pangangalaga at iba pang pangangailangan gaya ng mga supply o inyong mga inireresetang gamot. Mahalaga rin na gumawa kayo ng appointment sa inyong PCP sa lalong madaling panahon na magagawa ninyo upang tiyakin na natatanggap ninyo ang pangangalagang kailangan ninyo.



## **Paano kung kailangan ko ng pangangalaga pagkatapos ng oras ng trabaho (tuwing gabi, Sabado at Linggo, at bakason)?**

Aasikasuhin ng inyong PCP ang inyong pangangalaga 24 na oras kada araw, pitong araw kada linggo. Kahit sarado ang opisina ng PCP, tumawag sa numero ng telepono ng opisina ng inyong PCP. Makikipag-usap kayo sa isang tao na makikipag-ugnayan sa inyong PCP o magbibigay sa inyo ng payo kung ano ang gagawin. Kung minsan, maaaring hindi available ang inyong PCP. Sisiguraduhin nilang laging may isa pang provider na palaging available para tumulong sa inyo.

## **Paano kung kailangan kong magpatingin sa isang espesyalista o ibang provider?**

Maaari ninyong isangguni ang inyong sarili sa pangangalaga ng mga espesyalista ng kalusugan ng katawan at pag-uugali para sa medikal na angkop na paggamot ng inyong mga kondisyon. Nangangahulugan ito na maaari kayong pumili ng isang provider para sa medikal na angkop na pangangalaga nang hindi nagtatanong sa inyong PCP. Gayunpaman, ang dahilan (kondisyon o diagnosis) para sa pagbisita ay dapat para sa isang saklaw na serbisyo, at dapat na isang provider na nasa network. Kung sa palagay ninyo na kailangan ninyong magpatingin sa isang espesyalista o ibang provider, makipag-usap muna sa inyong PCP. Matutulungan kayo ng inyong PCP na malaman kung anong mga serbisyo ng espesyalista ang kailangan ninyo.

## **Paano kung mayroon akong mga Pangangailangang Espesyal na Pangangalaga ng Kalusugan?**

Kung mayroon kayong mga pangangailangang espesyal na pangangalaga ng kalusugan, mayroon kayong direktang access sa mga espesyalista ng kalusugan ng katawan at pag-uugali para sa medikal na angkop na paggamot ng inyong mga kondisyon. Nangangahulugan ito na maaari kayong pumili ng isang provider para sa medikal na angkop na pangangalaga nang hindi nagtatanong sa inyong PCP. Gayunpaman, ang dahilan (kondisyon o diagnosis) para sa pagbisita ay dapat para sa isang saklaw na serbisyo, at kadalasan dapat na sa isang provider na nasa network.

Kung sa palagay ninyo na kailangan ninyong magpatingin sa isang espesyalista o ibang provider, makipag-usap muna sa inyong PCP. Matutulungan kayo ng inyong PCP na malaman kung anong mga serbisyo ng espesyalista ang kailangan ninyo.

At, available ang mga Coordinator at Tagapamahala ng Kaso upang tulungan kayo sa inyong mga pangangailangang espesyal na pangangalaga ng kalusugan. Tumawag sa mga Serbisyo sa Miyembro sa 1-877-600-5472. Hilingin na makausap ang Coordinator ng Pangangalaga.

## **Paano kung tumatanggap ako ng mga Pangmatagalang Serbisyo at Suporta?**

Kung tumatanggap kayo ng mga Pangmatagalang Serbisyo at Suporta (LTSS), mayroon kayong direktang access sa mga espesyalista ng kalusugan ng katawan at pag-uugali para sa medikal na angkop na paggamot. Nangangahulugan ito na maaari kayong pumili ng isang provider nang hindi nagtatanong sa inyong PCP. Ang dahilan (kondisyon o diagnosis) para sa pagbisita ay dapat para sa isang saklaw na serbisyo. Kadalasan, dapat kayong magpatingin sa isang provider na nasa network. Kung sa palagay ninyo na kailangan ninyong magpatingin sa isang espesyalista o ibang provider, makipag-usap muna sa inyong PCP. Matutulungan kayo ng inyong PCP na malaman kung anong mga serbisyo ng espesyalista ang kailangan ninyo.

At, makakatanggap pa rin kayo ng mga Serbisyo ng Koordinasyon ng Masinsinang Pangangalaga (ICC) mula sa Trillium sa pamamagitan ng pagtawag sa mga Serbisyo sa Miyembro sa 1-877-600-5472. Hilinging makipag-usap sa isang ICC coordinator o tagapamahala ng kaso.

## **Nasa ibaba ang isang listahan ng mga serbisyong maaari ninyong matanggap nang walang referral mula sa inyong PCP.**

Upang isangguni ang sarili sa mga serbisyong ito, dapat kayong pumunta sa isang provider na nasa network. Tumawag sa provider upang malaman kung nasa network sila. Pagkatapos, makagagawa na kayo ng sarili ninyong appointment.

- Paggamot na Tinutulungan ng Gamot para sa pagkagumon sa Opioid; (unang 30 araw ng paggamot). Gamitin ang aming Find-a-Provider para pumili ng provider.

- Mga serbisyo ng Tradisyonal na Health Worker. Gamitin ang aming Find-a-Provider para pumili ng provider o tumawag sa mga Serbisyo sa Miyembro ng Trillium.
- Paggamot sa sakit dulot ng droga at alak. Gamitin ang aming Find-a-Provider para pumili ng provider.
- Maaaring direktang i-access ng mga babaeng miyembro ang mga espesyalista ng kalusugan ng kababaihan sa loob ng network ng provider para sa mga saklaw na serbisyong kailangan upang magbigay ng karaniwang eksaminasyon sa kababaihan at mga serbisyo ng pangangalaga ng kalusugan ng kababaihan upang makaiwas sa sakit. Kasama rito ang ngunit hindi limitado sa pangangalaga bago magsilang, mga eksaminasyon ng suso, mga mammogram, at mga Pap test.
- Pangangalaga sa pagbubuntis. Gamitin ang aming Find-a-Provider para pumili ng provider.
- Mga eksaminasyon sa seksuwal na pang-aabuso. Tumawag sa inyong provider.
- Mga serbisyo sa pagpapalano ng pamilya at pagkontrol ng pagbubuntis. Maaari ninyong kuhanin ang mga serbisyong ito mula sa sinumang provider na nakakontra sa Awtoridad ng Kalusugan ng Oregon at lisensyadong magsagawa ng mga serbisyong ito.
- Mga serbisyong sa kalusugan ng pag-uugali. Gamitin ang aming Find-a-Provider para pumili ng provider.
- Tulong upang huminto sa paninigarilyo. Tumawag sa mga Serbisyo sa Miyembro ng Trillium.
- Mga serbisyo sa pag-dialysis ng bato. Gamitin ang aming Find-a-Provider para pumili ng provider.
- Mga pagbabakuna (iniksyon). Gamitin ang aming Find-a-Provider para pumili ng provider.
- Mga serbisyo ng Koordinasyon ng Masinsinang Pangangalaga (ICC)
- Kung tumatanggap ng mga serbisyo ng ICC, LTSS, o may mga espesyal na pangangailangan sa pangangala ng kalusugan, maaaring direktang ma-access ng mga miyembro ang isang espesyalista at medikal na angkop na pangangalaga ng kalusuga nng katawan o kalusugan ng pag-uugali para sa paggamot ng kondisyon at mga natukoy na pangangailangan.

## Paano kung ang provider ay wala sa network?

Kadalasan, dapat kayong magpatingin sa isang espesyalista o provider ng Trillium. Kung available ang serbisyo mula sa mga provider ng Trillium, hihingin namin na gumamit kayo ng provider ng Trillium. Kung hindi available ang serbisyo mula sa mga provider ng Trillium, maaaring aprubahan ng Trillium ang provider na wala sa network. Aaprubahan lang namin ang mga appointment sa labas ng estado kapag ang serbisyo ang hindi available sa Oregon. Hindi kayo maaaring mag-refer ng inyong sarili sa isang provider na wala sa network.

## Paano ako kukuha ng pag-apruba para sa mga serbisyo?

Bilang karagdagan sa referral, kailangan din ng ilang medikal na serbisyo ng pag-apruba ng Trillium bago ninyo makuha ang serbisyo. Tinatawag na pahintulot ang pag-apruba ng ito para sa serbisyo. Kukuhin ng provider na nag-aalok sa inyo ng serbisyo ang pag-apruba mula sa Trillium at sasabihin sa inyo kapag inaprubahan ang serbisyo. Kung wala kayong referral o pahintulot para sa serbisyo, maaaring itanggi sa inyo ang serbisyo o maaaring kailanganin ninyong bayaran ang serbisyo.

## Iba Pang Benepisyo na Saklaw ng OHP

May ilang serbisyo na hindi binabayaran ng Trillium Community Health Plan, ngunit babayaran ng OHP. Kung kailangan ninyo ng tulong sa mga serbisyong ito, mangyaring tumawag sa mga Serbisyo sa Miyembro ng Trillium sa 1-877-600-5472. Hilingin na makausap ang coordinator ng pangangalaga. Kung kailangan ninyo ng tulong sa pagpunta sa mga serbisyong ito, mangyaring tumawag sa MTM toll free sa 877-583-1552 (TTY: 711). Ang ilang halimbawa ng mga serbisyong saklaw ng OHP na hindi ibinibigay ng Trillium ay:

| MGA SERBISYONG PANGKALUSUGAN NA HINDI SAKLAW NG CCO                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                          | PANGANGALAGA MAGAGAMIT NA KOORDINASYON MULA SA CCO | MAGAGAMIT NA TRANSPORTASYON SA PAMAMAGITAN NG CCO | KANINO MAKIKIPAG-UGNAYAN                      |
|----------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------|----------------------------------------------------|---------------------------------------------------|-----------------------------------------------|
| <b>Pagpapakamatay na tinutulunga ng doktor</b> sa ilalim ng Batas sa Kamatayan na may Dignidad ng Oregon, ORS 127.800-127.897<br>- Pinapayagan ang mga residente ng Oregon na may taning ang buhay na kumuha at gumamit ng mga gamot mula sa kanilang mga doktor para sa pagbibigay sa sarili ng mga gamot upang tumulong sa pagtatapos ng buhay.                                                                                                                                            | Hindi                                              | Oo                                                | KEPRO Care Coordination Team sa (800)562-4620 |
| <b>Mga serbisyo ng hospisyo</b> para sa mga Miyembrong nakatira sa isang Pasilidad ng may Kasanayang Pagkalinga;<br>- Pinapayagan ang mga miyembro na kumuha ng medikal na pangangalaga, suporta para sa pamilya, pagtataguyod para sa pasyente, pagpapayong espiritwal, pagsusuri at paggamot ng pananakit, at access sa mga gamot at matibay na medikal na kagamitan upang suportahan ang paglipat sa pagtatapos ng buhay sa isang pasilidad ng pangangalaga ng may kasanayang pagkalinga. | Hindi                                              | Oo                                                | KEPRO Care Coordination Team sa (800)562-4620 |
| <b>Mga Serbisyong Pangkalusugan na Nakabatas sa Paaralan</b> na mga saklaw na serbisyo na ibinibigay alinsunod sa mga kinakailangan ng Batas sa Edukasyon para sa mga Indibidwal na may mga Kapansanan na binabayaran sa programang mga serbisyong pang-edukasyon;<br>- Pinapayagan ang pag-access ng mga estudyante na may mga kapansanan, dapat magbigay ang mga paaralan ng mga medikal na serbisyo bilang bahagi ng kanilang mga plano ng espesyal na edukasyon.                         | Hindi                                              | Oo                                                | KEPRO Care Coordination Team sa (800)562-4620 |
| <b>Mga eksaminasyong pang-administratibo</b> hiniling o pinahintulutan alinsunod sa OAR 410-130-0230;<br>- Pinapayagan ang mga miyembro na magkaroon ng espesyal na mga eksminasyon kapag nasa ilalim ng partikular na mga antas ng pangangalaga.                                                                                                                                                                                                                                            | Hindi                                              | Oo                                                | KEPRO Care Coordination Team sa (800)562-4620 |
| <b>Mga serbisyong ibinibigay sa Mamamayan/mga Dayuhang tumatanggap ng Naka-Waive na Pang-Emergency na Medikal o CAWEM At-CHIP Saklaw Bago Magsilang para sa CAWEM;</b><br>- Pinapayagan ang mga miyembro ng Hindi Mamamyan/Dayuhan na Naka-Waive na Pang-emergency na Medikal na ma-access ang mga serbisyong pang-emergency na medikal at pangangalaga bago magsilang.                                                                                                                      | Hindi                                              | Oo                                                | KEPRO Care Coordination Team sa (800)562-4620 |

| MGA SERBISYONG PANGKALUSUGAN NA HINDI SAKLAW NG CCO                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                              | PANGANGALAGA MAGAGAMIT NA KOORDINASYON MULA SA CCO | MAGAGAMIT NA TRANSPORTASYON SA PAMAMAGITAN NG CCO | KANINO MAKIKIPAG-UGNAYAN                            |
|----------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------|----------------------------------------------------|---------------------------------------------------|-----------------------------------------------------|
| <b>Mga pagpapalaglag</b><br>- Pinapayagan ang mga miyembro na magkaroon ng access sa mga serbisyo sa paghinto ng pagbubuntis.                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                    | Oo                                                 | Oo                                                | KEPRO Care Coordination Team sa (800)562-4620       |
| <b>Pagsisilang sa Labas ng Ospital (OOHB)</b> na mga serbisyo kasama ang pangangalaga bago at pagkatapos magsilang para sa mga babaeng natugunan ang mga pamantayan na tinutuloy sa OAR 410-130-0240<br>- Pinapayagan ang mga miyembro na maka-access sa pangangalaga bago magsilang, pagsisilang at pagkatapos magsilang sa kapaligiran sa labas ng ospital.                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                    | Hindi                                              | Oo                                                | Mga Serbisyo sa Miyembro ng Trillium – 877-600-5472 |
| <b>Mga pangmatagalang serbisyo at suporta na hindi kasama sa ibinabalik na bayad ng CCO</b><br>alinsunod sa ORS 114.631;<br>- Pinapayagan ang mga miyembrong tumatanggap ng mga serbisyo ng LTSS na makatanggap ng nakakoordinang pangangalaga sa pagitan ng CCO at Mga Pangmatagalang Serbisyo at Suporta                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                       | Oo                                                 | Oo                                                | Mga Serbisyo sa Miyembro ng Trillium – 877-600-5472 |
| <b>Pagtulong sa mga miyembro sa pagkakaroon ng access sa ilang serbisyo sa kalusugan ng pag-uugali.</b> Kasama sa mga halimbawa ng mga naturang serbisyo ang, ngunit hindi limitado sa:<br>a) Mga partikular na gamot para sa ilang kondisyon sa kalusugan ng pag-uugali;<br>b) Mga nagpapagaling na gamot para sa ilang kondisyon sa kalusugan ng pag-uugali;<br>c) Pangmatagalang pangangalagang saykayatriko para sa mga miyembrong 18 taong gulang at mas matanda; at<br>d) Personal na pangangalaga sa mga bahay ampunan ng adulto para sa mga miyembrong 18 taong gulang at mas matanda.<br>Para sa karagdagang impormasyon o kumpletong listahan tungkol sa mga partikular na serbisyong ito sa kalusugan ng pag-uugali, tumawag sa mga Serbisyo sa Miyembro ng Trillium. | Oo                                                 | Oo                                                | Mga Serbisyo sa Miyembro ng Trillium – 877-600-5472 |

| MGA SERBISYONG PANGKALUSUGAN NA HINDI SAKLAW NG CCO                                                                                                                                                                                                                                                                                | PANGANGALAGA MAGAGAMIT NA KOORDINASYON MULA SA CCO | MAGAGAMIT NA TRANSPORTASYON SA PAMAMAGITAN NG CCO | KANINO MAKIKIPAG-UGNAYAN                            |
|------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------|----------------------------------------------------|---------------------------------------------------|-----------------------------------------------------|
| <b>Family Connects Program</b> nagbibigay ng libre, nakabatay sa ebidensya, at pagbisita sa bahay ng nars para sa lahat ng pamilya na may mga bagong silang na sanggol.<br>- Sinusuportahan ng programang Family Connects Oregon ang mga magulang sa pamamagitan ng pag-uugnay sa mga nars, mapagkukunan sa komunidad, at pamilya. | Oo                                                 | Oo                                                | Mga Serbisyo sa Miyembro ng Trillium – 877-600-5472 |

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa mga serbisyong ito, tumawag sa mga Serbisyo sa Kliyente ng OHP sa 1-800-273-0557. Kung kailangan ninyo ng tulong sa transportasyon, mangyaring tingnan ang seksyon na “Makakukuha ba ako ng pagsakay papunta sa aking appointment?”.

## Saklaw ba ang bagong teknolohiya?

Nagpapasya ang OHP kung kasama ang mga bagong teknolohiya o mga bagong gamit ng kasalukuyang teknolohiya sa inyong pakete ng benepisyo. Kung mayroon kayong mga tanong tungkol sa kung ang isang serbisyo ay saklaw, mangyaring tumawag sa mga Serbisyo sa Miyembro ng Trillium.

## Mga insentibo ng doktor

Binabayaran namin ng bonus o gantimpala sa aming mga provider sa pagpapanatiling malusog kayo. Hindi namin binabayaran o ginagantimpalaan ang aming mga provider sa paglilimita ng mga serbisyo at referral. Nakabatay lang ang paggawa ng desisyon para sa inyong mga hinihiling na serbisyo sa pagiging angkop ng pangangalaga at serbisyo at pag-iral ng saklaw. May karapatan kayong humiling at makatanggap ng karagdagang impormasyon tungkol sa mga insentibo ng doktor at ang istruktura at operasyon ng Trillium. Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa mga insentibo ng doktor, tumawag sa Trillium sa 1-877-600-5472 (TTY 711).



## Makakukuha ba ako ng pagsakay papunta sa aking appointment?

Kung kailangan ninyo ng tulong sa pagpunta sa inyong mga appointment, mangyaring tumawag sa MTM toll free sa 877-583-1552. Makatutulong kami kung wala kayong paraan upang makapunta sa inyong doktor, dentista, o tagapayo. Ang mga taong nasa OHP ay nakakakuha ng tulong sa pagbabayad para sa mga biyahe patungo sa mga pagbisita para sa pangangalaga ng kalusugan. Maaari ding mabayaran kayo ng MTM para sa mga gastos ng pagpunta sa mga appointment, kasama ang gas, pagkain, at matutuluyan. Kakailanganin ninyong kumuha ng pag-apruba bago kayo pumunta sa inyong appointment sa pangangalaga ng kalusugan. Para kumuha ng pag-apruba, tumawag sa 877-583-1552. Linggo - Sabado 8 am hanggang 5 pm, o anumang oras para sa agarang pagsakay o pagsakay matapos umalis sa ospital. Mangyaring tumawag sa 911 para sa emergency na transportasyon. Ibinibigay ang mga libreng pagsakay, o hindi pang-emergency na medikal na transportasyon (mga pagsakay) ng:

### MTM (Medical Transportation Management)

Libreng Tawag: 877-583-1552 (TTY: 711)

Kung kailangan ninyong mag-iskedyul ng pagsakay sa pamamagitan ng MTM, tumawag sa lalong madaling panahon na magagawa ninyo. Tandaan, kung kakanselahin o babaguhin ninyo ang inyong appointment, tumawag

kaagad sa MTM para kanselahin o baguhin ang inyong pagsakay. Makikita ninyo ang karagdagang impormasyon sa Gabay sa Pagsakay na Medikal sa aming website sa <https://www.trilliumohp.com/members/oregon-health-plan/Benefits-and-Services/transportation.html>

## Paano ako makakakuha ng isang interpreter sa mga appointment?

Maaari kayong magkaroon ng interpreter ng boses o sign language sa inyong mga appointment kung gusto ninyo ng isa. Kapag tumawag kayo para sa isang appointment, sabihin sa opisina ng inyong provider na kailangan ninyo ng isang interpreter at kung sa anong wika. Wala kayong gagastusin.

Kung kailangan ninyo ng interpreter ng wika o sign language para sa mga pagbisita sa pangangalaga ng kalusugan, maaari kayong:

1. Tumawag sa Trillium.
2. Tumawag sa opisina ng inyong doktor at hilingin sa kanila na ihanda ang isang interpreter para sa inyong pagbisita.

Makikita ang impormasyon tungkol sa mga Interpreter sa Pangangalaga ng Kalusugan sa [www.Oregon.gov/oha/oei](http://www.Oregon.gov/oha/oei).

# MGA SAKLAW NA BENEPISYO AT SERBISYO

## Ano ang sinasaklaw ng OHP?

Maaaring magbigay ang OHP ng mga salamin sa mata, hearing aid, medikal na kagamitan, pangangalaga ng kalusugan sa bahay, at transportasyon (mga pagsakay) papunta sa mga appointment sa pangangalaga ng kalusugan. Hindi sinasaklaw ng OHP ang lahat. Ang listahang ito ng mga sakit at kondisyon ay tinatawag na Listahan ng mga Inuunang (iniutos) Serbisong Pangkalusugan. Mababasa ninyo ito online sa: <https://www.oregon.gov/oha/hsd/ohp/pages/prioritized-list.aspx>.

Maaaring saklawin ng OHP ang iba pang sakit at kondisyon sa ilang sitwasyon. Halimbawa, maaaring may isang kondisyon ng kalusugan ang isang pasyente na saklaw at

isa pang kondisyon ng kalusugan na hindi saklaw. Maaaring saklawin ang hindi saklaw na kondisyon kung makatutulong ito na mas mapagaling ang unang kondisyon. Para sa buong buod ng mga benepisyo, pakitingnan ang “Checklist ng Buod ng mga Benepisyo.”

## Mga Serbisyo ng Telehealth

Ang mga serbisyo ng telehealth ay mga serbisyo sa pangangalaga ng kalusugan na gumagamit ng mga elektronikong komunikasyon. Maaaring ito ay ligtas na email. Maaari ding ito ay mga portal ng miyembro o online na audio/video conferencing. Maaaring magkaroon ang mga miyembro ng Trillium ng audio, video at mga e-visit (kung iniaalok ng kanilang provider). Makikipagtulungan ang Trillium sa aming mga provider upang siguraduhin ang

makabuluhang pag-access sa mga serbisyo. Susuriin namin ang mga kapasidad ng aming miyembro upang gumamit ng partikular na aprubadong mga paraan ng paghahatid ng telehealth. Para magkaroon ng telehealth appointment, kakailanganin ninyong gumamit ng isang computer. Maaari din kayong gumamit ng laptop, tablet, o telepono. Kung minsan, maaaring kailangan ninyo ng smart phone. Magtanong sa inyong provider tungkol sa kanilang mga serbisyong telehealth. Maaari ninyong ma-access ang mga serbisyo ng telehealth sa lahat ng sentrong pangkalusugan sa komunidad. Sa 2022, sisiguraduhin ng Trillium na ipapakita ng aming Humanap ng Provider at mag-print ng Direktoryo ng Provider kung aling mga provider ang mayroong mga serbisyo ng telehealth. Tumawag sa mga Serbisyo sa Miyembro sa 1-877-600-5472 (TTY: 711) kung kailangan ninyo ng tulong.

Kung mayroon kayong mga tanong tungkol sa telehealth, mangyaring tumawag sa mga Serbisyo sa Miyembro ng Trillium. Maaari din kayong humingi ng tulong sa inyong Tagapamahala ng Kaso.

## Mga Saklaw na Serbisyo ng Telehealth

Saklaw ang telehealth para sa mga pagbisita para sa kalusugan ng katawan, pag-uugali at ngipin. Maaaring gusto ninyo ng telehealth appointment para kumuha ng rutinang gamot. Maaari din kayong magtanong sa isang telehealth appointment. Maaari ninyong gamitin ang telehealth para sa nagpapatuloy na mga pagbisita para sa kalusugan ng pag-uugali. Makipag-ugnayan sa mga Serbisyo sa Miyembro para humanap ng mga provider na nag-aalok ng telehealth.

## Mga Serbisyo ng Teladoc Telehealth

Nag-aalok din ang Trillium ng mga serbisyo ng telehealth mula sa Teladoc Health, Inc. Nagbibigay ang Teladoc ng telehealth para sa mga pagbisita kaugnay ng kalusugan ng katawan, pag-uugali at ngipin. Hindi kailangan ng referral ng mga serbisyo ng Teladoc. Mangyaring tumawag sa mga Serbisyo sa Miyembro para sa karagdagang impormasyon tungkol sa mga serbisyo ng Teladoc o bumisita sa <https://www.trilliumohp.com/members/oregon-health-plan/Benefits-and-Services/telehealth.html>

## Pagpili at Akomodasyon ng Pasyente

Isang paraan ang telehealth para makita ninyo ang inyong provider. Maaaring kailangan ng ilang provider na makita kayo nang personal. Halimbawa, maaaring kailangan ng inyong doktor sa puso na makita kayo nang personal. Hindi kayo malilimitahan ng inyong provider sa mga pagbisita na telehealth lamang. Nakikipagtulungan ang Trillium sa aming mga provider na nasa network upang mag-alok ng mga serbisyo ng telehealth na tumutulong sa inyo na makuha ang makabuluhang pangangalaga. Magiging angkop sa kultura ang mga serbisyo ng telehealth. Ang mga paraan na maibibigay ng Trillium ang telehealth ay nasa inyong mas gustong wika, Braille, malalaking letra, audio, anumang paraan na mas gumagana para sa inyo. Tingnan ang seksyon na "Tulong sa Wika".

## Mga Kasanayan sa Pagkapribado ng Telehealth

Ang provider ng telehealth ng Trillium ay ang Teladoc Health, Inc. Iniuutos ng batas sa Teladoc Health, Inc. na panatilihin ang pribado ang inyong personal na impormasyon ng kalusugan. Pinoprotektahan nila ang inyong impormasyon sa parehong paraan na ginagawa ng inyong provider kapag nakipagkita kayo sa kanya nang personal. Dapat sabihin sa inyo ng Teladoc Health, Inc. ang tungkol sa mga legal na tungkulin nito at mga kasanayan sa pagkapribado.

## Paano kung may pagbabago na nakakaapekto sa inyong kakayahan na ma-access ang pangangalaga o mga serbisyo?

Nagbibigay ang Trillium ng nakasulat na abiso sa mga apektadong miyembro nang hindi bababa sa 30 araw bago ang anumang pagbabago. Maaaring ang pagbabago ay sa isang provider, programa, o saklaw na serbisyo. Maaari kaming gumawa ng mga pagbabagp nang mas mabilis para sa mga makabuluhang problema sa kaligtasan. Pagkatapos, magpapadala kami ng abiso sa mga apektadong miyembro. Kung may mga pagbabago sa inyong provider at hindi nagbigay ang provider ng sapat na abiso sa isang pagbabago sa loob ng 30 araw, aabisuhan namin kayon tungkol sa pagbabago sa loob ng 15 araw.

## Mga Patnubay sa Pagsasanay

Nagbibigay ang mga Patnubay sa Pagsasanay ng landas upang mapahusay ang inyong kalusugan. Kasama ang mga benepisyo at panganib ng maraming pagpipilian sa pangangalaga. May mga Patnubay sa Pagsasanay ang Trillium para sa maraming paksa. Kung gusto ninyong kumuha ng patnubay sa pagsasanay tungkol sa isang paksa, mangyaring tumawag sa mga Serbisyo sa Miyembro. Makikita rin ang mga Patnubay sa Pagsasanay sa website ng Trillium sa ilalim ng mga Mapagkukunan ng Provider.

## Mga Serbisyo Upang Makaiwas sa Sakit

Mahalagang maiwasan ang mga problema sa kalusugan bago mangyari ang mga ito. Sinasaklaw ng OHP ang mga serbisyo upang makaiwas sa sakit upang makatulong na mapanatili kayong malusog. Hindi nangangailangan ng pahintulot ang mga serbisyong ito. Kasama sa mga serbisyo upang makaiwas sa sakit ang mga check-up at pagsusuri upang malaman kung ano ang mali. Magmumungkahi ang inyong PCP ng iskedyul para sa mga check-up at iba pang serbisyo

### KASAMA SA IBA PANG SERBISYO UPANG MAKAIWAS SA SAKIT ANG:

- EPSDT
- Mga pagbabakuna (iniksyon) para sa mga bata at adulto (hindi para sa pagbibiyahe sa ibang bansa o mga layuning pagtatrabaho);
- Mga rutinang pisikal;
- Mga pagsusuri sa laboratoryo;
- Mga gamit sa paghinto sa paninigarilyo;
- Pangangalaga sa pagbubuntis at bagong silang na sanggol;
- Mga eksaminasyon sa kababaihan at mga Pap smear;
- Mga mammogram (mga x-ray ng suso) para sa kababaihan;
- Mga screening ng prostate para sa kalalakihan;
- Screening ng kanser; at
- Paggamot gamit ang fluoride.

## Paano ako hihingi ng tulong para ihinto ang paggamit ng tabako?

Ang isang pinakamahalagang bagay na magagawa ninyo upang pahasayin ang inyong kalusugan at kalusugang ng inyong pamilya ay ang paghinto sa paggamit ng tabako. Binabayaran ng Trillium ang mga gamot at pagpapayo sa telepono ng isang sinanay na tagapagturo upang matulungan kayong huminto sa paggamit ng tabako. Kung gumagamit kayo ng tabako, tumawag sa **Quit for Life** toll-free sa **1-866-784-8454**.

## Ano ang EPSDT?

Ang Maaga at Pana-panahong Pag-screen, Pag-diagnose, at Paggamot (EPSDT) ay isang benepisyo sa pangangalaga ng kalusugan para sa mga miyembro na wala pang edad na 21 taon. Kasama sa EPSDT ang buong saklaw ng mga serbisyo na pag-screen, pag-diagnose, at paggamot. Makatutulong ang mga screening na ito na malaman ang mga problema sa katawan, kalusugan ng pag-uugali o pangangalaga sa kalusugan ng pag-unlad na kailangan ng marami pang pag-diagnose at/o paggamot. Kasama sa EPSDT ang anumang pagsusuring diagnostic at paggamot na medikal na kinakailangan upang ayusin o pahasayin ang kondisyon ng katawan at kalusugan ng pag-uugali.

Kasama rin sa EPSDT ang mga serbisyong kailangan upang suportahan ang isang bata na may pagkabalam sa pag-unlad. Makatutulong ang mga serbisyong ito upang maiwasang lumala ang mga kondisyon. Makatutulong din ang mga serbisyong ito na mapabagal ang mga epekto ng problema sa pangangalaga ng kalusugan ng isang bata. Nagbibigay-daan ang EPSDT sa mga bata at kabataan na ma-access ang mga serbisyo sa pangangalaga ng kalusugan nang maaga at madalas. Kung minsan, tinatawag ang EPSDT screening na check-up ng batang walang sakit o pangangalaga sa batang walang sakit.

## Ano ang Kasama sa EPSDT?

Kasama sa check-up ng batang walang sakit, o EPSDT screening ang:

- Kasaysayan ng buong kalusugan at paglaki
- Eksaminasyon ng buong katawan
- Pagtuturo ng kalusugan at pagpapayo batay sa edad at kasaysayan ng kalusugan
- Pagsusuri ng paningin
- Pagsusuri ng pandinig

- Mga pagsusuri sa laboratoryo
- Screening ng tingga sa dugo
- Pagsusuri ng mga problema sa pagkain o pagtulog
- Katayuan ng nutrisyon
- Screening ng kalusugan ng bibig at mga serbisyo sa kalusugan ng bibig ng isang PCP na kuwalipikado sa ABC Dental (ABCD)
- Mga pagbabakuna (iniksyon)
- Screening ng kalusugan ng isip
- Screening ng karamdaman sa paggamit ng substansya
- Mga serbisyo ng doktor kung kinakailangan ng miyembro para sa mga malubha, pana-panahon o pangmatagalang sakit o kondisyon

Kapag na-diagnose ang kondisyon ng kalusugan ng provider ng medikal ng bata, ang (mga) provider ng bata ay:

- Gagamutin ang bata kung ito ay nasa loob ng saklaw ng pagsasanay ng provider; o
- Ire-refer ang bata sa isang angkop na espesyalista para sa paggamot. Maaaring kasama rito ang karagdagang pagsusuri o mga pagsusuri ng espesyalista, gaya ng:
  - Pagtatasa ng pag-unlad,
  - Komprehensibong kalusugan ng isip,
  - Pagsusuri ng karamdaman sa paggamit ng substansya, o
  - Pagpapayo sa nutrisyon.

Hindi kasama sa mga serbisyong EPSDT ang Programang Tulong sa Karagdagang Nutrisyon (SNAP) o iba pang programang serbisyong panlipunan. Para sa impormasyon at tulong sa referral para sa paggamot at mga serbisyo na hindi saklaw sa ilalim ng EPSDT, mangyaring tumawag sa mga Serbisyo sa Miyembro sa Toll-Free na: 1-877-600-5472 (TTY 711).

Sasabihin ng mga gumagamot na provider ang mga resulta ng kanilang mga serbisyo sa nag-refer na (mga) provider ng screening na EPSDT at pananatilihin ang isang komprehensibong kasaysayan ng kalusugan at pag-unlad, kasama ang pagtatasa ng pag-unlad ng kalusugan ng parehong katawan at isip.

## Paano ko maa-access ang EPSDT?

Ibinibigay ang programang EPSDT nang walang bayad sa mga miyembro hanggang sa edad na 21 taon.

Makakukuha ang kuwalipikadong miyembro o pamilya ng libreng transportasyon (mga pagsakay). Makakukuha rin ang kuwalipikadong miyembro o pamilya ng libreng tulong sa pag-iskedyul. Para makipag-ugnayan sa **programang EPSDT**, tumawag sa mga Serbisyo sa Miyembro sa **1-877-600-5472 (TTY 711)**. Hilingin na makausap ang Coordinator ng Pangangalaga.

Makaka-access ang mga miyembrong hanggang edad na 21 taon sa programang EPSDT nang libre. Makakukuha ang kuwalipikadong miyembro o pamilya ng libreng transportasyon (mga pagsakay). Makakukuha rin ang kuwalipikadong miyembro o pamilya ng libreng tulong sa pag-iskedyul. Para makipag-ugnayan sa programang EPSDT, tumawag sa mga Serbisyo sa Miyembro sa 1-877-600-5472 (TTY 711). Hilingin na makausap ang Coordinator ng Pangangalaga.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa EPSDT, tingnan ang: Medicaid Fact Sheet: [https://downloads.aap.org/AAP/PDF/CHIP%20Fact%20Sheets/federaladvocacy/medicaidfactsheet\\_all\\_states.pdf](https://downloads.aap.org/AAP/PDF/CHIP%20Fact%20Sheets/federaladvocacy/medicaidfactsheet_all_states.pdf) AAP Periodicity Schedule: [https://downloads.aap.org/AAP/PDF/periodicity\\_schedule.pdf](https://downloads.aap.org/AAP/PDF/periodicity_schedule.pdf)

Hinihingi ng Trillium sa isang provider ng pangunahing pangangalaga (PCP) na nagbibigay ng mga serbisyong EPSDT na magkaroon ng nakasulat na kasunduan sa inyo o sa inyong awtorisadong kinatawan. Dapat pumirma ang parehong partido sa nakasulat na kasunduan. Ipinapakita ng nakasulat na kasunduan ang inyong mga obligasyon sa ilalim ng EPSDT. Sinasabi ng kasunduang ito na ang provider ang inyong magiging regular na pagmumulan ng mga serbisyong EPSDT para sa nakasaad na haba ng panahon. Tutulungan kayo ng Trillium na humanap ng naaangkop na provider ng referral. Tutulong din ang Trillium sa inyo na gumawa ng mga appointment. Makatutulong ang Koordinasyon ng Pangangalaga ng Trillium sa mga pangangailangan at tanong na may kaugnayan sa EPSDT. Dapat magsimula kayong makatanggap ng paggamot na EPSDT sa loob ng 6 na buwan ng inyong kahilingan para sa mga serbisyong screening.

## Checklist ng Buod ng mga Benepisyo

Kailangan ang paunang pahintulot para sa ilang serbisyo, pamamaraan, at medikal na device. Karaniwang nagsusumite ang inyong provider ng kahilingan para sa paunang pahintulot para sa inyo. May listahan ng mga serbisyo, pamamaraan, at medikal na device ang tsart na ito. Sinasabi nito sa inyo kung kailangan o hindi ang paunang pahintulot. Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa mga serbisyong nangangailangan ng paunang pahintulot, mangyaring tumawag sa mga Serbisyo sa Miyembro sa Toll-Free na: 1-877-600-5472 (TTY 711).

| BENEPISYO                                   |                                                                             | INYONG GASTOS | MGA KINAKAILANGAN SA PAUNANG PAHINTULOT                                                                                                                                                              | MGA LIMITASYON SA PANGANGALAGA KAPAG TINANGGAP NG ISANG PROVIDER NG TRILLIUM                   |
|---------------------------------------------|-----------------------------------------------------------------------------|---------------|------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------|------------------------------------------------------------------------------------------------|
| <b>MGA PAGBISITA SA DOKTOR</b>              | Provider ng pangunahing pangangalaga:                                       | \$0           | Hindi kinakailangan                                                                                                                                                                                  | Walang limitasyon                                                                              |
|                                             | Espesyalista                                                                | \$0           | Hindi kailangan para sa mga provider ng pangangalaga ng ngipin, kalusugan ng kababaihan, o kalusugan ng pag-uugali. Maaaring kailanganin para sa iba pang serbisyo pagkatapos ng dalawang pagbisita. | Ayon sa inirerekomenda o batay sa mga patnubay ng OHP. Tumawag sa Trillium para sa mga detalye |
| <b>MGA SERBISYO UPANG MAKAIWAS SA SAKIT</b> | Mga pagbisita ng batang walang sakit para sa mga sanggol, bata, at tinedyer | \$0           | Hindi kinakailangan                                                                                                                                                                                  | Ayon sa inirekomenda                                                                           |
|                                             | Mga rutinang pisikal                                                        | \$0           | Hindi kinakailangan                                                                                                                                                                                  | Ayon sa inirekomenda                                                                           |
|                                             | Mga pagbisita ng kababaihang walang sakit                                   | \$0           | Hindi kinakailangan                                                                                                                                                                                  | Ayon sa inirekomenda                                                                           |
|                                             | Mga mammogram (mga x-ray ng suso) para sa kababaihan                        | \$0           | Hindi kinakailangan                                                                                                                                                                                  | Ayon sa inirekomenda                                                                           |
|                                             | Mga eksaminasyon ng prostate para sa kalalakihan                            | \$0           | Hindi kinakailangan                                                                                                                                                                                  | Walang limitasyon                                                                              |
|                                             | Pagpaplano ng Pamilya                                                       | \$0           | Hindi kinakailangan                                                                                                                                                                                  | Walang limitasyon                                                                              |



| BENEFISYO                          |                                                                                                                                                                              | INYONG GASTOS                                                                                                                                                           | MGA KINAKAILANGAN SA PAUNANG PAHINTULOT                                          | MGA LIMITASYON SA PANGANGALAGA KAPAG TINANGGAP NG ISANG PROVIDER NG TRILLIUM            |
|------------------------------------|------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------|-------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------|----------------------------------------------------------------------------------|-----------------------------------------------------------------------------------------|
|                                    | Screening para sa mga sakit na naipapasa sa pakikipagtalik (mga STD)                                                                                                         | \$0                                                                                                                                                                     | Hindi kinakailangan                                                              | Walang limitasyon                                                                       |
|                                    | Pagsusuri at pagpapayo para sa AIDS at HIV                                                                                                                                   | \$0                                                                                                                                                                     | Hindi kinakailangan                                                              | Walang limitasyon                                                                       |
| <b>MGA INIRERESETANG GAMOT</b>     | Marami ngunit hindi lahat ng gamot ang available na may reseta ng isang provider. Makikita ang buong listahan sa aming listahan ng gamot na mas gusto ng Oregon Health Plan. | Walang bayad para sa mga saklaw na gamot.<br>Pinamamahalaan ng estado ang mga gamot para sa kalusugan ng isip.<br>Nag-iiba-iba ang mga copay para sa mga gamot na iyon. | Maaaring mangailangan ang ilang gamot ng pahintulot bilang karagdagan sa reseta. | Kung tinanggihan ang isang gamot na nangangailangan ng pahintulot, hindi ito sasaklawin |
| <b>LABORATORYO AT X-RAY</b>        | Pagkuha ng dugo                                                                                                                                                              | \$0                                                                                                                                                                     | Kailangan ang referral                                                           | Walang limitasyon                                                                       |
|                                    | Mga X-Ray                                                                                                                                                                    | \$0                                                                                                                                                                     | Kailangan ang referral                                                           | Walang limitasyon                                                                       |
|                                    | Mga CT scan                                                                                                                                                                  | \$0                                                                                                                                                                     | Kailangan ang pahintulot                                                         | Walang limitasyon                                                                       |
|                                    | Mga MRI                                                                                                                                                                      | \$0                                                                                                                                                                     | Kailangan ang pahintulot                                                         | Walang limitasyon                                                                       |
| <b>MGA PAGBABAKUNA/ INIKSYON</b>   | Mga bakuna                                                                                                                                                                   | \$0 para sa inirerekomendang mga bakuna                                                                                                                                 | Hindi Kinakailangan                                                              | Ayon sa Inirekomenda                                                                    |
| <b>PANGANGALAGA SA PAGBUBUNTIS</b> | Mga pagbisita sa inyong provider bago magsilang                                                                                                                              | \$0                                                                                                                                                                     | Hindi Kinakailangan                                                              | Walang limitasyon                                                                       |
|                                    | Pangangalaga pagkatapos magsilang (pangangalaga na nakukuha ninyo pagkatapos isilang ang inyong sanggol)                                                                     | \$0                                                                                                                                                                     | Hindi Kinakailangan                                                              | Walang limitasyon                                                                       |

| BENEPISYO                         |                                                                                                     | INYONG GASTOS | MGA KINAKAILANGAN SA PAUNANG PAHINTULOT | MGA LIMITASYON SA PANGANGALAGA KAPAG TINANGGAP NG ISANG PROVIDER NG TRILLIUM                                                                                                                                                                                                                                                                                                                        |
|-----------------------------------|-----------------------------------------------------------------------------------------------------|---------------|-----------------------------------------|-----------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------|
|                                   | Mga rutinang serbisyo sa paningin                                                                   | \$0           | Hindi Kinakailangan                     | Magagamit ng mga babaeng buntis at mga batang 20 taong gulang at mas bata                                                                                                                                                                                                                                                                                                                           |
|                                   | Tulong sa pagpapasuso, kasama ang mga breast pump                                                   | \$0           | Hindi Kinakailangan                     | Makipag-ugnayan sa Trillium para sa karagdagang detalye                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                             |
| <b>PAGLE-LABOR AT PAGSISILANG</b> | Makatutulong ang aming programa bago magsilang sa mga miyembrong buntis na maghanda para sa sanggol | \$0           | Hindi kinakailangan                     | Mangyaring ipaalam sa Trillium at sa Awtoridad ng Kalusugan ng Oregon kapag buntis kayo at kapag natapos na ang inyong pagbubuntis. Kakailanganin ninyong mag-apply para sa OHP para sa inyong anak. Hindi binabayaran ng Trillium ang mga pagsisilang sa bahay ngunit binabayaran ng OHA. Mangyaring makipag-ugnayan sa mga Serbisyo sa Kliyente ng OHP para sa mga opsyon sa pagsisilang sa bahay |
| <b>MGA PAMAMALAGI SA OSPITAL</b>  | Mga Emergency                                                                                       | \$0           | Hindi kinakailangan                     | Walang limitasyon kapag medikal na kinakailangan                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                    |
|                                   | Nakaiskedyul na operasyon kasama ang parehong mga serbisyo ng ospital na inpatient at outpatient    | \$0           | Kailangan ang pahintulot                | Walang limitasyon kapag medikal na kinakailangan                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                    |
|                                   | Rehabilitasyon                                                                                      | \$0           | Kailangan ang pahintulot                | Walang limitasyon kapag medikal na kinakailangan                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                    |
|                                   | Mga Serbisyo ng Ospital na Inpatient                                                                | \$0           | Agaran o emergency, hindi kailangan     | Walang limitasyon kapag medikal na kinakailangan                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                    |

| BENEPISYO                                                                                                        |                                                          | INYONG GASTOS | MGA KINAKAILANGAN SA PAUNANG PAHINTULOT | MGA LIMITASYON SA PANGANGALAGA KAPAG TINANGGAP NG ISANG PROVIDER NG TRILLIUM     |
|------------------------------------------------------------------------------------------------------------------|----------------------------------------------------------|---------------|-----------------------------------------|----------------------------------------------------------------------------------|
|                                                                                                                  | Inpatient na habilitasyon                                | \$0           | Kailangan ang pahintulot                | Pag-apruba batay sa mga patnubay ng OHP, tumawag sa Trillium para sa mga detalye |
|                                                                                                                  | Mga Serbisyo ng Ospital na Outpatient                    | \$0           | Kailangan ang pahintulot                | Pag-apruba batay sa mga patnubay ng OHP, tumawag sa Trillium para sa mga detalye |
| <b>MGA PAGBISITA NA EMERGENCY, AGARANG PANGANGALAGA, O IBA PANG PANGANGAILANGAN SA SERBISYONG PANG-EMERGENCY</b> | Mga pagbisita sa emergency room at agarang pangangalaga  | \$0           | Hindi kinakailangan                     | Walang limitasyon kapag medikal na kinakailangan                                 |
|                                                                                                                  | Medikal na transportasyon na pang-emergency              | \$0           | Hindi kinakailangan                     | Pag-apruba batay sa mga patnubay ng OHP. Tumawag sa Trillium para sa mga detalye |
|                                                                                                                  | Mga Serbisyo ng Agarang Pangangalaga                     | \$0           | Hindi kinakailangan                     | Pag-apruba batay sa mga patnubay ng OHP, tumawag sa Trillium para sa mga detalye |
| <b>THERAPY</b>                                                                                                   | Physical therapy (PT)                                    | \$0           | Kailangan ang pahintulot                | Pag-apruba batay sa mga patnubay ng OHP. Tumawag sa Trillium para sa mga detalye |
|                                                                                                                  | Occupational (mga pang-araw-araw na gawain) therapy (OT) | \$0           | Kailangan ang pahintulot                | Pag-apruba batay sa mga patnubay ng OHP. Tumawag sa Trillium para sa mga detalye |
|                                                                                                                  | Therapy sa pagsasalita (ST)                              | \$0           | Kailangan ang pahintulot                | Pag-apruba batay sa mga patnubay ng OHP. Tumawag sa Trillium para sa mga detalye |
| <b>PANINGIN</b>                                                                                                  | Mga eksaminasyon ng mata                                 | \$0           | Kailangan ang referral                  | Magagamit ng mga babaeng buntis at mga batang 20 taong gulang at mas bata        |

| BENEPISYO                          |                                           | INYONG GASTOS | MGA KINAKAILANGAN SA PAUNANG PAHINTULOT | MGA LIMITASYON SA PANGANGALAGA KAPAG TINANGGAP NG ISANG PROVIDER NG TRILLIUM     |
|------------------------------------|-------------------------------------------|---------------|-----------------------------------------|----------------------------------------------------------------------------------|
|                                    | Mga salamin sa mata                       | \$0           | Kailangan ang referral                  | Magagamit ng mga babaeng buntis at mga batang 20 taong gulang at mas bata        |
|                                    | Mga medikal na eksaminasyon ng mata       | \$0           | Kailangan ang referral                  | Bilang ng mga pagbisita batay sa pag-apruba ng plano                             |
| <b>MGA SERBISYONG ESPESYALIDAD</b> | Kagamitang medikal at mga supply          | \$0           | Kailangan ang pahintulot                | Pag-apruba batay sa mga patnubay ng OHP. Tumawag sa Trillium para sa mga detalye |
|                                    | Mga hearing aid at eksaminasyon           | \$0           | Kailangan ang pahintulot                | Pag-apruba batay sa mga patnubay ng OHP. Tumawag sa Trillium para sa mga detalye |
|                                    | Kalusugan sa bahay                        | \$0           | Kailangan ang pahintulot                | Pag-apruba batay sa mga patnubay ng OHP. Tumawag sa Trillium para sa mga detalye |
|                                    | Pangangalaga ng may kasanayang pagkalinga | \$0           | Kailangan ang pahintulot                | Pag-apruba batay sa mga patnubay ng OHP. Tumawag sa Trillium para sa mga detalye |
|                                    | Serbisyong pangangalagang pagpapaginhawa  | \$0           | Hindi kinakailangan                     | Pag-apruba batay sa mga patnubay ng OHP. Tumawag sa Trillium para sa mga detalye |
|                                    | Chiropractor                              | \$0           | Kailangan ang pahintulot                | Pag-apruba batay sa mga patnubay ng OHP. Tumawag sa Trillium para sa mga detalye |
|                                    | Acupuncture                               | \$0           | Kailangan ang pahintulot                | Pag-apruba batay sa mga patnubay ng OHP. Tumawag sa Trillium para sa mga detalye |
|                                    |                                           |               |                                         |                                                                                  |

| BENEPISYO                      |                                                                                                                                                                                                     | INYONG GASTOS | MGA KINAKAILANGAN SA PAUNANG PAHINTULOT                                                                                                                                | MGA LIMITASYON SA PANGANGALAGA KAPAG TINANGGAP NG ISANG PROVIDER NG TRILLIUM     |
|--------------------------------|-----------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------|---------------|------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------|----------------------------------------------------------------------------------|
|                                | Mga Tradisyonal na Health Worker<br>- Doula<br>- Peer Support Specialist*<br>- Peer Wellness Specialist*<br>- Personal Health Navigator<br>- Health Worker sa Komunidad<br>*Kalusugan ng Pag-uugali | \$0           | Makipag-ugnayan sa Trillium Peer Support Specialist (Kalusugan ng Pag-uugali) sa isang organisasyon o tao na makatutulong sa inyong mga partikular na pangangailangan. | Walang limitasyon                                                                |
|                                | Mga serbisyong Hindi Emergency na Medikal na Transportasyon (NEMT)                                                                                                                                  | \$0           | Hindi kinakailangan                                                                                                                                                    | Makipag-ugnayan sa Trillium para sa karagdagang detalye                          |
|                                | Mga Serbisyo ng Telehealth                                                                                                                                                                          | \$0           | Hindi kinakailangan                                                                                                                                                    | Pag-apruba batay sa mga patnubay ng OHP. Tumawag sa Trillium para sa mga detalye |
|                                | Mga Serbisyo ng Interpreter                                                                                                                                                                         | \$0           | Hindi kinakailangan                                                                                                                                                    | Makipag-ugnayan sa Trillium para sa karagdagang detalye                          |
| <b>KALUSUGAN NG PAG-UUGALI</b> | Paggamot na Tinutulungan ng Gamot para sa Karamdaman sa Paggamit ng Substansya                                                                                                                      | \$0           | Hindi kinakailangan                                                                                                                                                    | Paunang pahintulot na kinakailangan pagkatapos ng unang 30 araw                  |
|                                | Mga Serbisyong Wraparound                                                                                                                                                                           | \$0           | Hindi kinakailangan                                                                                                                                                    | Walang Limitasyon                                                                |
|                                | Mga Serbisyong Outpatient sa Kalusugan ng Pag-uugali                                                                                                                                                | \$0           | Hindi kinakailangan                                                                                                                                                    | Paunang pahintulot na kinakailangan pagkatapos ng unang 30 araw                  |



| BENEPISYO    |                                                                      | INYONG GASTOS | MGA KINAKAILANGAN SA PAUNANG PAHINTULOT | MGA LIMITASYON SA PANGANGALAGA KAPAG TINANGGAP NG ISANG PROVIDER NG TRILLIUM     |
|--------------|----------------------------------------------------------------------|---------------|-----------------------------------------|----------------------------------------------------------------------------------|
|              | Mga Serbisyo sa Inpatient at Saykayatriko                            | \$0           | Kailangan ang pahintulot                | Kinakailangan ang pahintulot                                                     |
|              | Pagsusuring Neurological (mga nerbiyo at nervous system) at Espesyal | \$0           | Kailangan ang pahintulot                | Kinakailangan ang pahintulot                                                     |
|              | Mga Serbisyonong Assertive Community Treatment                       | \$0           | Hindi kinakailangan                     | Walang Limitasyon                                                                |
|              | Pagsusuri at Pagtatasa ng Kalusugan ng Pag-uugali                    | \$0           | Hindi kinakailangan                     | Walang Limitasyon                                                                |
|              | Applied Behavioral Analysis                                          | \$0           | Kailangan ang pahintulot                | Kinakailangan ang pahintulot                                                     |
| KOORDINASYON | Mga Serbisyo sa Koordinasyon ng Pangangalaga                         | \$0           | Hindi kinakailangan                     | Pag-apruba batay sa mga patnubay ng OHP. Tumawag sa Trillium para sa mga detalye |
|              | Mga Serbisyo sa Pamamahala ng Kaso                                   | \$0           | Hindi kinakailangan                     | Pag-apruba batay sa mga patnubay ng OHP. Tumawag sa Trillium para sa mga detalye |
|              | Mga Serbisyo ng Koordinasyon ng Masinsinang Pangangalaga (ICC)       | \$0           | Kailangan ang pahintulot                | Kinakailangan ang pahintulot                                                     |

# Mga serbisyo sa pagpapalano ng pamilya at pagkontrol ng pagbubuntis

Magagamit ang mga serbisyong pagpapalano ng pamilya at mga kaugnay na serbisyo sa mga kababaihan, kalalakihan, at tinedyer Hindi ninyo kailangan ng referral mula sa inyong PCP para kumuha ng mga serbisyong pagpapalano ng pamilya at mga kaugnay na serbisyo. Maaaring kuhanin ang mga serbisyong ito mula sa sinumang provider na nakakontra sa Awtoridad ng Kalusugan ng Oregon at lisensyadong magsagawa ng mga serbisyong ito. Kasama sa mga serbisyong pagpapalano ng pamilya at mga kaugnay na serbisyo na hindi kailangan ng referral ang:

- Mga pagbisita para sa pagpapalano ng pamilya (mga eksaminasyon ng katawan at edukasyon sa pagkontrol ng pagbubuntis);
- Mga supply sa pagkontrol ng pagbubuntis, gaya ng mga tableta sa pagkontrol ng pagbubuntis at mga kondom;
- Mga serbisyong isterilisasyon (mga tubal ligation at vasectomy);
- Mga pap test;
- Mga pagsusuri ng pagbubuntis; at
- Mga screening para sa mga sakit na naipapasa sa pakikipagtalik (mga STD) at mga impeksiyon na naipapasa sa pakikipagtalik (mga STI).

Para sa impormasyon tungkol sa mga aborsyon, pagsusuri ng AIDS at HIV, at pagpapayo tumawag sa mga Serbisyo sa Kliyente ng OHP toll free sa 1-800-273-0557 (TTY 711).

## Paano kung buntis ako?

Napakahalaga ng pangangalaga habang kayo ay buntis. Mahalaga ang pangangalaga bago magsilang para sa inyong kalusugan at sa kalusugan ng inyong sanggol.

### SINASAKLAW NG TRILLIUM ANG:

- Pangangalaga bago magsilang (pangangalaga para sa inyo bago isilang ang inyong sanggol);
- Pagle-labor at pagsisilang;
- Pangangalaga pagkatapos magsilang (pangangalaga para sa inyo pagkatapos isilang ang inyong sanggol);

- Pangangalaga para sa inyong bagong silang na sanggol.

Sa sandaling malaman ninyo na kayo ay buntis, tumawag sa mga Serbisyo sa Miyembro ng OHP. Sisiguraduhin ng mga Serbisyo sa Miyembro ng OHP na hindi ninyo maiwawala ang inyong mga benepisyo sa OHP habang kayo ay buntis.

May programa sa pagbubuntis ang Trillium. Sa sandaling sabihin sa amin ng DHS ang tungkol sa inyong pagbubuntis, tatawagan namin kayo para itala kayo sa programang ito.

Makikipag-ugnayan sa inyo ang mga miyembro ng team ng Start Smart for Baby ng Trillium sa panahon ng inyong pagbubuntis upang masiguro na makukuha ninyo ang pangangalagang kailangan ninyo. Magpapadala rin sa inyo ang aming team ng impormasyon tungkol sa iba pang tulong na maaari ninyong makuha.

## Pagsisilang sa Labas ng Ospital:

Kung gusto ninyong magsilang sa labas ng ospital (sa bahay o sa isang sentro ng paananan), magagamit ang mga serbisyong ito sa pamamagitan ng OHP. Kasama sa mga serbisyong ito ang pangangalaga bago at pagkatapos magsilang para sa mga babaeng may mababang panganib na mga pagbubuntis.

Upang malaman ang higit pa, mangyaring makipagtulungan sa inyong provider. Dapat din kayong tumawag sa KEPRO Care Coordination Team sa 1-800-562-4620. Kung kailangan ninyo ng tulong sa koordinasyon o transportasyon, tumawag sa Trillium sa 1-877-600-5472.

### MAHALAGA: Sa lalong madaling panahon na magagawa ninyo pagkatapos isilang ang inyong sanggol:

- Tumawag sa mga Serbisyo sa Miyembro ng OHP. Itatala nila ang inyong sanggol sa OHP.
- Kung natanggap ninyo ang lahat ng inyong medikal na pangangalaga mula sa isang obstetrician o provider ng pangangalaga bago magsilang sa panahon ng pagbubuntis, kailangan ninyong pumili ng isang PCP ngayon. Tumawag sa Trillium para sa tulong sa pagpili ng PCP.
- Makakatanggap kayo ng tawag mula sa mga miyembro ng team ng Start Smart for Baby upang malaman kung ano ang inyong kondisyon at magbigay ng karagdagang suporta pagkatapos magsilang, kasama ang pagtulong sa inyo na mag-set up ng inyong pagbisita pagkatapos magsilang.

## **MAGAGAMIT ANG MGA SUMUSUNOD NA SERBISYO SA KALUSUGAN NG PAG-UUGALI SA MGA PROGRAMANG OUTPATIENT AT NAKABASE SA KOMUNIDAD:**

- Mga serbisyong paggamot: harapang therapy, therapy na panggrupo (parehong psycho-therapeutic at psycho-educational), therapy ng pamilya
- Mga serbisyong paggamot sa pang-aabuso ng substansya
- Pagsubaybay na saykatriko at ng gamot
- Pagsasanay sa mga kasanayan
- Pagtataguyod ng kalusugan
- Mga serbisyo sa pamamahinga
- Mga serbisyong bokasyonal
- Pamamahala ng kaso
- Pangangalaga sa Sarili
- Pagsuporta sa Kasama
- Panresidensyal
- Sinusuportahang Pabahay
- Transportasyon (mga pagsakay)
- Mga Serbisyo sa Krisis

## **Makakakuha ba ako ng eksaminasyon ng mata at mga salamin?**

### **MAY MGA SUMUSUNOD NA BENEPISYO ANG MGA MIYEMBRO (MULA PAGSILANG HANGGANG EDAD NA 20 TAON):**

- Mga eksaminasyon ng paningin, lens, frame, at pagsusukat (kung minsan tinatawag na rutinang mga serbisyo sa paningin).
- Mga medikal na eksaminasyon para sa mga sakit sa mata, pinsala sa mata, at emergency (kung minsan tinatawag na hindi rutinang mga serbisyo sa paningin).
- Babayaran ng OHP ang mga contact lens kapag hindi maaaring isuot ang mga salamin dulot ng mga medikal na kadahilanan. Maaaring mangailangan ng mga hindi rutinang serbisyo sa paningin ng paunang pahintulot para magpatingin sa espesyalista.

### **MAY MGA SUMUSUNOD NA BENEPISYO ANG MGA ADULTONG BUNTIS NA MIYEMBRO (EDAD 21 TAON AT MAS MATANDA):**

- Isang eksaminasyon ng paningin, mga lens, frame, at pagsusukat na limitado sa isang beses bawat 24 na buwan (kung minsan tinatawag na rutinang mga serbisyo sa paningin).
- Mga medikal na eksaminasyon para sa mga sakit sa mata, pinsala sa mata, at emergency (kung minsan tinatawag na hindi rutinang mga serbisyo sa paningin).
- Babayaran lang ng OHP ang mga contact lens para sa ilang kondisyon.
- Hindi saklaw na benepisyo ang pagpapalit ng mga salamin para sa mga adulto nang walang paunang pag-apruba. Kailangan ng mga hindi rutinang serbisyo sa paningin ng referral para magpatingin sa espesyalista.

### **MAY MGA SUMUSUNOD NA BENEPISYO ANG MGA ADULTONG HINDI BUNTIS (EDAD 21 TAON AT MAS MATANDA):**

- Mga medikal na eksaminasyon para sa mga sakit sa mata, pinsala sa mata, at emergency (kung minsan tinatawag na hindi rutinang mga serbisyo sa paningin).
- Limitado ang eksaminasyon sa paningin sa isang beses bawat 2 taon (24 na buwan) pagkatapos ng pag-alis ng katarata o pag-transplant ng cornea.
- Saklaw lang ang mga lens, frame, at pagsusukat sa loob ng 120 araw ng pag-aalis ng katarata.
- Babayaran lang ng OHP ang mga contact lens para sa ilang kondisyon.
- Kailangan ng mga hindi rutinang serbisyo sa paningin ng referral para magpatingin sa espesyalista.

## **Paano ko kukuhanin ang aking mga inireresetang gamot?**

Sinasaklaw ng Trillium ang mga gamot sa karamihang parmasya sa Oregon. Dalhin ang resetang ibinigay ng doktor sa isang parmasya na maginhawa para sa inyo. Kung kailangan ninyong kuhanin ang reseta sa labas ng Oregon, dapat na nakarehistro pareho ang parmasya at tagapagreseta sa Estado ng Oregon. Kung hindi ito isang emergency, tumawag sa Trillium para humiling ng pagbubukod. Aaprubahan lang ng Trillium ang isang pagkuha sa labas ng lugar sa ilang sitwasyon.

Kung bayaran ninyo ang inyong mga gamot, maaari kayong magsumite ng kahilingan na mabayaran. Sa ilang sitwasyon lang magagawa ng Trillium na ibalik sa inyo ang bayad.

May pormularyo ang Trillium, listahan ng mga aprubadong gamot, para sa mga inireresetang gamot na saklaw ng Trillium. Makikita ninyo ang karagdagang impormasyon tungkol sa mga saklaw ng inireresetang gamot at mga pamamaraan ng pamamahala ng parmasya sa [www.trilliumohp.com](http://www.trilliumohp.com). Ginagamit ang mga nakalistang gamot dahil mabisa ang mga ito sa paggamot ng inyong kondisyon at mas mura. Maaaring magdagdag o mag-alis ng mga gamot o baguhin ng Trillium ang mga kinakailangan sa pagsaklaw sa mga gamot. Kung alisin namin ang isang gamot mula sa listahan o magdagdag ng paghihigpit sa isang gamot na inyong iniinom, sasabihin namin sa inyo nang maaga. Kung nag-utos ang inyong doktor ng gamot para sa inyo na wala sa listahan ng Trillium, at nagpadala ang doktor sa Trillium ng kahilingan na saklawin ang gamot, isasaalang-alang namin ang kahilingan. Ipaaalam namin sa inyo kung naaprubahan o hindi ang kahilingan. Makipag-ugnayan sa tagapagreseta o sa inyong PCP upang pag-usapan ang tungkol sa inyong mga pinipili.

## Ano-anong gamot ang hindi saklaw?

- Mga gamot na walang pag-apruba ng FDA para gamitin;
- Mga gamot na hindi medikal na kinakailangan;
- Mga gamot na pang-eksperimento o sinisiyasat;
- Mga gamot upang matulungan kayong mabuntis;
- Mga gamot na ginagamit upang bumaba ang timbang;
- Kosmetiko o mga gamot na pampatubo ng buhok.

Binabayaran ng Trillium ang ilang gamot na nabibili nang walang reseta (OTC) na nasa aming listahan, gaya ng aspirin, kung isinulat ng inyong doktor ang reseta para sa gamot. Tingnan ang pormularyo sa <https://www.trilliumohp.com/members/oregon-health-plan/Benefits-and-Services.html> upang makita kung ano-anong OTC na gamot ang saklaw.

Hindi namin sinasaklaw lahat ng resetang gamot. Karamihang gamot na iniinom ng mga tao para sa kalusugan ng isip ay binabayaran nang direkta ng Awtoridad ng Kalusugan ng Oregon (OHA). Mangyaring ipakita sa inyong pharmacist ang inyong Oregon Health ID card at ang inyong Trillium ID card. Malalaman ng parmasya kung saan ipadadala ang bayarin.

## Saan ako makakukuha ng aking gamot?

Maaari kayong gumamit ng alinmang parmasya na inyong pinili na tatanggap ng inyong ID card ng Trillium Medical. Maging handa na ipakita ang inyong ID card ng Oregon Health. May mga kasunduan ang Trillium sa karamihang parmasya sa lugar ng County ng Clackamas, Multonah, at Washington.

Maaari ninyong kuhanin ang inyong inireresetang gamot mula sa isang parmasya na gumagamit ng pag-order sa koreo. Parehong nagbibigay ng mga serbisyon pag-order sa koreo ang Postal Prescription Services at CVS Caremark Mail Order Pharmacy. Kung mayroon kayong Internet, maaari ninyong hanapin ang impormasyon tungkol sa pag-order sa koreo sa: <https://www.trilliumohp.com/members/oregon-health-plan/Benefits-and-Services.html> Kung wala kayong Internet, maaari kayong tumawag sa mga Serbisyo sa Miyembro ng Trillium.

## Iba Pang Paghihigpit sa Saklaw sa Gamot

May mga karagdagang kinakailangan para sa pagsaklaw o mga limitasyon ang ilang gamot na nasa listahan na maaaring kasama ang:

- Paggamit ng mga generic na gamot, kapag available
- Paunang pag-apruba ng Trillium
- Step therapy – pagsubok muna ng iba at mas murang mga gamot
- Mga limitasyon sa dami

Ang mga desisyon ng Trillium para sa paunang pag-apruba at mga pagbubukod sa listahan ng gamot ay nakabatay lang sa angkop na pangangalaga at saklaw. Hindi ginagantimpalaan ang mga tauhan ng Trillium sa pagtanggig ng mga kahilingan at hindi gumagamit ng mga insentibong salapi na nagbibigay ng gantimpala sa pagtanggig sa mga serbisyo.

Maaaring aprubahan ng Trillium ang hanggang tatlong pagpapalit ng kinukuha sa isang hindi nakalistang gamot para sa mga miyembro na umiinom ng gamot bago sila naging miyembro ng Trillium o pagkatapos lumabas mula sa isang ospital o pasilidad ng pangangalaga. Kayo o ang inyong doktor ay maaaring makipag-ugnayan sa Trillium upang humingi ng tulong sa saklaw ng isang papalitang gamot.

## Paano kung mayroon akong Medicare?

Ang impormasyong ito ay para sa sinumang miyembro ng inyong sambahayan na may saklaw ng Medicare at Oregon Health Plan (OHP). Tinatawag na Medicare Part D ang kanilang benepisyong gamot. Kinakailangan ng Medicare ang mga copayment para sa saklaw na Part D na gamot. Maniningil ng copayment ang karamihan sa mga plano na nagbibigay ng benepisyong gamot. Patuloy na babayaran ng Trillium ang lahat ng iba pang saklaw na serbisyong pangkalusugan.

## Tulong sa Inireresetang Gamot-Programang Inireresetang Gamot ng Oregon

Makatutulong ang Programang Inireresetang Gamot ng Oregon na mabawasan ang mga gastusin ng mga inireresetang gamot na hindi saklaw ng inyong pakete ng benepisyo ng OHP. Magagamit ng lahat ng mga taga-Oregon ang programang ito. Para magpatal sa telepono, tumawag sa 1-800-913-4284 o bumisita sa website ng Oregon Prescription Drug sa:

[www.oregon.gov/OHA/pharmacy/OPDP/pages/applicationpage.aspx#What\\_is\\_O\\_PDP](http://www.oregon.gov/OHA/pharmacy/OPDP/pages/applicationpage.aspx#What_is_O_PDP)

## Programang Tulong sa Pasyente (PAP)

Makakukuha kayo ng gamot na hindi saklaw nang libre mula sa kompanya na gumagawa nito. Bisitahin ang website ng kompanya na gumagawa ng inyong mga inireresetang gamot para sa impormasyon tungkol sa kanilang PAP.

## Isang Benepisyo ang mga Covid-19 Test Kit Sa Pamamagitan ng Inyong Lokal na Parmasya

### Paano ako makakakuha ng pagsusuri ng COVID-19 na gagawin sa bahay nang libre?

Maaari kayong makakuha ng nabibili nang walang reseta (OTC), abprubado ng FDA, na pagsusuri ng COVID-19 na gagawin sa bahay na Pahintulot sa Paggamit sa Emergency (EUA) nang libre kung bumisita kayo sa isa sa mga parmasyang nagtitingi na nasa network ng Trillium

Community Health Plan. Hindi mangangailangan ng reseta ang isang test kit.

**MAHALAGA: Kuhanin ang test mula mismo sa parmasya. Huwag kumuha ng test at bayaran ito sa karaniwang register ng tindahan.** Kung bayaran ninyo ang mga test na ito sa karaniwang register, kakailanganin ninyong magsumite ng form ng pag-claim ng reseta para mabayaran.

### May mga test ba na hindi saklaw sa pamamagitan ng parmasya?

Kasama sa mga test kit ng COVID na hindi saklaw ang:

- Mga kit na kailangang ipadala sa isang laboratoryo (collection kits)
- Mga kit na hindi tinukoy bilang “OTC”
- Mga kit ng COVID na nakuha sa labas ng Estados Unidos

### Bumili ako ng pagsusuri ng COVID-19 sa bahay na ako ang nagbayad, maibabalik ba ang bayad sa akin?

Oo. Kung bumili kayo ng OTC na inaprubahan ng FDA, pagsusuri ng COVID-19 sa bahay ng EUA sa alinmang lugar sa labas ng aming mga parmasya na nasa network (hal., Amazon, tindahan ng groserya, botika, atbp.), babayaran kayo para sa gastos ng mga test kit (hanggang \$12 bawat pagsusuri) ayon sa sumusunod:

- Pagbili ng pagsusuri na gagawin sa bahay na nasa listahan ng EUA na aprubado ng FDA.
- Makikita ang listahan ng EUA na aprubado ng FDA sa aming website sa <https://www.trilliumohp.com/coronavirus-disease--covid-19-.html>, o makipag-ugnayan sa mga Serbisyo sa Miyembro.
- Kasama sa mga magagamit na pagsusuri nang walang reseta ang “OTC” (para sa mga pagsusuri na gagawin sa bahay na mabibili nang walang reseta) sa column ng Attributes.
- Tapusin at isumite ang hiwalay na form ng Reimbursement ng Claim sa Reseta para sa bawat miyembro:
  - Para sa kumpletong gabay tungkol sa kung paano magsumite ng claim, bisitahin ang aming website sa <https://www.trilliumohp.com/coronavirus-disease--covid-19-.html> o makipag-ugnayan sa mga Serbisyo sa Miyembro.



Kung bumili kayo ng iniutos ng doktor, pagsusuri na inaprubahan ng FDA/EUA bago ang Enero 15, 2022, ibabalik ng Trillium Community Health Plan ang bayad sa inyo kapag ibinalik ang form ng claim batay sa kung ano ang inyong binayaran.

### **Lilimitahan ba ng Trillium Community Health Plan ang bilang ng mga pagsusuri na makukuha ng miyembro nang libre?**

Oo. Sasaklawin ng Trillium Community Health Plan ang hanggang 8 OTC na aprubado ng FDA, mga pagsusuri ng COVID-19 sa bahay ng EUA na binili nang walang reseta para sa bawat saklaw na miyembro sa isang 30-araw na

panahon nang walang utos ng PCP o paunang pahintulot. Sasaklawin ang walang limitasyon na mga pagsusuri na may utos mula sa isang lisensyadong provider ng pangangalaga ng kalusugan. Sinusunod nito ang gabay ng pederal na inilabas noong Enero 10, 2022.

### **Sino ang dapat kong kontakin kung mayroon akong anumang tanong?**

Kung mayroon kayong anumang tanong tungkol sa saklaw sa mga pagsusuri ng COVID-19 sa bahay o pagsusumite ng claim para sa pagbabalik ng bayad, tumawag sa mga Serbisyo sa Miyembro sa 1-877-600-5472, TTY: 711.

# MGA SERBISYO NA MEDIKAL NA EMERGENCY AT AGARANG PANGANGALAGA

## **Ano ang medikal na emergency?**

Ang emergency ay isang malubhang pinsala o biglaang sakit, kasama ang matinding pananakit na sa inyong palagay ay maaaring magdulot ng pagkamatay o malubhang pinsala sa katawan kung hindi kayo kaagad makakuha ng tulong. Kasama rito ang inyong sanggol sa sinapupunan kung kayo ay buntis. Saklaw ang Emergency at Agarang Pangangalaga sa lahat ng oras, 24 na oras kada araw, pitong araw kada linggo. Makakapunta kayo sa alinmang ospital, o sa ibang kapaligiran, saanman sa Estados Unidos, para sa isang emergency.

Kung sa palagay ninyo na mayroon kayong tunay na emergency, tumawag sa 911 o pumunta sa Emergency Room (ER) sa pinakamalapit na ospital. Hindi ninyo kailangan ng pahintulot para makakuha ng pangangalaga sa isang emergency.

### **ANG ISANG EMERGENCY AY MAAARING:**

- pananakit ng dibdib;
- nahihirapang huminga;
- pagkalason;
- pagdurugo na hindi tumitigil;
- mga nabaling buto; o,
- isang emergency sa kalusugan ng isip.

## **Mga serbisyo ng ambulansya**

Saklaw ang mga serbisyo ng ambulansya kung sakaling mga emergency.

## **Paano ako kukuha ng pangangalaga pagkatapos ng isang emergency?**

Saklaw ang pangangalaga na pang-emergency hanggang maging matatag kayo. Tumawag sa inyong PCP para sa follow-up na pangangalaga. Saklaw ang follow-up na pangangalaga sa sandaling matatag na kayo ngunit hindi itinuturing na isang emergency.

Ang pangangalaga pagkatapos ng pagpapatatag ay pangangalaga na natatanggap ninyo pagkatapos ng isang emergency at pagkatapos na tumatag ang inyong kondisyon. Kung makatanggap kayo ng emergency na pangangalaga sa isang ospital na wala sa network at kailangan ng pangangalaga pagkatapos na tumatag ang inyong kondisyon:

- Dapat kayong bumalik sa isang ospital na nasa network upang masaklaw ang pangangalaga sa inyo, o
- Dapat kayong kumuha ng pag-apruba nang maaga upang masaklaw ang inyong pangangalaga.

## Paano ako kukuha ng agarang pangangalaga?

Makakatulong sa inyo ang isang tao araw at gabi, kahit tuwing Sabado at Linggo at mga bakasyon. Kung hindi kayo makatawag sa opisina ng inyong PCP tungkol sa isang agarang problema o hindi nila kayo matingnan kaagad, maaari kayong pumunta sa agarang pangangalaga nang walang appointment. Ang mga agarang problema ay mga bagay na gaya ng malubhang impeksiyon, mga pilay, at matinding pananakit. Kung kailangan ninyo ng isang interpreter, mangyaring ipaalam sa klinika.

Kahit hindi pa ninyo nakita ang inyong PCP, tumawag muna sa kanya kung sa palagay ninyo ay agaran ang inyong kondisyon. Ang pangalan ng inyong PCP ay nasa inyong ID card ng Trillium. Maaari kayong maghanap ng mga provider ng Agarang Pangangalaga sa:

<https://providersearch.trilliumhealthplan.com/>

## Mga Lokasyon ng Agarang Pangangalaga

### AFC Urgent Care

397 Warner Milne Road, Oregon City, OR 97045  
503-305-6262

### Eagleton Providers PC

17437 Boones Ferry Road, Suite 100  
Lake Oswego, OR 97035  
413-887-6030

### Urgent Care Oregon, LLC

861 W Main Street, Molalla, OR 97038  
503-873-8686

### Uptown Providers PC

7033 NE Sandy Boulevard, Portland, OR 97213  
503-306-6262

### Uptown Providers PC

25 NW 23rd Place, Suite 11, Portland, OR 97210  
503-766-2215

### Uptown Providers PC

14284 SW Allen Boulevard, Beaverton, OR 97005  
503-305-6262

## Paano kung nasa labas ako ng bayan o estado at kailangan ng paggamot?

Habang sinasaklaw ng Trillium ang mga miyembro saanman sa loob ng Estados Unidos, dapat malaman ng mga miyembro kung ano ang maaaring mangyari kung nagbibiyahe sila sa labas ng Oregon at nagkaroon sila ng emergency. Kahit inaprubahan ng Trillium ang isang pagbisita sa emergency room sa ibang estado, hindi ito nangangahulugan na lahat ng provider na nagbibigay sa inyong pangangalaga sa panahon ng isang emergency ay handang singilin ang Trillium. Nangangahulugan ito na maaari kang makatanggap ng bayarin para sa mga serbisyong iyon. Huwag balewalain ang mga bayarin mula sa mga taong gumamot sa inyo sa ospital. Kung makatanggap kayo ng iba pang bayarin, tutulong ang CCO na lutasin ang problema.

### ANG EMERGENCY AY MAAARING:

- pananakit ng dibdib;
- nahihirapang huminga;
- pagkalason;
- pagdurugo na hindi tumitigil;
- mga nabaling buto; o,
- isang emergency sa kalusugan ng isip.

Mangyaring huwag gumamit ng ER para sa mga bagay na maaaring gamutin sa opisina ng agarang pangangalaga. Ang mga agarang problema ay mga bagay na gaya ng malubhang impeksiyon, mga pilay, at matinding pananakit.

### MGA HAKBANG NA GAGAWIN KUNG POSIBLE SA PANAHO NG PAGBISITA SA EMERGENCY ROOM SA LABAS NG ESTADO:

- Siguraduhin na dala ninyo ang inyong ID card ng Trillium kapag bumiyahe kayo sa labas ng estado;
- Ipakita ang inyong card sa lalong madaling panahon na magagawa ninyo at itanong kung handa silang singilin ang Trillium (Medicaid);
- Makipag-ugnayan sa Trillium at talakayin ang sitwasyon at humingi ng payo kung ano ang gagawin;
- Huwag pumirma sa anumang papeles hanggang sa malaman ninyo na handa ang provider na singilin ang Trillium (Medicaid);
- Kung posible, ipakausap sa Trillium ang opisina ng mga provider habang naroon kayo;

Sa mga panahon ng emergency hindi palaging posible ang mga hakbang na nabanggit. Gayunman, ang pagiging handa at ang pagkaalam kung ano-ano ang mga hakbang na kailangang gawin sa panahon ng isang emergency ay makalulutas ng mga problema sa bayarin habang kayo ay nasa opisina pa ng mga provider sa estadong iyon. Maiiwasan ng pagsasagawa ng mga hakbang na ito ang karagdagang stress ng pagtanggap ng mga bayarin para sa mga serbisyong sasaklawin ng Trillium, gayunman hindi sisingilin ng provider ang CCO.

## Ano ang dapat kong gawin kung makatanggap ako ng bayarin?

Mangyaring huwag balewalain ang mga bayaring medikal – tumawag kaagad sa amin. Maraming provider ang nagpapadala ng mga hindi bayad na bayarin sa mga ahensya ng koleksyon at maaaring maghabla rin sa korte para mabayaran. Higit na mas mahirap ayusin ang problema sa sandaling mangyari iyon.

Sa lalong madaling panahon na nakatanggap kayo ng bayarin para sa isang serbisyo na inyong natanggap habang kayo ay nasa OHP, dapat kayong:

- Tumawag kaagad sa mga Serbisyo sa Miyembro ng Trillium at sabihin na sinisingil kayo ng isang provider para sa isang serbisyo ng OHP. Tutulungan namin kayong linisin ang bayarin. Huwag maghintay hanggang makatanggap kayo ng mas maraming bayarin.

- Kung naaangkop, maaari kayong mag-apela sa pamamagitan ng pagpapadala ng sulat sa Trillium na nagsasabing hindi kayo sumasang-ayon sa bayarin dahil kayo ay nasa OHP sa panahon ng serbisyo. Magtabi ng kopya ng sulat para sa inyong mga rekord.
- Mag-follow up para makatiyak na binayaran namin ang bayarin.
- Kung makatanggap kayo ng mga papeles ng korte, tumawag kaagad sa amin. Maaari din kayong tumawag sa isang abogado o sa Hotline ng Pampublikong Benepisyo sa 800-520-5292 para sa legal na payo at tulong. May mga batas sa konsyumer na maaaring makatulong sa inyo kapag kayo ay siningil nang may pagkakamali habang nasa OHP. May mga batas sa konsyumer na maaaring makatulong sa inyo kapag kayo ay siningil nang may pagkakamali habang nasa OHP.

Kung hindi bayaran ng Trillium ang mga serbisyo sa inyo dahil sa ilang kadahilanan, maaari ninyong iapela ang desisyon, o hingin sa amin na suriin. Tingnan ang seksyon na "Mga Reklamo (mga Karaingan) at mga Apela" para sa karagdagang impormasyon.

**Sinasaklaw ng OHP ang pang-emergency at agarang pangangalaga saanman sa Estados Unidos, ngunit hindi sa labas ng U.S. Ibig sabihin nito na hindi babayaran ng OHP ang anumang pangangalaga na makuha ninyo sa Mexico o Canada.**

# ANG INYONG MGA BENEPISYO AT SERBISYO SA NGIPIN

## Ano ang mga serbisyo sa ngipin?

Bahagi ng inyong mga benepisyo ang mga serbisyo sa ngipin. Mahalaga ang pagkuha ng mga regular na eksaminasyon ng ngipin para sa pangangalaga upang makaiwas sa sakit sa inyong pangkalahatang kalusugan at makatutulong na makaiwas sa sakit ng ngipin. Kung kailangan ninyo ng tulong sa inyong mga serbisyo sa ngipin, tumawag sa Trillium. Narito kami para tumulong sa inyo na makuha ang pangangalagang kailangan ninyo.

Maaaring pumili ang mga miyembro ng Trillium mula sa alinmang sumusunod na plano ng pangangalaga sa ngipin:

- **Advantage Dental Services or**
- **Capitol Dental Care**
- **Oregon Dental Service.**

## Aling plano ng pangangalaga sa ngipin ang mayroon ako?

Mahahanap ninyo ang inyong nakatalagang plano sa ngipin o Organisasyon ng Pangangalaga sa Ngipin (DCO) sa inyong ID Card ng Miyembro ng Trillium, na matatanggap ninyo sa koreo



## Medical-Dental-Behavioral Health

**Name:** <John Smith>

**Oregon Health Plan#:** <123456789101112>

**PCP Start Date:** <12/05/2016>

**Doctor (PCP):** <Dr. Jane Doe>

**RX:** Envolv Rx

**RXPCN:** MCAIDADV

**DCO:** <DCO Name>

**DCO Phone:** <(555) 555-1234>

**Mental Health Crisis Hotline:**

Multnomah Co.: 503-988-4888 | 800-716-9769

Washington Co.: 503-291-9111 | Clackamas Co.: 503-655-8585

**RXBIN:** 004336

**RXGRP:** RX5481

## Paano ako pipili ng Dentista ng Pangunahing Pangangalaga?

Maaari kayong pumili ng Dentista ng Pangunahing Pangangalaga (PCD) mula sa Trillium Find a Dentist sa aming website. <https://www.trilliumohp.com/members/oregon-health-plan/for-members/benefit-information.html.html>

O, maaari kayong tumawag sa opisina ng inyong PCD at tutulungan nila kayong isaayos ang inyong unang appointment sa PCD.

### Advantage Dental Services

Customer Service

Toll-free 1-866-268-9631

TTY 711

### Capitol Dental Care

1-503-585-5205 o toll-free 1-800-525-6800

TTY 1-800-735-2900

### Oregon Dental Service

1-503-243-2987 o toll-free 1-800-342-0526

TTY 1-503-243-3958 o 1-800-466-6313

## Paano ako gagawa ng appointment sa aking Dentista ng Pangunahing Pangangalaga?

- Tumawag sa inyong PCD sa oras ng trabaho. Makikita ninyo ang numero ng telepono sa direktoryo ng provider ng inyong plano ng ngipin o sa pamamagitan ng pagtawag sa mga Serbisyo sa Miyembro.
- Sabihin sa opisina na kayo ay miyembro ng Trillium at kung bakit gusto ninyong magpatingin sa isang dentista.
- Tandaan na dalhin ang inyong ID Card ng Miyembro ng Trillium at ang inyong ID sa Oregon Health sa appointment.
- Kung kailangan ninyo ng sign language o isang interpreter sa inyong appointment, siguraduhin na sabihin sa tauhan ng klinika kapag gumawa kayo ng appointment.

Mangyaring ipakita ang pareho ninyong ID Card ng Miyembro ng Trillium at ang inyong ID sa Oregon Health sa tuwing pumupunta kayo sa dentista. Kung maiwala ninyo ang inyong ID Card ng Miyembro, mangyaring humiling ng bagong ID sa pamamagitan ng pagtawag sa mga Serbisyo sa Miyembro sa 1-877-600-5472, TTY 711.

## Paano ako pipili ng plano sa ngipin?

Kung hindi itinalaga sa inyo ang isang plano sa ngipin o gusto ninyong palitan ang inyong plano sa ngipin, mangyaring tumawag sa mga Serbisyo sa Miyembro sa 1-877-600-5472, TTY 711.

## Paano ko gagamitin ang aking mga benepisyo sa ngipin?

Kapag itinalaga kayo sa isang plano sa ngipin, kailangan ninyong pumili ng klinika o opisina ng dentista bilang inyong Dentista ng Pangunahing Pangangalaga (PCD). Makikipagtulungan sa inyo ang inyong PCD para asikasuhin ang inyong mga pangangailangan sa ngipin. Tumawag sa inyong PCD bago humingi ng anumang pangangalaga sa ngipin.

## Upang ikoordina ang inyong pangangalaga sa ngipin, ang inyong Dentista ng Pangunahing Pangangalaga ay:

- lingatan ang inyong mga rekord ng ngipin sa isang lugar upang bigyan kayo ng mas mabuting serbisyo;
- Magbibigay ng access sa agaran at pang-emergency na pangangalaga ng ngipin 24 na oras kada araw, 7 araw kada linggo;
- Magiging inyong unang kontak kapag kailangan ninyo ng pangangalaga ng ngipin; at
- Isasaayos ang espesyalidad na pangangalaga ng ngipin; kung kailangan ninyo ito.

## Makakukuha ba ako ng pagsakay papunta sa aking appointment?

Kung kailangan ninyo ng tulong sa pagpunta sa inyong mga appointment, mangyaring tumawag sa MTM toll free sa 877-583-1552 (TTY: 711). Makatutulong kami kung wala kayong paraan upang makapunta sa inyong doktor, dentista, o tagapayo. Maaari kayong makakuha ng tulong sa pagbabayad para sa mga pagsakay.

## Paano ko papalitan ang aking Dentista ng Pangunahing Pangangalaga?

Maaari ninyong palitan ang inyong PCD dalawang beses bawat taon. Para pumili ng bagong PCD, gamitin ang direktoryo ng provider mula sa inyong plano sa ngipin.

## Paano kung sa palagay ko ay kailangan kong magpatingin sa isang espesyalista o ibang provider?

Kung sa palagay ninyo na kailangan ninyong magpatingin sa isang espesyalista o ibang provider, gumawa muna ng appointment sa inyong PCD. Magpapasya ang inyong PCD kung aling mga serbisyo at pagsusuri na maaaring kailangan ninyo. Kung kailangan ninyong magpatingin sa isang espesyalista o ibang provider, ire-refer kayo ng inyong PCD. Ginagawa ang mga referral batay sa bawat kaso kapag nararamdaman ng inyong PCD na kailangan ito. Dapat aprubahan ng inyong plano ng ngipin ang referral bago kayo pumunta sa isang appointment sa isang espesyalista o ibang provider.

**Mahalaga:** Maaaring magresulta sa hindi pagbabayad sa inyong bayarin ang pagpunta sa isang espesyalista nang walang referral mula sa inyong PCD. Maaaring mangahulugan ito na kung pumirma kayo sa isang waiver kakailanganin ninyong bayaran ang bayarin.



# ANO-ANONG BENEPISYO SA NGIPIN ANG MAYROON AKO?

## Buod ng mga Benepisyo at Serbisyo

| MGA BENEPISYO                                                                                                 |                                                                                                                                                                                                                                                         | MGA BABAENG BUNTIS AT MGA MIYEMBRONG WALA PANG 21 TAON | LAHAT NG IBA PANG ADULTO |
|---------------------------------------------------------------------------------------------------------------|---------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------|--------------------------------------------------------|--------------------------|
| MGA SERBISYONG PANG-EMERGENCY                                                                                 | Pagpapatag ng Emergency (nasa o nasa labas ng lugar na pinagseserbisyuhan) Mga halimbawa: <ul style="list-style-type: none"> <li>Matinding pananakit o impeksiyon</li> <li>Pagdurugo o pamamaga</li> <li>Mga pinsala sa mga ngipin o gilagid</li> </ul> | X                                                      | X                        |
| MGA SERBISYO UPANG MAKAIWAS SA SAKIT                                                                          | Mga eksaminasyon                                                                                                                                                                                                                                        | X                                                      | X                        |
|                                                                                                               | Paglilinis                                                                                                                                                                                                                                              | X                                                      | X                        |
|                                                                                                               | Paggamot gamit ang fluoride                                                                                                                                                                                                                             | X                                                      | X                        |
|                                                                                                               | Mga sealant                                                                                                                                                                                                                                             | X                                                      | Hindi Saklaw             |
|                                                                                                               | Mga pasta                                                                                                                                                                                                                                               | X                                                      | X                        |
|                                                                                                               | Bahagyang mga Pustiso                                                                                                                                                                                                                                   | X                                                      | Limitado                 |
|                                                                                                               | Kumpletong Pustiso                                                                                                                                                                                                                                      | Limitado                                               | Limitado                 |
|                                                                                                               | Mga crown                                                                                                                                                                                                                                               | Limitado                                               | Hindi Saklaw             |
| PAG-OOPERA NG BIBIG AT ENDODONTICS                                                                            |                                                                                                                                                                                                                                                         |                                                        |                          |
|                                                                                                               | Mga pagbunot                                                                                                                                                                                                                                            | X                                                      | X                        |
|                                                                                                               | Root Canal Therapy                                                                                                                                                                                                                                      | X                                                      | Limitado                 |
| *Maaaring sumailalim ang mga benepisyo sa mga kinakailangan ng paunang pahintulot at mga limitasyon sa dalas. |                                                                                                                                                                                                                                                         |                                                        |                          |

# MGA EMERGENCY SA NGIPIN AT MGA SERBISYO SA AGARANG PANGANGALAGA SA NGIPIN

## Ano ang emergency sa ngipin?

Magagamit ang pang-emergency na pangangalaga sa ngipin 24 na oras kada araw, 7 araw kada linggo. Ang emergency ay isang malubhang problema na nangangailangan ng agarang pangangalaga. Maaaring ito ay isang pinsala o biglaang malubhang kondisyon. Ang ilang halimbawa ng mga sitwasyong emergency ay:

- Malubhang impeksiyon;
- Malubhang mga nana (ang nana ay isang paltos sa inyong tisyu ng gilagid);
- Matinding pananakit ng ngipin (pananakit na hindi tumitigil kapag uminom kayo ng gamot sa pananakit na nabibili nang walang reseta); at,
- Isang ngipin na natanggal.

Tumawag sa 911 kung naniniwala kayo na mayroon kayong isang emergency. Tumawag din sa 911 kung kailangan ninyo ng mga serbisyo ng ambulansya, na saklaw kapag mga emergency.

Maaari din kayong makatanggap ng mga serbisyong pangangalaga pagkatapos ng pagpapatatag upang pagandahin ang inyong kondisyon. Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa mga ospital na may mga serbisyong pang-emergency at mga serbisyo ng pangangalaga pagkatapos ng pagpapatatag, tingnan ang “Paano ako maghahanap ng isang doktor o provider?”

## Ano ang serbisyo sa agarang pangangalaga ng ngipin?

Ang agarang pangangalaga ng ngipin ay pangangalaga ng ngipin na nangangailangan ng maagap, ngunit hindi kaagad na paggamot. Ang ilang halimbawa ng mga agarang sitwasyon ay:

- Pagsakit ng ngipin;
- Namamagang mga gilagid; at,
- Nawawalang pasta.

Maaaring mangailangan ang ilang serbisyo sa ngipin ng paunang pag-apruba mula sa inyong plano sa ngipin, ngunit ang emergency o agarang mga serbisyo sa ngipin ay hindi nangangailangan ng paunang pag-apruba.

## Paano kung nasa ibang bayan ako at nagkaroon ng isang emergency o kailangan ang agarang pangangalaga ng ngipin?

Kung nagbibiyaha kayo sa labas ng lugar na pinagse-serbisyuhan ng Trillium at nagkaroon ng isang emergency, una subukang makipag-ugnayan sa inyong PCD (gaya ng mga tagubilin na nabanggit). Maaari kayong humingi ng pangangalaga sa alinmang ospital sa loob ng Estados Unidos para sa emergency na pangangalaga. Kung dapat kayong tumanggap ng emergency na pangangalaga sa ngipin sa labas ng lugar, hingin sa dentista na ipadala sa inyong plano ng ngipin ang isang detalyadong bayarin at ang mga tala sa tsart na naglalarawan ng emergency sa ngipin

## Paano ako kukuha ng pangangalaga pagkatapos ng isang emergency?

Pagkatapos ninyong magpatingin sa isang dentista para sa emergency sa ngipin, pakitawagan ang inyong PCD para isaayos ang karagdagang pangangalaga kung kailangan ito.

# MGA BENEPISYO SA KALUSUGAN NG ISIP AT PAGDEPENDENSA SA KEMIKAL

## Ano ang mga serbisyo sa kalusugan ng isip?

Magagamit ang mga serbisyo sa kalusugan ng isip sa sinumang nangangailangan ng tulong sa depresyon, pagkabalisa, mga problema sa pamilya, mahihirap na pag-uugali, o iba pang kondisyon ng kalusugan ng isip na ginagawang mahirap mamuhay sa paraang gusto ninyo. Sinasaklaw ng OHP ang maraming serbisyo na makatutulong sa inyo.

Maaaring kasama sa mga serbisyo para sa mga bata at adulto ang harapang therapy, therapy ng pamilya, therapy ng grupo, pamamahala ng gamot, pamamahala ng kaso, o pagbuo ng kasanayan. Maaari kayong makipagkita sa isang therapist na makakapagrekomenda kung anong mga serbisyo ang makakatulong sa inyo. Palagi naming ikalulugod na makipag-usap sa inyo upang matulungan kayo na makahanap ng tulong na kailangan ninyo.

Makakapagbigay kami ng mga serbisyong pamamahala ng kaso sa inyo o sa inyong mahal sa buhay na naghahanap ng pangangalaga.

Mahalaga: Hindi ninyo kailangan ng referral para kumuha ng mga serbisyong pangkalusugan mula sa isang provider na nasa network. Mangyaring tingnan ang Direktoryo ng Provider ng Trillium para sa listahan ng mga provider na nasa network.

## Mga serbisyo sa kalusugan ng isip ng adulto

Maaaring pumili ang mga adulto ng iba't ibang kapaki-pakinabang na serbisyo para sa mga problema sa kalusugan ng isip mula sa aming maraming provider ng serbisyo. Tumutulong ang Assertive Community Care o ACT na modelo ng paggamot sa mga taong naospital na may matinding sakit sa isip at na pinakananganganib sa paghina ng kalusugan at krisis.

Nakalaan ang mga team ng ACT na panatilihin ang mga tao sa kanilang mga komunidad kung saan nila mapapahusay ang kalidad ng kanilang buhay sa pamamagitan ng iba't ibang team ng nagmamalasakit na mga propesyonal, pag-access sa kapaki-pakinabang na mga oportunidad sa trabaho, at pamamahala ng kaso.

## Mga serbisyo sa kalusugan ng isip ng mga bata

Pinagsisilbihan sa iba't ibang paraan ang mga batang nahihirapan sa kalusugan ng isip. Tumutulong ang mga outpatient na therapy sa mga ahensya, sa bahay, at sa mga paaralan upang gawing madaling kuhanin ang therapy ng isang kabataan at kanilang mga pamilya.

Kung minsan, may matinding paghihirap sa kalusugan ng isip ang mga bata/kabataan at nasusumpungan ang kanilang mga sarili na nagpupunyagi para maging matagumpay sa bahay, paaralan, at iba pang kapaligiran. Magagamit ang maraming serbisyo at suporta para sa bata/kabataan at kanilang pamilya batay sa kanilang partikular na mga pangangailangan. Maaaring kasama sa mga serbisyong ito ang malawak na mga serbisyo para sa outpatient, programang Masinsinang mga Serbisyo at Suporta sa Outpatient, programang Wraparound, o Masinsinang Koordinasyon ng Pangangalaga. Kung kailangan ninyo ng tulong upang malaman kung ano-anong serbisyo ang pinakamahusay para sa inyo, tumawag sa amin at matutulungan namin kayo.

# PAANO KO GAGAMITIN ANG AKING MGA BENEFISYO SA KALUSUGAN NG ISIP AT PAGDEPENDENSA SA KEMIKAL?

## Paano ako maghahanap ng paggamot sa pagdepende sa kemikal (alak o droga)?

Mahirap para sa tao at sa buong pamilya ang mga problemas sa alak at droga. Kung sa palagay ninyo ay may problema kayo, humingi ng tulong. Nakalista sa Direktoryo ng Provider ng Trillium ang mga provider ng paggamot sa pagdepende sa kemikal na maaari ninyong tawagan. Maaari din kayong tumawag sa Trillium para sa tulong.

Kung mayroon kayong mga pangangailangan sa pangangalaga ng kalusugan ng isip, dapat kayong magpaikedyul kaagad ng appointment sa isang provider ng kalusugan ng isip.

**Kung kailangan kaagad ninyo ng mga serbisyo sa kalusugan ng isip**, makakatawag kayo sa sinumang provider na nakalista sa Direktoryo ng Provider ng Trillium, o tumawag sa Trillium.

## Paano ako maghahanap ng provider sa kalusugan ng isip?

Hindi tumatanggap ng mga bagong pasyente ang ilang provider sa Trillium. Kung kailangan ninyo ng tulong sa paghanap ng isang provider na tumatanggap ng mga bagong pasyente o isang provider na nagsasalita ng wika maliban sa Ingles, tumawag sa Trillium. Para sa rutinang pangangalaga sa ospital, dapat kayong pumili ng isang ospital na nakalista sa Direktoryo ng Provider ng Trillium.

Kung mayroon kayong internet, maaari ninyong hanapin ang isang provider o i-print ang direktoryo ng provider sa: <http://providersearch.trilliumhealthplan.com>.

## TUMAWAG SA TRILLIUM KUNG:

- Kailangan ninyo ng tulong sa paghanap ng provider ng kalusugan ng isip o kailangan ng provider na nagsasalita ng wika maliban sa Ingles.
- Gusto ninyong magpatingin sa isang provider ng kalusugan ng isip na wala sa Direktoryo ng Provider ng Trillium. Kakailanganin ninyong kumuha muna ng paunang pag-apruba mula sa Trillium. Para lang sa mga espesyal na kaso ang uring ito ng pag-apruba.
- Kailangan ninyong palitan ang inyong provider ng kalusugan ng isip.
- Kailangan ninyo ng tulong sa pagkoordinar ng mga hindi saklaw na serbisyo sa kalusugan ng pag-uugali.

## Paano kung kailangan ko ng tulong sa pagpili ng provider ng kalusugan ng isip?

Mapipili ng mga miyembro ng Trillium ang mga provider ng kalusugan ng isip na pupuntahan nila. Kung kailangan ninyo ng tulong sa pagpili ng isang provider ng kalusugan ng isip, tumawag sa Trillium. Kung nagpatingin na kayo sa isang provider ng kalusugan ng isip na hindi nakalista sa Direktoryo ng Provider ng Trillium o gustong lumipat sa ibang provider ng kalusugan ng isip, tumawag sa Trillium.

## Paano ako gagawa ng appointment sa aking provider ng kalusugan ng isip?

Para magsimula, maaari kayong tumawag sa sinumang provider na nakalista sa Direktoryo ng Provider ng Trillium, o tumawag sa Trillium para sa tulong sa pagpili ng provider. Kapag nakapili na kayo ng provider ng kalusugan ng isip, maaari kayong gumawa ng appointment para magpatingin sa kanila kaagad. Kung hindi kayo makapunta sa isang

appointment, tumawag sa inyong provider ng kalusugan ng isip sa lalong madaling panahon na kaya ninyo. Kung nalampasan ninyo ang mga appointment nang hindi ipinaalam sa inyong provider ng kalusugan ng isip ang dahilan, maaari nilang hingin sa inyo na pumili ng bagong provider ng kalusugan ng isip.

## Mga Hindi Saklaw na Serbisyo sa Kalusugan ng Pag-uugali

May ilang serbisyo sa kalusugan ng pag-uugali na hindi binabayaran ng Trillium Community Health Plan, ngunit babayaran ng OHP. Kung kailangan ninyo ng tulong sa pagsasaayos ng mga serbisyong ito, gaya ng pangmatagalang pangangalaga na saykayatriko, mangyaring tumawag sa mga Serbisyo sa Miyembro ng Trillium. Hilingin na makausap ang coordinator ng pangangalaga.

### ANG ILANG HALIMBAWA NG MGA SERBISYONG SAKLAW NG OHP NA HINDI IBINIBIGAY NG TRILLIUM AY:

- Mga partikular na gamot para sa ilang kondisyon sa kalusugan ng pag-uugali
- Pagbabalik ng bayad sa therapeutic group home para sa mga miyembrong wala pang 21 taong gulang
- Pangmatagalang pangangalagang saykayatriko para sa mga miyembrong 18 taong gulang at mas matanda
- Personal na pangangalaga sa mga bahay ampunan ng adulto para sa mga miyembrong 18 taong gulang at mas matanda

Para sa karagdagang impormasyon o para sa kumletong listahan, tumawag sa mga Serbisyo sa Miyembro ng Trillium sa 1-877-600-5472.

## Paano ko kukuhanin ang aking mga inireresetang gamot?

Sinasaklaw ng Trillium ang mga gamot sa karamihang parmasya sa Oregon. Dalhin ang resetang ibinigay ng doktor sa isang parmasya na maginhawa para sa inyo. Kung kailangan ninyong kuhanin ang reseta sa labas ng Oregon, dapat na nakarehistro pareho ang parmasya at tagapagreseta sa Estado ng Oregon. Kung hindi ito isang emergency, tumawag sa Trillium para humiling ng pagbubukod. Aprubahan lang ng Trillium ang isang pagkuha sa labas ng lugar sa ilang sitwasyon. Kung bayaran ninyo ang inyong mga gamot, maaari kayong magsumite ng kahilingan na mabayaran. Sa ilang sitwasyon lang magagawa ng Trillium na ibalik sa inyo ang bayad.

Tumawag sa inyong doktor o sa Trillium para sa tulong sa mga gamot na wala sa pormularyo o mga gamot na mabibili nang walang reseta.

Hindi namin sinasaklaw lahat ng resetang gamot.

**Karamihang gamot na iniinom ng mga tao para sa sakit sa isip ay binabayaran nang direkta ng Awtoridad ng Kalusugan ng Oregon (OHA). Mangyaring ipakita sa inyong pharmacist ang inyong Oregon Health ID card at ang inyong Trillium ID card. Malalaman ng parmasya kung saan ipadadala ang bayarin.**

# MGA SERBISYONG PANG-EMERGENCY AT KRISIS SA KALUSUGAN NG ISIP

## Ano ang emergency sa kalusugan ng isip?

Ang emergency sa kalusugan ng isip ay pakiramdam o pagkilos na nawawala ang kontrol, o isang sitwasyon na maaaring makapinsala sa inyo o sa ibang tao. Humingi kaagad ng tulong. Huwag maghintay hanggang magkaroon ng tunay na panganib. Tumawag sa Crisis Line, tumawag sa 911, o pumunta sa Emergency Room (ER). Saklaw ang

mga serbisyo ng ambulansya kung sakaling may emergency. Maaari ninyong malapitan ang mga serbisyo sa mga nakakapaglakad sa pamamagitan ng pagtawag sa 911.

- Kung nakatira kayo sa County ng Clackamas, maaari kayong tumawag sa 24-7 na linya ng krisis ng County sa 503-655-8585.
- Kung nakatira kayo sa County ng Multnomah, maaari kayong tumawag sa 24-7 na linya ng krisis ng County sa 503-988-4888.



- Kung nakatira kayo sa County ng Washington, maaari kayong tumawag sa 24-7 na linya ng krisis ng County sa 503-291-9111.
- Tumawag sa 911 kung anumang oras sa panahon ng emergency, maramdaman ninyo na hindi ligtas ang inyong kalagayan. Darating ang pulis sa inyong address upang tulungan kayo at makipag-ugnayan sa pinakamalapit na programang pangkrisis.

Kung kabataan ang taong nasa krisis, wala pang 18 taong gulang, maaari kayong tumawag sa Linya ng Krisis ng Kabataan sa 541-689-3111, TTY 711, tumawag sa 911, o pumunta sa Emergency Room (ER). Magagamit ang mga serbisyo ng mobile crisis 24 na oras kada araw, 7 araw kada linggo ng isang Kuwalipikadong Propesyonal sa Kalusugan ng Isip (QMHP). Ibibigay ang isang harapang nagpapagaling na pagtugon ng isang QMHP kung klinikal na ipinapahiwatig batay sa tawag tungkol sa krisis.

Nilalayan ng mga serbisyong mobile crisis at hotline sa krisis na itaguyod ang pagpapatatag sa kapaligiran ng komunidad sa halip na pag-aresto, pagpapakita sa isang Emergency Department, o pagpasok sa isang pasilidad ng pangangalaga sa malubhang sakit. Kung tumatanggap kayo ng Masinsinang Paggamot sa Kalusugan ng Pag-uugali sa Bahay, magagamit ang mga serbisyong pagtugon sa krisis 24 na oras kada araw.

Ang emergency ay isang malubhang pinsala o biglaang sakit, kasama ang matinding pananakit na sa inyong palagay ay maaaring magdulot ng pagkamatay o malubhang pinsala sa katawan kung hindi kayo kaagad makakuha ng tulong. Kasama rito ang inyong sanggol sa sinapupunan kung kayo ay buntis. Saklaw ang pang-emergency na pangangalaga 24 na oras kada araw, pitong araw kada linggo. Maaari kayong pumunta sa alinmang ospital, saanman para sa isang emergency. Para sa karagdagang impormasyon kung saan kukuha ng mga serbisyong pang-emergency at mga serbisyo ng pangangalaga pagkatapos ng pagpapatatag, tingnan ang “Paano ako maghahanap ng isang doktor o provider?”

## **Paano kung nasa ibang bayan ako at nagkaroon ng isang emergency?**

Kung nagkaroon kayo ng isang emergency sa kalusugan ng isip at hindi makabalik sa mga County ng Clackamas, Multnomah, o Washington para sa paggamot, maaari kayong pumunta sa pinakamalapit na emergency room ng ospital. Sasaklawin ang inyong pagbisita sa emergency room hangga't kayo ay nasa Estados Unidos. Huwag gumamit ng emergency room para sa pangangalaga na hindi pang-emergency.

## **Paano ako kukuha ng pangangalaga pagkatapos ng isang emergency?**

Saklaw ang pangangalaga na pang-emergency hanggang maging matatag kayo. Tumawag sa inyong PCP o provider ng kalusugan ng isip para sa follow-up na pangangalaga. Saklaw ang follow-up na pangangalaga sa sandaling matatag na kayo ngunit hindi itinuturing na isang emergency.

## **Makakukuha ba ako ng pagsakay papunta sa aking appointment?**

Kung kailangan ninyo ng tulong sa pagpunta sa inyong mga appointment, mangyaring tumawag sa MTM toll free sa 541-682-5566 o 877 sa 711. Makatutulong kami kung wala kayong paraan upang makapunta sa inyong doktor, dentista, o tagapayo. Maaari kayong makakuha ng tulong sa pagbabayad para sa mga pagsakay.

# MGA REKLAMO (MGA KARAINGAN) AT MGA APELA

## Paano ako magrereklamo o magsasampa ng karaingan?

Kung labis kayong hindi masaya sa Trillium, sa inyong mga serbisyo sa pangangalaga ng kalusugan, o sa inyong provider, maaari kayong magreklamo o magsampa ng karaingan anumang oras para sa anumang bagay bukod sa pagtanggì. Susubukan naming gawing mas maayos ang mga bagay-bagay. Tumawag lang sa mga Serbisyo sa Miyembro sa 1-877-600-5472, TTY: 711, o magpadala ng sulat sa amin sa address na ito: Trillium Community Health Plan, 555 International Way, Building B, Springfield, Oregon 97477.

Maaari din kayong tumawag sa Oregon Health Plan Client Services Unit sa 1-800-273-0557 para magsampa ng reklamo o karaingan. Maaaring magsampa ng karaingan ang inyong provider o isa pang tao para sa inyo. Kailangan nila ang inyong nakasulat na pahintulot para gawin iyon.

Dapat naming lutasin ito at tumawag o sumulat sa inyo sa loob ng 5 araw ng trabaho mula sa petsa na natanggap namin ang inyong reklamo.

Kung hindi namin ito malutas sa loob ng 5 araw ng trabaho, magpapadala kami ng sulat sa inyo sa loob ng 5 araw ng trabaho para ipaliwanag kung bakit. Maaari kaming abutin ng hanggang 30 araw upang asikasuhin ang inyong reklamo. Hindi namin sasabihin sa sinuman ang tungkol sa inyong reklamo maliban kung hiniling ninyo sa amin. Aabisuhan kayo sa inyong mas gustong wika kung mas magtatagal ang Trillium sa paglutas ng karaingan.

Bilang paalala, hindi makakakilos ang Trillium at ang inyong provider laban sa inyo dahil sa pagsasampa ng reklamo, pakikipagtulungan sa isang imbestigasyon, o pagtanggì na sumang-ayon sa isang bagay na pinaniniwalaan ninyong labag sa batas. Hindi mahihingi sa inyo ng Trillium na iurong ang isang karaingan, apela o pagdinig na inyong isinampa.

## Kung tinanggihan ang isang serbisyo – paano ako mag-aapela?

Kung tinanggihan, binawasan, o inihinto ang isang serbisyo, makakatanggap kayo ng Abiso ng Salungat na Pagpapasya sa Benepisyo (NOABD). Aabisuhan din namin ang inyong provider. Ipaliwanag ng sulat kung paano mag-apela (hingin sa amin na baguhin ang aming desisyon). May karapatan kayong hingin na baguhin ito sa pamamagitan ng isang apela o patas na pagdinig ng estado. Maaari kayong humiling ng apela nang berbal o sa pagsulat nang hindi lalampas sa 60 araw mula sa petsa na nasa sulat ng Abiso ng Salungat na Pagpapasya sa Benepisyo.

Kung itinanggì sa inyo ang mga serbisyo at hindi nakatanggap ng nakasulat na abiso ng pagtanggì o sinabi sa inyo ng inyong provider ng pangangalaga ng kalusugan na kakailanganin ninyong bayaran ang isang serbisyo na hindi saklaw, maaari kayong humiling na makakuha ng abiso ng pagtanggì. Ipakikita ng abiso ng pagtanggì ang serbisyo na hindi saklaw. Sa sandaling matanggap ninyo ang pagtanggì, maaari kayong humingi sa Trillium ng isang apela.

## Maaari bang humingi ang aking provider ng apela para sa akin?

Kung itinanggì sa inyo ang mga serbisyo, pinapayagan ang inyong mga provider na magsampa ng apela para sa inyo. Kakailanganin namin ang inyong nakasulat o berbal na pahintulot para gawin iyon.

## Paano lapela ang isang Desisyon

Sa isang apela, susuriin ang inyong kaso ng ibang propesyonal sa pangangalaga ng kalusugan sa Trillium. Humingi sa amin ng isang apela sa pamamagitan ng:

- Pagtawag sa mga Serbisyo sa Miyembro sa 1-877-600-5472, TTY: 711; at paghiling ng apela nang berbal;
- Pagsulat sa amin; o,
- Pagsagot sa isang OHP form number 3302, Paghiling ng Apela at Pagdinig. Ipinadala sa inyo ang form na ito kasama ng inyong sulat ng Abiso ng Aksyon. Maaari din kayong tumawag sa amin at hingin ang form na ito.

Kung gusto ninyo ng tulong dito, tumawag at masasagutan namin ang isang form ng apela para inyong pirmahan. Maaari ninyong hilingin sa isang tao gaya ng isang kaibigan o tagapamahala ng kaso na tulungan kayo. Maaari din kayong tumawag sa Hotline ng Pamublikong Benepisyo sa 1-800-520-5292 para sa legal na payo at tulong. Makakatanggap kayo ng isang **Abiso ng Paglutas ng Apela (NOAR)** mula sa amin sa loob ng 16 na araw na ipinaalam sa inyo kung sumasang-ayon o hindi ang tagasuri sa aming desisyon. Kung kailangan namin ng marami pang oras upang magsuri, magpapadala kami sa inyo ng isang sulat na nagsasabi kung bakit kailangan namin ng hanggang 14 pang araw. Maaari din kayong humingi ng mas maraming oras (hanggang 14 na araw). Kung mabigo ang Trillium na sumunod sa mga kinakailangan sa abiso at tiyempo para sa proseso ng karaniwan o pinahabang apela, ipinapalagay na naubos na ninyo ang proseso ng apela at maaaring simulan ang Patas na Pagdinig ng Estado. Hihiling lang ang Trillium ng mas maraming oras sa proseso ng karaingan o apela kung ito ay para sa ikabubuti ng miyembro upang gawin iyon.

Habang naghihintay kayo para sa inyong apela, maipagpapatuloy ninyo ang pagkuha ng serbisyo na nagsimula na bago ang aming orihinal na desisyon na ihinto ito. Dapat ninyong hingin sa amin na ituloy ang serbisyo sa loob ng 10 araw ng pagtanggap ng Abiso ng Aksyon na nagpahinto rito. Kung ipagpapatuloy ninyo ang serbisyo at sumang-ayon ang tagasuri sa orihinal na desisyon, maaaring kailangan ninyong bayaran ang gastos ng mga serbisyo na natanggap ninyo pagkatapos ng petsa ng pagkabisa na nasa orihinal na Abiso ng Aksyon.

Kung kailangan ninyo ng tulong sa mga form ng apela, tumawag sa Trillium, mga Serbisyo sa Miyembro ng OHP, o makipag-ugnayan sa:

#### **Legal Aid Services in Oregon,**

Portland Regional Office

520 SW Sixth Avenue, Suite 700

Portland, OR 97204

503-224-4086 or 1-800-228-6958 (toll free)

## **Paano kung kailangan ko ng mabilis (pinabilis) na apela?**

Kung naniniwala kayo at ang inyong provider na mayroon kayong agarang problema sa pangangalaga ng kalusugan na hindi makapaghihintay para sa regular na apela, sabihin sa amin na kailangan ninyo ng mabilis (pinabilis) na apela. Iminumungkahi namin na isama ninyo ang isang pahayag

mula sa inyong provider o hingin sa kanila na tumawag sa amin at ipaliwanag kung bakit ito agaran. Tatawag kami sa inyo at susulat sa inyo sa loob ng isang araw ng negosyo upang ipaalam sa inyo na natanggap namin ang kahilingan na pinabilis na apela. Kung sumang-ayon kami na agaran ito, tatawag kami sa inyo na may desisyon sa loob ng 72 oras. Kung kailangan namin ng marami pang oras upang magsuri, magpapadala kami sa inyo ng isang sulat na nagsasabi kung bakit kailangan namin ng hanggang 14 pang araw. Maaari din kayong humiling ng pagpapalawig na hanggang 14 na araw. Sa loob ng 32 araw ng trabaho, magpapadala ang Trillium ng sulat na nagsasabi ng desisyon at aabisuhan kayo o ang inyong provider sa telepono kung tinanggihan ang pinabilis na kahilingan para sa apela.

## **Kung tinanggihan ang aking apela, paano ako kukuha ng isang administratibong pagdinig?**

Pagkatapos ng apela, maaari kayong humingi ng patas na pagdinig ng estado sa isang Hukom ng Administratibong Batas ng Oregon. Magkakaroon kayo ng 120 araw mula sa petsa na nasa inyong Abiso ng Paglutas sa Apela (NOAR) para humingi sa estado ng pagdinig. Magkakaroon ang inyong sulat na NOAR ng form na maaari ninyong ipadala. Maaari din kayong humiling sa amin na padalhan kayo ng isang form ng Kahilingan na Apela at Pagdinig, o tumawag sa mga Serbisyo sa Kliyente ng OHP sa 800-273-0557, TTY 711, at hingin ang form number 3302.

Sa pagdinig, maaari ninyong sabihin sa hukom kung bakit hindi kayo sumasang-ayon sa aming desisyon at kung bakit ang serbisyo ay dapat saklawin. Hindi ninyo kailangan ang isang abogado, pero maaari kayong magkaroon ng isa o ibang tao, gaya ng inyong doktor, na kasama ninyo. Kung umupa kayo ng isang abogado, dapat ninyong bayaran ang upa sa kanila. Maaari kayong humingi sa Hotline ng Pamublikong Benepisyo (isang programa ng mga Serbisyo ng Legal na Tulong ng Oregon at sa Sentro ng Batas ng Oregon) sa **1-800-520-5292**, TTY 711, para sa payo at posibleng pagkatawan. Maaari ding makita ang impormasyon tungkol sa libreng legal na tulong sa [www.oregonlawhelp.org](http://www.oregonlawhelp.org).

Kadalasang tumatagal ng mahigit sa 30 araw para ihanda ang isang pagdinig. Habang naghihintay kayo para sa inyong pagdinig, maipagpapatuloy ninyo ang pagkuha ng serbisyo na nagsimula na bago ang aming orihinal na

desisyon na ihinto ito. Dapat ninyong hingin sa amin na ituloy ang serbisyo na hindi lalampas sa 10 araw kasunod ng petsa ng NOAR. Kung ipagpatuloy ninyo ang serbisyo at sumang-ayon ang hukom sa orihinal na desisyon, maaaring kailangan ninyong bayaran ang gastos ng mga serbisyo na natanggap ninyo pagkatapos ng petsa ng pagkabisa na nasa orihinal na NOAR.

## Paano kung kailangan ko ng mabilis (pinabilis) na pagdinig?

Kung naniniwala kayo at ang inyong provider na mayroon kayong isang agarang problema sa pangangalaga ng kalusugan na hindi makakapaghintay para sa proseso ng regular na pagdinig, sabihin na kailangan ninyo ng mabilis (pinabilis) na pagdinig at i-fax ang form ng Kahilingan sa Apela at Pagdinig sa Yunit ng mga Pagdinig ng OHP. Iminumungkahi namin na isama ninyo ang isang pahayag mula sa inyong provider na nagpapaliwanag kung bakit ito agaran. Dapat kayong makatanggap ng desisyon sa loob ng 3 araw ng trabaho. Ang numero ng fax ng Yunit ng mga Pagdinig ay 1-503-945-6035.

Kung tinanggihan ang inyong kahilingan para sa mabilis na pagdinig, gagawa kami ng makatwirang mga pagsisikap upang bigyan ang miyembro at ang humihiling na provider ng maagap na berbal na abiso ng pagtanggì at follow up sa loob ng dalawang araw na may nakasulat na abiso.

## Ihinto ba ang mga serbisyo sa akin?

Kung tumatanggap kayo ng mga serbisyo ng OHP at gusto ninyong magpatuloy ang mga serbisyong iyon hanggang malutas ang inyong pagdinig, maaari kayong humiling ng pagpapatuloy ng mga benepisyo sa loob ng 10 araw ng trabaho pagkatapos matanggap ang sulat na Abiso ng Aksyon. Kung hindi pabor sa inyo ang desisyon mula sa pagdinig, maaaring kailangan ninyong magbayad para sa nagpapatuloy na serbisyo na inyong natanggap habang naghihintay ng desisyon. Pinapanatiling ligtas para sa inyo ang lahat ng impormasyon ng miyembro na ginamit sa panahon ng proseso ng Reklamo, Apela at Administratibong Pagdinig. Maaari kayong tumawag sa mga Serbisyo sa Miyembro sa 1-877-600-5472 o TTY sa 711.

## Ano ang dapat kong gawin kung makatanggap ako ng bayarin?

Kahit hindi kayo dapat magbayad, mangyaring HUWAG IPAGWALANG-BAHALA ANG MGA MEDIKAL NA BAYARIN - tumawag kaagad sa amin. Maraming provider ang nagpapadala ng mga hindi bayad na bayarin sa mga ahensya ng koleksyon at naghahabla rin sa korte para mabayaran. Higit na mas mahirap ayusin ang problema sa sandaling mangyari iyon.

### SA LALONG MADALING PANAHOON NA NAKATANGGAP KAYO NG BAYARIN PARA SA ISANG SERBISYO NA INYONG NATANGGAP HABANG KAYO AY NASA OHP, DAPAT KAYONG:

1. Tumawag sa provider, sabihin sa kanila na kayo ay nasa OHP, at hingin sa kanila na singilin ang Trillium.
2. Tumawag sa aming mga Serbisyo sa Miyembro sa 1-877-600-5472 o TTY sa 711 kaagad at sabihin na sinisingil kayo ng isang provider para sa isang serbisyo ng OHP. Tutulungan namin kayong linisin ang bayarin. Huwag maghintay hanggang makatanggap kayo ng mas maraming bayarin.
3. Maaari kayong mag-apela sa pamamagitan ng pagpapadala sa inyong provider at sa amin ng isang sulat na nagsasabing hindi kayo sumasang-ayon sa bayarin dahil kayo ay nasa OHP sa panahon ng serbisyo. Magtabi ng kopya ng sulat para sa inyong mga rekord.
4. Mag-follow up para makatiyak na binayaran namin ang bayarin.
5. Kung makatanggap kayo ng mga papeles ng korte na may kaugnayan sa bayarin, tumawag kaagad sa amin. Maaari din kayong tumawag sa isang abogado o sa Hotline ng Pamublikong Benepisyo sa 1-800-520-5292 para sa legal na payo at tulong. May mga batas sa konsyumer na maaaring makatulong sa inyo kapag kayo ay sinisingil nang may pagkakamali habang nasa OHP.

Kung makatanggap kayo ng isang bayarin para sa mga serbisyo sa pangangalaga ng kalusugan at hindi sigurado kung dapat kayong magbayad, tumawag kaagad sa mga Serbisyo sa Miyembro sa **1-877-600-5472** o TTY sa 711.

Kung minsan, hindi ginagawa nang tama ng inyong provider ang mga papeles at hindi mababayaran dahil doon. Hindi iyon nangangahulugan na kailangan ninyong magbayad. Kung natanggap na ninyo ang serbisyo at

tinanggihan naming magbayad sa inyong provider, hindi pa rin kayo masingil ng inyong provider. Maaari kayong makatanggap ng abiso mula sa amin na nagsasabing hindi namin babayaran ang serbisyo. Hindi nangangahulugan ang abisong iyon na kailangan ninyong magbayad. Dapat burahin ng provider ang mga pagsingil. Kung sinabi namin o ng inyong provider sa inyo na hindi saklaw ng OHP ang serbisyo, may karapatan pa rin kayong hamunin ang desisyon sa pamamagitan ng paghingi ng isang apela at pagdinig.

## Responsibilidad para sa mga pagsingil

Hindi dapat magbayad ang mga miyembro ng Trillium para sa mga serbisyo sa pangangalaga ng kalusugan. Walang nakakontratang provider o ahente, katiwala o tagapangasiwa ng nakakontratang provider ang maaaring:

- sumingil sa isang miyembro
- magpadala ng bayarin ng miyembro sa isang ahensya ng koleksyon
- magpanatili ng sibil na aksyon laban sa isang miyembro para kolektahin ang anumang halaga na pagkakautang ng Trillium na kung saan hindi mananagot ang miyembro sa nakakontratang provider

Kung makatanggap kayo ng bayarin, tumawag sa Serbisyo sa Miyembro

**Hindi magbabayad ang mga miyembro ng OHP para sa mga saklaw na serbisyo.** Maaari lang magpadala sa inyo ng bayarin ang inyong provider ng pangangalaga ng kalusugan kung totoo ang lahat ng sumusunod:

- **Ang medikal na serbisyo ay isang bagay na hindi sinasaklaw ng inyong plano sa OHP;**
- Bago ninyo matanggap ang serbisyo, pumirma kayo ng valid na Kasunduan na Magbayad, OHP form number 3165 - OHP Kasunduan ng Kliyente na Magbayad para sa mga Serbisyong Pangkalusugan (tinatawag ding waiver);
- Ipinakita ng form ang tinatayang halaga ng serbisyo;
- Sinabi ng form na hindi sinasaklaw ng OHP ang serbisyo; at,
- Sinabi ng form na sumasang-ayon kayong bayaran mismo ang bayarin.
- **Ang serbisyo ng parmasya ay isang bagay na hindi sinasaklaw ng inyong plano sa OHP;**

- Bago ninyo tanggapin ang gamot, hihingin sa inyo na pumirma sa valid na Kasunduan na Magbayad, OHP form number 3166 - OHP Kasunduan ng Kliyente na Magbayad para sa mga Serbisyo ng Parmasya (tinatawag ding waiver);
- Ipapakita ng form ang halaga ng gamot;
- Sasabihin ng form na hindi sinasaklaw ng OHP ang serbisyo; at, Sasabihin ng form na sumasang-ayon kayong bayaran mismo ang bayarin.

## Kailan ko dapat bayaran ang mga serbisyo sa pangangalaga ng kalusugan na nasa OHP?

- Maaaring kailangan ninyong magbayad para sa mga serbisyo na saklaw ng OHP kung nagpatingin kayo sa isang provider na hindi kinuha ang OHP o hindi bahagi ng aming network ng provider. Bago kayo kumuha ng medikal na pangangalaga o pumunta sa isang parmasya, siguraduhin na sila ay nasa aming network ng provider.
- Kakailanganin ninyong magbayad para sa mga serbisyo kung hindi kayo kuwalipikado para sa OHP kapag natanggap ninyo ang serbisyo.
- Kayo, o ang isang kinatawan na responsable sa pananalapi, ay kailangang magbayad para sa mga serbisyo na hindi saklaw ng OHP:
  - Kung pumirma kayo sa isang detalyadong kasunduan na magbayad para sa serbisyo bago ninyo ito tanggapin.
  - Naglalaman ang kasunduan ng listahan ng lahat ng serbisyo at kung magkano ang halaga ng mga ito.
  - Kasama rito ang mga serbisyong tinanggihan sa ilalim ng paunang pahintulot.
- Valid lamang ang Kasunduan na Magbayad kung nakaiskedyul ang serbisyo sa loob ng 30 araw ng pirma ninyo o ng inyong kinatawan.
- Ang pagsingil sa balanse, na isang gawain ng pagsingil sa pagkakaiba sa pagitan ng halaga na sinisingil ng provider at sa halaga na binabayaran ng inyong insurance, ay hindi ilalapat anumang oras.

**Nasa ospital ako at binayaran iyon ng aking plano, ngunit ngayon tumatanggap ako ng mga bayarin mula sa iba pang provider. Ano ang maaari kong gawin?**



Kapag pumunta kayo sa ospital o sa emergency room, maaari kayong gamutin ng isang provider na hindi nagtatrabaho sa ospital. Halimbawa, ang mga doktor sa emergency room ay maaaring may sarili nilang pagsasanay at nagbibigay ng mga serbisyo sa emergency room. Maaari silang magpadala ng hiwalay na bayarin. Kung naopera kayo sa ospital, magkakaroon ng hiwalay na bayarin para sa ospital, ang siruhano, at maaaring maging ang laboratoryo, ang radiologist, at ang anesthesiologist. Dahil

lamang binayaran ng Trillium ang bayarin sa ospital ay hindi nangangahulugan na binayaran ng Trillium ang iba pang provider. Huwag balewalain ang mga bayarin mula sa mga taong gumamot sa inyo sa ospital. Kung makatanggap kayo ng iba pang bayarin, tumawag sa bawat provider at hilingin sa kanila na singilin ang Trillium. Dapat ninyong sundin ang hakbang 1-5 sa seksyon na "Ano ang dapat kong gawin kung makatanggap ako ng bayarin?".

# PAANO KO IBABAHAGI ANG AKING MGA DESISYON SA PAGTATAPOS NG BUHAY?

## Mga desisyon sa pagtatapos ng buhay at mga Paunang Direktiba (mga Living Will)

Ang Paunang Direktiba ay isang legal na form na nagpapahintulot sa inyo na:

1. Ibahagi ang inyong mga pinahalagahan, paniniwala, hangarin at kagustuhan para sa pangangalaga ng kalusugan kung hindi na ninyo mismo maipahayag ang mga ito.
2. Pangalanan ang isang tao para gumawa ng mga desisyon sa inyong pangangalaga ng kalusugan kung hindi ninyo mismo magawa ang mga ito. Tinatawag ang taong ito na inyong kinatawan sa pangangalaga ng kalusugan at dapat silang sumang-ayon na kumilos sa tungkuling ito.

Maaaring hindi sundin ng ilang provider ang mga Paunang Direktiba. Itanong sa inyong mga provider kung susundin nila ang sa inyo. Ang mga adulto na 18 taong gulang at mas matanda ay makagagawa ng mga desisyon tungkol sa sarili nilang pangangalaga, kasama ang pagtanggì sa paggamot. Maaaring mangyari na balang araw magkasakit kayo o mapinsala na hindi ninyo masabi sa inyong mga provider kung gusto ninyo o hindi ang partikular na paggamot. Kung mayroon kayong nakasulat na Paunang Direktiba, tinatawag ding Living Will, masusunod ng inyong mga provider ang inyong mga tagubilin. Kung wala kayong Paunang Direktiba, maaaring itanong ng inyong mga provider sa inyong pamilya kung ano ang gagawin. Kung hindi makapagdesisyon o ayaw magdesisyon ng inyong pamilya, bibigyan kayo ng inyong

mga provider ng karaniwang medikal na paggamot para sa inyong kondisyon.

Kung ayaw ninyo ng mga partikular na uri ng paggamot gaya ng makina sa paghinga o tubo sa pagpapakain, maaari ninyong isulat iyon sa isang Paunang Direktiba. Nagbibigay-daan ito sa inyo na magpasya sa inyong pangangalaga bago ninyo kailanganin ang naturang uri ng pangangalaga - kung sakaling hindi ninyo magawang iutos ito mismo, gaya ng kung kayo ay nasa coma. Kung gising kayo at alerto, palaging makikinig ang inyong mga provider sa kung ano ang gusto ninyo.

Maaari kayong makakuha ng form ng Paunang Direktiba sa karamihang ospital at mula sa maraming provider. Makikita rin ninyo ang isa online sa <https://www.oregon.gov/oha/PH/ABOUT/Pages/AdvanceDirectiveAdoptionCommittee.aspx>

Kung sumulat kayo ng isang Paunang Direktiba, siguraduhin na makipag-usap kayo sa inyong mga provider at sa inyong pamilya tungkol dito at bigyan sila ng mga kopya. Masusunod lang nila ang inyong mga tagubilin kung mayroon sila ng mga ito. Kung magbago ang inyong isip, maaari ninyong kanselahin ang inyong Paunang Direktiba anumang oras. Para kanselahin ang inyong Paunang Direktiba, hingin na ibalik ang mga kopya at punitin ang mga ito, o isulat ang KINANSELA sa malalaking titik, pirmahan, at lagyan ng petsa ang mga ito. Para sa mga tanong o karagdagang impormasyon tumawag sa Oregon Health Decisions sa 1-503-692-0894, toll-free sa 1-800-422-4805, o TTY sa 711.

Hindi gumagawa ang Trillium ng mga desisyon sa saklaw batay sa mga moral o relihiyosong paniniwala. Maaaring may kahilingan kayo na hindi masusunod ng partikular na doktor o ospital dahil sa kanilang moral o relihiyosong paniniwala.

Kung mangyari iyon, dapat sabihin sa inyo ng doktor o ospital na inyo upang magpasya kayo kung gusto ninyo ng ibang doktor o ospital ang mangalaga sa inyo.

Kung sa palagay ninyo na hindi sinunod ng Trillium ang mga kinakailangan sa paunang direktiba (ibig sabihin kung ano ang dapat ipaalam ng isang plano sa mga miyembro tungkol sa konteksto ng Paunang Direktiba), maaari kayong mag-sampa ng reklamo sa OHA

<https://www.oregon.gov/oha/ph/providerpartnerresources/healthcareprovidersfacilities/healthcarehealthcareregulationqualityimprovement/pages/complaint.aspx>

OHA: 1-800-699-9075

### **MAIPADADALA RIN NINYO ANG INYONG REKLAMO SA:**

Health Care Regulation and Quality Improvement

800 NE Oregon St, #465, Portland, OR 97232

Email: [Mailbox.hclcr@state.or.us](mailto:Mailbox.hclcr@state.or.us)

Fax: 971-673-0556

Telepono: 971-673-0540; TTY: 711

Maaari din kayong magsampa ng reklamo sa Trillium.

Maaari kayong tumawag sa mga Serbisyo sa Miyembro sa 1-877-600-5472, TTY: 711 o magpadala ng sulat sa amin sa aming address sa: 555 International Way, Building B, Springfield, Oregon 97477.

## **Pagpapahayag para sa paggamot ng kalusugan ng isip**

May form ang Oregon sa pagsulat ng inyong mga kagustuhan para sa pangangalaga ng kalusugan ng isip kung mayroon kayong krisis sa kalusugan ng isip, o kung para sa ilang kadahilanan hindi kayo makagagawa ng desisyon tungkol sa inyong paggamot sa kalusugan ng isip. Tinatawag ang form na Pagpapahayag para sa Paggamot ng Kalusugan ng Isip. Maaari ninyong tapusin ito habang kaya pa ninyong magdesisyon tungkol sa inyong pangangalaga. Sinasabi ng Pagpapahayag para sa Paggamot ng Kalusugan ng Isip kung anong uri ng pangangalaga ang gusto ninyo kung sakaling hindi na ninyo kayang sabihin ang inyong mga kagustuhan.

Tanging isang korte at dalawang doktor ang makakapagpasya kung hindi na ninyo kayang magdesisyon tungkol sa inyong paggamot sa kalusugan ng isip.

Pinapayagan kayo ng form na ito na pumili ng mga uri ng pangangalaga na gusto ninyo at hindi. Maaari itong gamitin upang pangalanan ang isang adulto para magdesisyon tungkol sa pangangalaga sa inyo. Dapat sumang-ayon ang taong papangalanan ninyo na magsalita para sa inyo at sundin ang inyong mga kagustuhan. Kung hindi nakasulat ang inyong mga kagustuhan, magpapasya ang taong ito kung ano ang gusto ninyo.

May bisa lang ang form ng pagpapahayag sa loob ng tatlong (3) taon. Kung hindi kayo nakapagdesisyon sa loob ng tatlong (3) taong iyon, mananatiling may bisa ang inyong pahayag hanggang makapagdesisyon kayong muli. Maaari ninyong baguhin o kanselahin ang inyong pahayag kapag kaya ninyong pumili tungkol sa pangangalaga sa inyo. Dapat ninyong ibigay ang inyong form sa inyong Doktor ng Pangunahing Pangangalaga at sa taong pinangalanan ninyo para magdesisyon para sa inyo.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa Pagpapahayag para sa Paggamot ng Kalusugan ng Isip, pumunta sa website ng Estado ng Oregon sa:

<http://cms.oregon.gov/oha/amh/forms/declaration.pdf>.

Kung hindi sinunod ng inyong provider ang inyong mga kagustuhan sa inyong Pagpapahayag para sa Paggamot ng Kalusugan ng Isip, maaari kayong magreklamo. Ang form para dito ay nasa <https://www.oregon.gov/oha/PH/PROVIDERPARTNERRESOURCES/HEALTHCAREPROVIDERSFACILITIES/HEALTHCAREHEALTHCAREREGULATIONQUALITYIMPROVEMENT/Pages/complaint.aspx>

### **IPADALA ANG INYONG REKLAMO SA:**

Health Care Regulation and Quality Improvement

800 NE Oregon St, #465

Portland, OR 97232

Email: [Mailbox.hcls@state.or.us](mailto:Mailbox.hcls@state.or.us)

Fax: 971-673-0556

Telepono: 971-673-0540; TTY: 711

# **PRIBADO BA ANG AKING PERSONAL NA IMPORMASYON?**

## **Pribado ang inyong mga rekord**

Pribado ang lahat ng impormasyon ng pasyente. Kasama rito ang anuman na nasa inyong medikal na rekord at anumang ibinigay ninyo sa amin, sa inyong doktor,

o sa kanilang tauhan sa klinika. Hindi namin ibinabahagi ang impormasyong ito nang wala ang inyong pag-apruba maliban sa isang emergency, o kapag pinahintulutan ng mga regulasyon ng estado o pederal.

Sa isang emergency, ibinabahagi lang ang impormasyong kailangan upang makatulong sa inyo. Maaaring suriin ng mga tauhan ng estado o pederal ang inyong mga rekord upang makita kung ibinigay namin sa inyo ang pinakamahusay na pangangalaga na magagawa namin. Maaaring hilingin ng inyong doktor o klinika na pirmahan ninyo ang isang paglalabas ng impormasyon sa inyong unang pagbisita o kinalaunan. Sasabihin ng form kung anong impormasyon ang ibabahagi, sino ang tatanggap ng impormasyon, at bakit nila kailangan ito. Mayroon ding petsa ang form na ipinapakita kung kailan ihihinto ang pagbabahagi.

Ibinabahagi lang namin ang inyong mga rekord para sa mga kadahilanan ng paggamot, operasyon, at pagbabayad. Maaari ninyong limitahan kung sino ang makakakita ng inyong mga rekord. Kung mayroong isang tao na hindi ninyo gustong makakita ng inyong mga rekord, pakisabi sa amin sa pagsulat. Maaari ninyong hilingin sa amin ang isang listahan ng lahat ng tao na kung kanino ay ibinahagi namin ang inyong mga rekord.

Pinoprotektahan ng isang batas na tinatawag na Batas ng Pagiging Naililipat at Pananagutan sa Insurance sa Kalusugan (HIPAA) ang inyong mga medikal na rekord at pinananatiling pribado ang mga ito. Tinatawag din itong pagiging kumpidensyal. Mayroon kaming papel na tinatawag na Mga Kasanayan sa Pagkapribado na ipinapaliwanag nang detalyado kung paano namin gagamitin ang personal na impormasyon ng aming miyembro. Ipadadala namin ito sa inyo kung hihilingin ninyo. Tumawag lang sa mga Serbisyo sa Miyembro at hingin ang aming Abiso ng mga Kasanayan sa Pagkapribado.

## **Paano ko susuriin, itatama, o lilimitahan ang pagbabahagi ng aking Protektadong Impormasyon ng Kalusugan (PHI)?**

### **MAAARI KAYONG MAKIPAG-UGNAYAN SA TRILLIUM UPANG:**

- Hingin na tingnan o kopyahin ang inyong mga rekord.
- Hingin na limitahan kung paano ginagamit o ibinabahagi ang impormasyon tungkol sa inyo.
- Hingin na kanselahin ang inyong pahintulot.
- Hingin na itama o baguhin ang inyong mga rekord.

- Humingi ng isang listahan ng mga pagkakataon na ibinahagi ng Trillium ang impormasyon tungkol sa inyo.

Maaari kayong magkaroon ng kopya ng inyong mga medikal na rekord. Mayroon ang inyong provider ng karamihan sa inyong mga medikal na rekord, kaya maaari kayong makahingi ng kopya mula sa kanila. Maaari silang maningil ng makatwirang bayad para sa mga kopya. Maaari kayong humingi ng kopya ng mga rekord na mayroon kami. Maaari kaming maningil sa inyo ng makatwirang bayad para sa mga kopya.

Maaari kayong magkaroon ng kopya ng inyong mga rekord ng kalusugan ng isip maliban kung sa palagay ng inyong provider na maaari itong magdulot ng malulubhang problema.

Maaaring tanggihan ng Trillium ang inyong kahilingan na tingnan, kopyahin, o baguhin ang inyong mga rekord kung sinasabi ng inyong provider na hindi ninyo dapat makita ang mga ito. Kung tinanggihan ang inyong kahilingan, makatatanggap kayo ng sulat na nagsasabi sa inyo kung bakit tinanggihan ang kahilingan at kung paano kayo makakahingi ng pagsusuri ng pagtanggì.

Tatanggap din kayo ng impormasyon tungkol sa kung paano magsampa ng reklamo sa Trillium o sa Opisina ng mga Karapatang Sibil ng Kagawaran ng Kalusugan at mga Serbisyon Pantao ng U.S.

## **Paano ako magsasampa ng reklamo tungkol sa pagkapribado o magsusumbong ng problema sa pagkapribado?**

Maaari kayong makipag-ugnayan sa Trillium o sa Opisina ng mga Karapatang Sibil ng Kagawaran ng Kalusugan at mga Serbisyon Pantao ng U.S., kung gusto ninyong magsampa ng reklamo tungkol sa pagkapribado o magsusumbong ng problema tungkol sa kung paano ginamit o ibinahagi ng Trillium ang impormasyon tungkol sa inyo. Hindi maaapektuhan ang inyong mga benepisyo ng anumang reklamo na ginawa ninyo. Hindi makakapaghiganti ang Trillium laban sa inyo dahil sa pagsasampa ng reklamo, pakikipagtulungan sa isang imbestigasyon, o pagtanggì na sumang-ayon sa isang bagay na pinaniniwalaan ninyong labag sa batas.

**MAAARI KAYONG MAGSUMITE NG ISANG  
REKLAMO TUNGKOL SA PAGKAPRIBADO  
SA PAMAMAGITAN NG KOREO:**

Office for Civil Rights  
Department of Health and Human Services  
2201 Sixth Avenue  
Mail Stop RX-11 Seattle, WA 98121

Sa telepono: 1-206-615-2290  
Toll free: 1-800-368-1019  
TTY: 1-800-537-7697  
O, sa fax: 1-206-615-2297

# ABISO NG MGA KASANAYAN SA PAGKAPRIBADO

Dapat kolektahin ng mga tauhan ng Trillium ang impormasyon tungkol sa inyo upang magbigay ng mga serbisyo sa pangangalaga ng kalusugan. Alam naming pribado ang impormasyon na kinokolekta namin tungkol sa inyo at sa inyong kalusugan. Iniuutos sa amin na protektahan ang impormasyong ito ng batas ng pederal at estado. Tinatawag namin ang impormasyong ito na Protektadong Impormasyon ng Kalusugan (PHI).

Sinasabi sa inyo ng Abiso ng mga Kasanayan sa Pagkapribado kung paano maaaring gamitin o ibahagi ng Trillium ang impormasyon tungkol sa inyo. Hindi mailalarawan lahat ng sitwasyon. Iniuutos sa amin na bigyan kayo ng abiso ng aming mga kasanayan sa pagkapribado para sa impormasyong kinokolekta at iniingatan namin tungkol sa inyo. Iniuutos sa amin na sundin ang mga tuntunin ng abiso na kasalukuyang umiiral.

Sa hinaharap, maaaring baguhin ng Trillium ang kanilang Abiso ng mga Kasanayan sa Pagkapribado. Ilalapat ang anumang pagbabago sa impormasyong mayroon na ang Trillium, pati na rin ang impormasyong matatanggap ng Trillium sa hinaharap. Ipapaskil sa Trillium ang kopya ng bagong abiso ayon sa kinakailangan ng batas.

Maaari kayong humingi ng kopya ng kasalukuyang Abiso o mga Kasanayan sa Pagkapribado anumang oras na bumisita kayo o makipag-ugnayan sa Trillium. Maaari din ninyong makuha ito online sa <http://www.trilliumohp.com>.

**Paano maaaring gamitin at ibahagi ng Trillium ang impormasyon nang wala ang inyong pahintulot para sa paggamot**

Maaari naming gamitin o ibahagi ang impormasyon sa mga provider ng pangangalaga ng kalusugan na sangkot sa pangangalaga ng inyong kalusugan. Halimbawa, maaaring ibahagi ang impormasyon upang gumawa at ipatupad ang isang plano para sa paggamot sa inyo.

**Para sa pagbabayad**

Maaari naming gamitin o ibahagi ang impormasyon upang kumuha ng kabayaran o upang bayaran ang mga serbisyo sa pangangalaga ng kalusugan na tinatanggap ninyo. Halimbawa, maaari naming ibigay ang PHI para singilin ang OHP para sa pangangalaga ng kalusugan na ibinigay sa inyo.

**Para sa mga operasyon ng pangangalaga ng kalusugan**

Maaari naming gamitin o ibahagi ang impormasyon upang pamahalaan ang aming mga programa at aktibidad. Halimbawa, maaari naming gamitin ang PHI upang suriin ang kalidad ng mga serbisyo na natatanggap ninyo.

**Para sa paggamot ng kalusugan ng isip**

Maaari naming ibahagi o ipagpalit ang ilang impormasyon sa iba pang plano ng pangangalaga na pinamamahalaan ng OHP para sa layunin ng mga aktibidad sa paggamot.

**Para sa mga aktibidad ng pampublikong kalusugan**

Ang Trillium ay isang kontratista sa OHA, ang pampublikong ahensya sa kalusugan na nagpapanatili at nag-a-update ng mahahalagang rekord, gaya ng mga pagsilang at pagkamatay, at sinusubaybayan ang ilang sakit.

**Para sa mga aktibidad ng pangangasiwa ng kalusugan**

Maaaring gamitin o ibahagi ng Trillium ang impormasyon upang siyasatin o imbestigahan ang mga provider ng pangangalaga ng kalusugan.

**Ayon sa hinihingi ng batas at para sa pagpapatupad ng batas.**

Gagamitin at ibabahagi ng Trillium ang impormasyon kapag kinakailangan o pinahihintulutan ng batas ng pederal o estado, o ayon sa utos ng korte.

**Para sa mga sumbong ng pang-aabuso at mga imbestigasyon**

Iniuutos ng batas sa Trillium na tumanggap at imbestigahan ang mga sumbong ng pang-aabuso.



## **Para sa mga programa ng pamahalaan**

Maaaring gamitin at ibahagi ng Trillium ang impormasyon para sa kapakinabangan ng publiko sa ilalim ng iba pang programa ng pamahalaan. Halimbawa, maaaring ibahagi ng Trillium ang impormasyon para sa pagpapasya ng mga benepisyo ng Supplemental Security Income (SSI).

## **Upang maiwasan ang pinsala**

Maaaring ibahagi ng Trillium ang PHI sa pagpapatupad ng batas upang maiwasan ang malubhang banta sa kalusugan at kaligtasan ng isang tao o ng publiko.

## **Para sa pananaliksik**

Maaaring gamitin ng Trillium ang impormasyon para sa mga pag-aaral at upang gumawa ng mga ulat. Hindi tinutukoy ng mga ulat na ito ang mga partikular na tao.

## **Mga pagsisiwalat sa pamilya, kaibigan, at iba pang tao na sangkot sa inyong medikal na pangangalaga**

Maaaring ibahagi ng Trillium ang impormasyon sa inyong pamilya o sa iba pang tao na sangkot sa inyong medikal na pangangalaga. Mayroon kayong karapatan na tutulan ang pagbabahagi ng impormasyong ito.

## **Kailangan ang inyong nakasulat na pahintulot ng iba pang paggamit at pagsisiwalat**

Para sa iba pang sitwasyon, hihingin ng Trillium ang inyong nakasulat na pahintulot bago gamitin o isiwalat ang impormasyon. Maaari ninyong kanselahin ang pahintulot na ito anumang oras sa pagsulat. Hindi na mababawi ng Trillium OHP ang anumang paggamit o pagsisiwalat na nagawa na nang may pahintulot ninyo.

## **Pinoprotektahan ng iba pang batas ang PHI**

Maraming programa ng Trillium ay may iba pang bataw para sa paggamit at pagsisiwalat ng impormasyon tungkol sa inyo. Halimbawa, dapat ninyong ibigay ang inyong nakasulat na pahintulot para magamit at maibahagi ng Trillium ang inyong mga rekord ng paggamot sa pagdepende sa kemikal.

## **Ano-ano ang aking mga karapatang sa pagkapribado ng PHI?**

Mayroon kayo ng mga sumusunod na karapatan tungkol sa impormasyon ng kalusugan na pinananatili ng Trillium tungkol sa inyo.

Karapatan na makita at makakuha ng mga kopya ng inyong mga medikal na rekord. Sa karamihang kaso, may karapatan kayo na tingnan o kumuha ng mga kopya ng inyong mga medikal na rekord. Dapat kayong humiling sa pagsulat. Maaari kayong singilin ng bayad para sa gastos ng pagkopya ng inyong mga rekord. Kung gusto ninyong kumuha ng mga kopya ng inyong mga rekord, tumawag sa Trillium.

## **Karapatan na humiling ng pagtatama o i-update ang inyong mga rekord**

Maaari ninyong hilingin sa Trillium na baguhin o magdagdag ng nawawalang impormasyon sa inyong mga rekord kung sa palagay ninyo ay mayroong pagkakamali. Dapat kayong humiling sa pagsulat, at magbigay ng dahilan para sa inyong kahilingan.

## **Karapatan na kumuha ng listahan ng mga pagsisiwalat**

Mayroon kayong karapatan na humingi sa Trillium ng listahan ng mga taong binigyan nila ng inyong mga rekord sa loob ng nakalipas na anim na taon. Dapat kayong humiling sa pagsulat. Hindi isasama sa listahang ito ang dami ng beses na ibinahagi ang impormasyon para sa paggamot, pagbabayad, o mga operasyon ng pangangalaga ng kalusugan. Hindi isasama sa listahan ang impormasyon na ibinigay nang direkta sa inyo o sa inyong pamilya, o impormasyong ipinadala na may pahintulot ninyo.

## **Karapatang humiling ng mga limitasyon sa mga paggamit at pagsisiwalat ng PHI**

May karapatan kayo na humingi sa amin na limitahan kung paano ginagamit o ibinabahagi ang PHI tungkol sa inyo. Dapat kayong humiling sa pagsulat at sabihin sa Trillium kung anong impormasyon ang gusto ninyong limitahan at kung kanino gusto ninyong ilapat ang limitasyon. Maaari ninyong hilingin na ihinto ang (mga) paghihigpit sa pagsulat o berbal.

## **Karapatang bawiin ang pahintulot**

Kung hiningi ninyo na pumirma ng isang pahintulot na gamitin o ibahagi ang impormasyon, maaari ninyong kanselahin ang pahintulot na iyon anumang oras. Dapat kayong humiling sa pagsulat. Hindi nito maaapektuhan ang impormasyong naibahagi na.

## **Karapatang pumili kung paano kami makikipag-ugnayan sa inyo**

May karapatan kayo na hingin na ibahagi ng Trillium ang impormasyon sa inyo sa partikular na paraan o sa isang partikular na lugar. Halimbawa, maaari ninyong hingin sa Trillium na ipadala ang impormasyon sa inyong address ng trabaho sa halip na sa inyong address ng bahay. Dapat ninyong hilingin ito sa pagsulat. Hindi ninyo kailangang ipaliwanag ang basehan para sa inyong kahilingan.

## **Karapatan na magsampa ng reklamo**

May karapatan kayong magsampa ng reklamo kung hindi kayo sumasang-ayon sa kung paano ginamit o ibinahagi ng Trillium ang impormasyon tungkol sa inyo.

## **Karapatan ng kumuha ng papel na kopya ng abisong ito**

May karapatan kayong humingi ng papel na kopya ng inyong karapatan anumang oras.



# PAANO KO ISUSUMBONG ANG PINAGHIHINALAANG PANDARAYA, PAGSASAYANG, O PANG-AABUSO?

Nakatuon kami na pigilin ang Pandaraya, Pagsasayang, at Pang-aabuso sa pamamagitan ng pagsunod sa lahat ng Umiiral na Batas, kasama, nang walang limitasyon sa Batas ng Maling mga Claim ng Estado at ang Batas ng Maling mga Claim ng pederal.

## **KASAMA SA MGA HALIMBAWA NG PANDARAYA NG PROVIDER ANG:**

- Mga provider na sumisingil para sa mga serbisyong hindi nangyari o paniningil sa mga item na hindi ibinigay sa miyembro

## **KASAMA SA MGA HALIMBAWA NG PAGSASAYANG NG PROVIDER ANG:**

- Mga provider na nag-o-order ng mga pagsusuring diagnostic na hindi kinakailangan
- Pagrereseta ng mas maraming gamot kaysa kinakailangan para sa paggamot ng partikular na kondisyon

## **KASAMA SA MGA HALIMBAWA NG PANG-AABUSO NG PROVIDER ANG:**

- Mga parmasya na sumisingil nang hindi namamalayan para sa mga branded na gamot kapag mga generic na gamot ang ibinibigay
- Mga provider na sumisingil nang hindi namamalayan para sa mga hindi kinakailangang medikal na serbisyo

## **KASAMA SA MGA HALIMBAWA NG PANDARAYA NG MIYEMBRO ANG:**

- Isang tao bukod sa miyembro na gumagamit ng ID card ng miyembro upang makatanggap ng mga serbisyo o medikal na item

## **KASAMA SA MGA HALIMBAWA NG PAGSASAYANG NG MIYEMBRO ANG:**

- Hind pagkuha ng mga inireresetang gamot sa Parmasya

## **KASAMA SA MGA HALIMBAWA NG PANG-AABUSO NG MIYEMBRO ANG:**

- Pagkuha ng mga hindi kinakailangang medikal na serbisyo

# PAGKONEKTA SA INYONG PANGANGALAGA NG KALUSUGAN

Bilang miyembro, may karapatan kayo na isumbong ang Pandaraya, Pagsasayang at Pang-aabuso nang hindi nakikilala at maging protektado sa ilalim ng umiiral na mga batas sa Whistleblower. Magpapadala ang Trillium ng mga ulat ng pinaghihinalaang pandaraya, pagsasayang, o pang-aabuso sa naaangkop na mga ahensya. Magagamit ang hotline ng telepono para sa pagsasabi sa amin tungkol sa pandaraya o pang-aabuso.

Kung sa palagay ninyo ay nangyari ang mga pagkakamali, pandaraya, pagsasayang, o pang-aabuso, isumbong ito sa lalong madaling panahon na magagawa ninyo! Ang pagsasabi sa amin ay makatutulong na pigilin ang iba pang

miyembro na maging mga biktima. Makatutulong din ang pagsasabi sa amin na iligtas ang inyong mga benepisyo sa pangangalaga ng kalusugan. Kung nagdududa kayo tungkol sa impormasyon tungkol sa inyong Pagpapaliwanag ng mga Benepisyo o naniniwala na maaaring may mga pagkakamali, pandaraya, pagsasayang, o pang-aabuso, mangyaring makipag-ugnayan sa amin.

### **Sa telepono**

Hotline ng Kumpidensyal na Pandaraya, Pagsasayang, at Pang-aabuso, Toll-free 1-866-685-8664

### **Mga Serbisyo sa Miyembro**

Toll-free 1-877-600-5472 TTY 711

## **Personal**

13221 SW 68th Pkwy #200, Tigard, OR 97223

## **Sa Koreo**

Trillium Community Health Plan, P.O. Box 11740 Eugene, Oregon 97440-3940

# **Maaari din ninyong isumbong ang pinaniniwalaan ninyong pandaraya, pagsasayang, at pang-aabuso sa:**

## **Office of the Inspector General**

Toll-free 1-800-HHS-TIPS o 1-800-447-8477, TTY 1-800-377-4950

# **Saan Magsusumbong ng isang Kaso ng Pandaraya o Pang-aabuso ng isang Provider**

## **Medicaid Fraud Control Unit (MFCU) Oregon Department of Justice**

100 SW Market Street, Portland, OR 97201

Telepono: 971-673-1880, Fax: 971-673-1890

## **OHA Program Integrity Audit Unit (PIAU)**

3406 Cherry Ave. NE, Salem, O 97303-4924

Fax: 503-378-2577, Hotline: 1-888-FRAUD01 (888-372-8301)

Website: <https://www.oregon.gov/oha/FOD/PIAU/Pages/Index.aspx>

# **Saan Magsusumbong ng isang Kaso ng Pandaraya o Pang-aabuso ng isang Miyembro**

## **DHS/OHA Fraud Investigation**

PO Box 14150, Salem, O 97309

Hotline: 1-888-FRAUD01 (888-372-8301), Fax: 503-373-1525 Attn: Hotline

Website: <https://www.oregon.gov/dhs/ABUSE/Pages/fraud-reporting.aspx>

# **Ombudsperson**

Ang Ombudsperson ay isa pampublikong opisyal na kumikilos bilang isang walang kinikilingan na tagapamagitan sa pagitan ng mga tao at mga ahensya.

## **Ang ombudsperson sa Oregon ay nasa:**

500 Summer St NE Salem, Oregon 97301

Fax 503-947-2341

Maaari kayong humingi ng tulong sa OHA Ombudsperson sa pamamagitan ng pagtawag nang toll-free sa 1-877-642-0450 (TTY 711).

## **MGA BAGONG OPSYON PARA SA PAMAMAHALA NG INYONG DIGITAL NA MGA REKORD NG KALUSUGAN**

Noong Hulyo 1, 2021, isang bagong patakaran ng pederal na pinangalanang Patakaran sa Kakayahang Mapagsabay at Access ng Pasyente (CMS 915 F) ang nagpadali para sa mga miyembro na kumuha ng kanilang mga rekord ng kalusugan kapag labis nila itong kinakailangan. Mayroon na kayo ngayong ganap na access sa inyong mga rekord ng kalusugan sa inyong mobile device na nagpapahintulot sa inyo na pamahalaan nang mas mabuti ang inyong kalusugan at malaman kung ano-anong mapagkukunan ang magagamit ninyo.

**Isipin:**

- Pumunta kayo sa isang bagong doktor dahil hindi maganda ang inyong pakiramdam at kayang kuhanin ng doktor ang kasaysayan ng inyong kalusugan mula sa nakalipas na limang taon.
- Gumagamit kayo ng up-to-date na direktoryo ng provider upang humanap ng provider o espesyalista.
- Magagamit ng provider o espesyalistang iyon ang inyong kasaysayan ng kalusugan upang i-diagnose kayo at siguraduhin na nakukuha ninyo ang pinakamahasag na pangangalaga.
- Pumunta kayo sa inyong computer upang makita kung binayaran, tinanggihan o pinoproseso pa ang isang claim.
- Kung gusto ninyo, dadalhin ninyo ang kasaysayan ng inyong kalusugan habang nagpapalit kayo ng mga planong pangkalusugan.\*

*\*Sa 2022, maaaring simulan ng mga miyembro na hilingin na ang kanilang mga rekord ng kalusugan ay madala nila habang nagpapalit sila ng mga planong pangkalusugan.*

**GINAGAWANG MADALI NG BAGONG PATAKARAN NA HUMANAP NG IMPORMASYON\*\* TUNGKOL SA:**

- mga claim (binayaran at tinanggihan)
- mga partikular na bahagi ng inyong klinikal na impormasyon
- saklaw ng parmasya sa gamot
- mga provider ng pangangalaga ng kalusugan

*\*\*Makakakuha kayo ng impormasyon para sa mga petsa ng serbisyo sa o pagkatapos ng Enero 1, 2016.*

Para sa karagdagang impormasyon, bisitahin ang inyong online na account ng miyembro.

# MGA SALITANG DAPAT MALAMAN

---

**Aksyon:** (1) Ang pagtanggì o limitadong pahintulot ng isang hiniling na serbisyo, kasama ang uri o antas ng serbisyo; (2) Ang pagbabawas, pagsuspendi, o pagtatapos ng dating pinahintulatang serbisyo; (3) Ang pagtanggì, sa kabuuan o bahagi, ng pagbabayad para sa isang serbisyo; (4) Ang kabiguan na magbigay ng mga serbisyo nang napapanahon, ayon sa tinukoy ng estado; (5) Ang kabiguan ng CCO na kumilos sa loob ng mga takdang oras na ibinibigay sa 438.408(b); o, (6) Para sa isang residente ng isang rural na lugar na may isa lang CCO, ang pagtanggì sa kahilingan ng isang nagpatala sa Oregon Health Plan na gamitin ang kanyang karapatan, sa ilalim ng 438.52(b)(ii), upang kumuha ng mga serbisyo sa labas ng network.

## **Pangangalagang Saykayatriko sa Malubhang**

**Inpatient:** Pangangalaga na tinatanggap ninyo sa isang ospital. Dapat aprubahan ang uring ito ng pangangalaga.

**Paunang Direktiba:** Ang dokumento na nagbibigay-daan sa inyo na ilarawan ang inyong mga kagustuhan kaugnay ng medikal na paggamot sa dulo ng buhay.

**Apela:** Kapag humingi kayo sa plano na baguhin ang isang desisyon na hindi kayo sumasang-ayon tungkol sa isang serbisyo na iniutos ng inyong doktor. Maaari kayong sumulat o sagutin ang isang form na nagpapaliwanag kung bakit dapat baguhin ng plano ang desisyon nito. Tinatawag itong pagsasampa ng isang apela.

**Appointment:** Isang pagbisita sa isang provider ng serbisyo.

**Kalusugan ng Pag-uugali:** Isinasama ang kalusugan ng isip at paggamot sa karamdaman dulot ng paggamit ng substansya

**Plano ng Pangangalaga:** isang plano para sa mga miyembro na nasan Pamamahala ng Pangangalaga, Koordinasyon ng Pangangalaga, o mga Serbisyong Koordinasyon ng Masinsinang Pangangalaga. Tumutulong ang plano ng pangangalaga na suportahan ang pangangalaga sa buong pagkatao. Binabalangkas nito ang mga suporta, resulta, aktibidad, at mapagkukunan na kinakailangan upang makamit ang mga personal na layunin, kalusugan, at kaligtasan ng miyembro. Ang plano ay nakikipagtulungan, pinagsama-sama, at nakapokus sa interdisciplinary. Maaari nitong tingnan ang medikal, panlipunan, pangkultura, pag-unlad, pag-uugali,

edukasyonal, ispirituwal, at pinansyal na mga pangangailang upang makamit ang mga resultang mahusay na kalusugan at kagalingan

**Pamamahala ng Kaso:** Mga serbisyo upang tulungan kayo na makatanggap ng mabisang pangangalaga mula sa iba pang ahensya.

**CHOICE Program:** Sinusuportahan ng CHOICE program ang mga adulto na may sakit sa isip upang mabuhay sa kapaligirang may pinakamababang paghihigpit na may pananagutan ng lokal at koordinasyon ng pangangalaga, mga pinasadyang serbisyo na nakabase sa komunidad, at mga suporta sa paglipat.

**Konsultasyon:** Payo na ibinibigay mula sa isang provider na isa pang tao na sangkot sa inyong pangangalaga.

## **Organisasyon ng Nakakoordinang Pangangalaga**

**(CCO):** Ang CCO ay isang organisasyon na nakabase sa komunidad na binubuo ng lahat ng uri ng mga provider ng pangangalaga ng kalusugan na nagsama-sama upang suportahan ang kalusugan ng mga tao, pamilya, at ng komunidad.

**Copay:** Isang halga ng pera na dapat bayaran ng isang tao mula sa sariling bulas para sa bawat serbisyong pangkalusugan. Walang copay ang mga miyembro ng Oregon Health Plan. Kung minsan, may mga copay ang pribadong insurance sa kalusugan at Medicare.

**Matibay na Kagamitang Medikal (DME):** Mga bagay na tulad ng mga wheelchair, walker, at kamang pang-ospital. Matitibay ang mga ito dahil nagtatagal ang mga ito nang mahabang panahon. Hindi nauubos ang mga ito gaya ng mga medikal na supply.

**Medikal na Kalagayan na Pang-emergency:** Isang sakit o pinsala na nangangailangan kaagad ng pangangalaga. Maaaring ito ay pagdurugo na hindi tumitigil, matinding pananakit, o nabaling mga buto. Maaari itong isang bagay na magdudulot sa ilang bahagi ng inyong katawan na tumigil sa paggana nang tama. Ang pang-emergency na kalagayan ng kalusugan ng isip ay pakiramdam na walang kontrol, o pakiramdam na sinasaktan ang inyong sarili o ang ibang tao.

**Transportasyon na Pang-emergency (mga pagsakay):**

Paggamit ng isang ambulansya o Life Flight para makakuha ng medikal na pangangalaga. Nagbibigay ng pangangalaga ang mga pang-emergency na medikal na technician (EMT) sa panahon ng pagsakay o paglipad.

**ER at ED:** Emergency room at Emergency Department, ang lugar sa isang ospital kung saan maaari kayong makatanggap ng pangangalaga para sa isang medikal na emergencyo o emergency ng kalusugan ng isip.

**Mga Serbisyong Pang-emergency:** Pangangalaga na nagpapahusay o nagpapatatag ng biglaang malubhang medikal na kondisyon o kondisyon ng kalusugan ng isip.

**Mga Hindi Kasamang Serbisyo:** Mga bagay na hindi binabayaran ng planong pangkalusugan. Karaniwang hindi kasama ang mga serbisyo upang pagandahin ang inyong itsura, gaya ng operasyon na kosmetiko, at mga bagay na gumagaling nang kusa, gaya ng sipon.

**Karaingan:** Isang reklamo tungkol sa plano, provider, o klinika. Sinasabi ng batas na dapat tumugon ang mga CCO sa bawat reklamo.

**Mga Serbisyo at Device para sa Habilidad:** Mga serbisyo sa pangangalaga ng kalusugan na tumutulong sa inyo na panatilihin, matutunan, o mapahusay ang mga kasanayan at paggana para sa pang-araw-araw na pamumuhay.

**Insurance sa Kalusugan:** Isang programa na nagbabayad para sa pangangalaga ng kalusugan. Pagkatapos ninyong mag-sign up para sa programa, binabayaran ng isang kompanya o ahensya ng pamahalaan ang mga saklaw na serbisyong pangkalusugan. Kinakailangan ng ilang programa ng insurance ang mga buwanang bayad, na tinatawag na mga premium.

**Pagsusuri ng Panganib sa Kalusugan/Screening ng Panganib sa Kalusugan:** Isang listahan ng mga tanong na tumutulong sa amin upang mas malaman namin nang mas mabuti ang inyong natatanging mga pangangailangan sa pangangalaga ng kalusugan.

**Pangangalaga ng Kalusugan sa Bahay:** Mga serbisyo na natatanggap ninyo sa bahay upang tulungan kayong mamuhay nang mas mabuti pagkatapos ng operasyon, isang sakit, o pinsala. Tulong sa mga gamot, pagkain, at pagpapaligo ang ilan sa mga serbisyong ito.

**Mga Serbisyo ng Hospisyo:** Mga serbisyo upang mapaghinawa ang isang taong naghihingalo at kanyang pamilya. Naibabagay ang hospisyo at maaaring kasama ang paggamot ng pananakit, pagpapayo, at pangangalaga sa pamamahinga.

**Pangangalaga sa Ospital na Inpatient at Outpatient:**

Ang pangangalaga sa ospital na inpatient ay kapag ipinasok sa ospital ang pasyente at namalagi nang hindi bababa sa 3 gabi. Ang pangangalaga na outpatient ay operasyon o paggamot na natatanggap ninyo sa isang ospital at umalis pagkatapos.

**Koordinasyon ng Masinsinang Pangangalaga**

**(ICC):** Mas mataas na antas ng mga serbisyong koordinasyon ng pangangalaga. Sinusuportahan ng ICC ang mga kumplikadong medikal na kondisyon at mga pangangailangan. Maaaring i-refer ng sinumang taong nangangailangan ng tulong ang kanyang sarili. Makikipag-ugnayan sa inyo ang isang tagapamahala ng kaso.

**Screening ng Unang Panganib:** Maikling form ng screening upang tulungan kaming tukuyin kung mayroong anumang bagay na matutulungan namin kayo.

**Mga Serbisyo ng Interpreter:** Mga interpreter ng wika o sign language para sa mga taong hindi nagsasalita ng parehong wika na ginagamit ng kanilang provider o para sa mga taong may kapansanan sa pandinig.

**Lisensyadong Medikal na Practitioner:** Taong kuwalipikado na magreseta ng mga gamot.

**Mga Limitadong Serbisyo:** Mga Serbisyo sa Kalusugan ng Isip na sinasaklaw nang bahagya lamang. Maaaring kailangan ninyong bayaran ang mga serbisyong ito kung alam ninyong limitado ang mga serbisyo at tinanggap pa rin ang pangangalaga. Kasama rito ang mga serbisyo na higit pa sa mga kinakailangan upang malaman kung ano ang mali.

**Medikal na Kinakailangan:** Mga serbisyo at supply na kinakailangan upang maiwasan, ma-diagnose, o magamot ang isang medikal na kondisyon o mga sintomas nito. Maaari ding ibig nitong sabihin na mga serbisyong tinatanggap ng medikal na propesyon bilang karaniwang paggamot.

**Medikal na Planong Pangkalusugan:** Isang planong pangkalusugan na nakikipagkontrata sa Awtoridad ng Kalusugan ng Oregon (OHA). Nagbibigay ang planong ito ng mga serbisyong medikal, pang-operasyon, pag-iwas sa sakit, at pagdepende sa kemikal.

**Pamamahala ng Gamot:** Ang pag-order at pag-monitor ng inyong mga gamot, ngunit hindi sinasaklaw ang gastos ng inyong mga gamot.

**Direktiba sa Kalusugan ng Isip:** Isang dokumento na naglalarawan ng paggamot na gusto ninyo kung maging baldado kayo (hindi makagawa ng maayos na mga desisyon) dahil sa sakit sa isip.



**Network:** Ang mga provider ng medikal, kalusugan ng pag-iisip, dental, pamilya, at kagamitan na kinokontra ng organisasyon ng nakakoordinang pangangalaga (CCO).

**Provider na nasa Network:** Sinumang provider na nasa network ng CCO. Kung nagpatingin ang isang miyembro sa mga provider na nasa network, binabayaran ng plan ang mga sinisingil. Hinihingi ng ilang espesyalista na nasa network sa mga miyembro na kumuha ng referral mula sa kanilang provider ng pangunahing pangangalaga (PCP).

**Provider na Hindi sa Network:** Isang provider na hindi pumirma ng kontrata sa CCO, at maaaring hindi tumanggap ng bayad ng CCO bilang buong kabayaran para sa kanilang mga serbisyo.

**Ombudsperson:** Isang taong walang kinikilingan na hindi bahagi ng planong pangkalusugan, na tumutulong sa mga miyembro na lutasin ang mga reklamo.

**Provider Na Wala Sa Network:** Isang provider na hindi pumirma ng kontrata sa CCO, at maaaring hindi tumanggap ng bayad ng CCO bilang buong kabayaran para sa kanilang mga serbisyo.

**Pisikal na Kalusugan:** Kalusugan na may kaugnayan sa inyong katawan.

Mga Serbisyo ng Doktor: Mga serbisyo na natatanggap ninyo mula sa isang doktor.

**Plano:** Isang organisasyon na medikal, dental, kalusugan ng pag-iisip, o CCO na nagbabayad para sa mga serbisyo sa pangangalaga ng kalusugan ng mga miyembro.

**Premium:** Isang halaga na babayaran para sa polisiya ng insurance.

**Paunang Pag-apruba (Paunang Pahintulot, o PA):** Isang dokumento na nagsasabing babayaran ng inyong plano ang isang serbisyo. Humihingi ang ilang plano at serbisyo ng PA bago kayo makatanggap ng serbisyo. Karaniwang inaasikaso ito ng mga doktor.

**Mga Inireresetang Gamot:** Mga gamot na sinasabi ng inyong doktor na inumin ninyo.

**Saklaw sa inireresetang Gamot:** Insurance sa kalusugan o plano na tumutulong na bayaran ang mga inireresetang gamot at paggagamot

**Provider ng Pangunahing Pangangalaga (PCP):** Tinatawag din bilang isang “PCP,” isa itong medikal na propesyonal na nangangalaga sa inyong kalusugan. Karaniwang siya ang unang tao na tinatawagan ninyo kapag mayroon kayong problema sa kalusugan o kailangan ng pangangalaga. Ang inyong PCP ay maaaring isang doktor,

nurse practitioner, katulong ng doktor, osteopath, o kung minsan isang naturopath.

**Doktor ng Pangunahing Pangangalaga:** Ang doktor ng pangunahing pangangalaga, o PCP, ay isang manggagamot/medikal na doktor na nagbibigay ng parehong unang kontak para sa isang taong may hindi na-diagnose na alalahanin sa kalusugan pati na rin ng nagpapatuloy na pangangalaga ng iba't ibang medikal na kondisyon.

**Dentista ng Pangunahing Pangangalaga:** Ang dentista na karaniwan ninyong pinupuntahan na nangangalaga ng inyong mga ngipin at gilagid.

**Provider:** Sinumang tao o ahensya na nagbibigay ng serbisyo sa pangangalaga ng kalusugan.

**Mga Serbisyonang Panrehabilitasyon:** Mga espesyal na serbisyo upang pahasayin ang lakas, paggana, o pag-uugali, karaniwang pagkatapos ng operasyon, pinsala, o pang-aabuso ng substansya.

**Pag-refer sa Sarili:** Nangangahulugan na hindi ninyo kailangan ng pahintulot mula sa inyong doktor na pangunahing gumagamot upang kumuha ng pangangalaga.

**Pangangalaga ng May Kasanayang Pagkalinga:** Tulong mula sa isang nurse sa pangangalaga ng sugat, therapy, o pag-inom ng inyong gamot. Maaari kayong makakuha ng pangangalaga ng may kasanayang pagkalinga sa isang ospital, nursing home, o sa inyong sariling tahanan na may pangangalaga sa kalusugan sa tahanan.

**Espesyalista:** Isang medikal na propesyonal na may espesyal na pagsasanay upang mangalaga sa isang partikular na bahagi ng katawan o uri ng karamdaman.

**Patas na Pagdinig ng Estado:** Isang pagdinig ng OHA sa isang pagkilos upang tanggihan, bawasan, o ihinto ang isang benepisyo. Maaaring humingi ng pagdinig ang isang Miyembro ng OHP o ang Kinatawan ng Miyembro.

**Agarang Pangangalaga:** Pangangalaga na kailangan ninyo sa parehong araw para sa malubhang pananakit, upang pigilin na lumubha ang isang pinsala o sakit, o upang maiwasan ang pagkawala ng paggana sa bahagi ng inyong katawan.

# MGA TALA

---

# MGA TALA

---

